UNITED NATIONS

A

General Assembly

Unofficial translation

Di opisyal na pagsasalin

HUMAN RIGHTS COUNCIL

PAGTAGUYOD AT PAGTANGGOL NG LAHAT NA KARAPATANG PANTAO, MGA KARAPATANG SIBIL, PAMPULITIKA, PANG-EKONOMIYA, PANLIPUNAN AT PANGKULTURA, KASAMA ANG KARAPATAN SA KAUNLARAN

Report ng Special Rapporteur sa mga pagpaslang na extrahudisyal, biglaan o walang dahilan, Philip Alston

Addendum*

MISYON SA PILIPINAS

* Tanging ang buod ng kasalukuyang ulat ay isinasaayos at pinamamahagi sa lahat ng opisyal na wika. Ang ulat mismo, nakapaloob sa *annex* ng buod, at ang mga *appendices* ay pinamamahagi ayon sa pagkatanggap nito.

Buod

Nitong nakalipas na anim na taon, maraming naganap na extrahudisyal na exekusyon ng mga aktibistang leptis. Ang mga pagpatay ay nagwaksi sa mga pinuno ng lipunang sibil, kasama ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, unyonista at tagapagtaguyod ng repormang panlupa; nagtanim ng takot sa malawak na bilang ng mga kumikilos sa lipunang sibil; at nagpakitid sa diskursong pampulitika ng bansa. Depende sa kung sino ang nagbibilang at paano, ang kabuuang bilang ng ganitong pagpaslang ay mula 100 hanggang higit sa 800. Ang stratehya ng kontra-insurhensya at mga pagbabago sa prayoridad ng sistema ng katarungang pangkriminal ay mahalaga sa pag-unawa kung bakit nagpapatuloy ang mga pagpaslang.

Pinapalagay ng marami sa Gobyerno na nagsisilbing prente ang maraming organisasyong lipunang sibil para sa Partido Komunista ng Pilipinas o Communist Party of the Philippines (CPP) at sa armadong grupo nito, ang Bagong Hukbong Bayan o New People's Army (NPA). Isang tugon ay ang mga operasyong kontra-insurhensyang nagresulta sa extrahudisyal o labas-sa-sistema-ng-hustisya na pagpaslang ng mga aktibistang leptis. Sa ilang lugar, ang mga lider ng mga organisasyong kaliwa ay sistematikong tinutugis sa pamagitan ng interogasyon at pagtortyur o labis na pagpapahirap sa mga maaring may alam sa kung nasaan sila, at kadalasan pinapatay sila pagkatapos ng isang kampanya ng panlalait sa indibidwal para magtanim ng takot sa komunidad. Nabaluktot na rin ang mga prayoridad ng sistema ng katarungang pangkriminal, at higit na itong nakatuon sa pagsakdal sa mga pinuno ng lipunang sibil kaysa sa pumaslang sa kanila.

Nasa kalagayang pinagkakaila ng militar ang maraming extrahudisyal na pagpaslang kung saan nadadawit ang mga sundalo nito. Pinangangatwiran ng mga opisyal militar na karamihan o lahat ng mga extrahudisyal na pagpaslang ay ginawa ng mga rebeldeng komunista bilang bahagi ng panloob na purgahan *(internal purge)* nito. Totoong nagsasagawa ang NPA ng extrahudisyal na pagpaslang na kung minsan ay pinapalabas nito bilang "hustisyang rebolusyonaryo", ngunit lubhang di kapani-paniwala ang ebidensyang kasalukuyang nagsasagawa ito ng malawakang paglilinis. Ang pagdidiin ng militar na tama ang "teoryang purgahan" *(purge theory)* ay matatanaw lamang bilang mapangutyang pagtatangka nito ng paglipat ng responsibilidad.

Sa panahon ng pagdalaw, pinag-aralan din ang ilan sa iba pang sitwasyon kung saan nangyayari ang extrahudisyal na exekusyon sa Pilipinas. Dumadalas ang pagpatay sa mga peryodista bilang resulta ng umiiral na impunidad o kaligtasan sa parusa ng mga may pananagutan at gayundin ng struktura ng industriya ng media. Ang mga alitan sa pagitan ng mga magsasaka at nagmamay-ari ng lupa, at gayundin, ng mga armadong grupo, ay humantong sa mga pagpaslang sa kontexto ng mga pagsisikap sa repormang agraryo, at kadalasan di sapat na makabigay ng proteksyon ang mga pulis sa mga magsasakang lumalahok. Sa Lungsod Davao, kumikilos ang isang *death squad* o pangkat-kamatayan kung saan naging kalakaran na ang pagpatay ng mga batang lansangan at iba pa sa liwanag ng araw. Habang ang mga paglapastangan sa karapatang pantaong kaugnay sa mga hidwaan sa kanlurang Mindanao at Sulu arkipelago ay di nakakatanggap ng sapat na atensyon kung ihambing sa mga may kaugnayan sa

insureksyong komunista, maliwanag na nangyayari ang mga seryosong pang-aabuso, at kailangang-kailangang pahusayin ang mga mekanismo ng pagmonitor.

Pinag-aaralan ng ulat na ito ang lahat ng mga problema at ang mga institusyunal na pagsasa-ayos na nagpapahintulot sa kanilang magpatuloy. Nagtatapos ito sa isang serye ng mga rekomendasyon para sa reporma. Naipakita ng Gobyernong may kakahayan itong malinaw at mapagpasyang tumugon sa mga problema sa karapatang pantao. Natanghal ito noong 2006 nang pinawalang-bisa ng Gobyerno ang parusang kamatayan, at nailigtas ang higit sa 1,000 na bilanggong nasa hanay ng kamatayan *(death row).* Anumang posibilidad ng pagpataw ng parusang kamatayan na hindi umaayon sa internasyunal na batas sa karapatang pantao ay winaksi ng isang hagod ng pluma.

Nagbibigay pag-asa ang maraming hakbang na naisagawa ng Gobyerno para tumugon sa problema ng mga extrahudisyal na pagpaslang. Gayunpaman, hindi pa ito nagtatagumpay at patuloy ang mga extrahudisyal na exekusyon.

Annex

REPORT NG SPECIAL RAPPORTEUR SA EXTRA-HUDISYAL, BIGLAAN O WALANG DAHILANG MGA EXEKUSYON, PHILIP ALSTON, SA KANYANG MISYON SA PILIPINAS (12-21 PEBRERO 2007)

NILALAMAN

		Mga Parapo	*Pahina*
I.	INTRODUKSYON	1 - 3	6
II.	INTERNASYUNAL NA BALANGKAS LEGAL	4 - 5	6
III.	MAIKLING KASAYSAYAN.....	6 – 10	7
IV.	ANG PAGPASLANG NG MGA AKTIBISTANG LEPTIS	11 - 29	8
	A. Introduksyon	11 - 12	8
	B. Stratehyang Kontra-insurhensya: Lawak-Bansang Pagtuon sa mga “Prenteng Grupo” ng CPP sa Lipunan Sibil.....	13 - 17	8
	C. Mga Pag-aaral ng mga Kaso.....	18 - 27	10
	1. Stratehyang Kontra-insurhensya sa Rehyon ng Cagayan Valley (nakatuon sa probinsya ng Cagayan)	19 - 21	11
	2. Stratehyang Kontra-insurhensya sa Rehyon ng Gitnang Luzon (nakatuon sa probinsya ng Nueva Ecija)	22 - 27	11
	D. Ang “Teoryang Purgahan” ng Isang Militar na Nagkakaila	28 - 29	14
V.	MGA PAGPASLANG NG NEW PEOPLE’S ARMY	30 - 33	15
VI.	MGA PAGPASLANG KAUGNAY SA MGA TUNGGALIAN SA KANLURANG MINDANAO	34 - 36	16
VII.	MGA PAGPASLANG KAUGNAY SA MGA PAGTATALO SA REPORMANG AGRARYO	37	17
VIII.	MGA PAGPASLANG NG MGA MAMAMAHAYAG	38	17
IX.	DAVAO: BIHILANTISMO O *DEATH SQUAD*?	39 - 44	18
X.	ANG SISTEMA NG HUSTISYANG PANGKRIMINAL	45 - 59	20
	A. Pahapyaw na Tingin	45	20

NILALAMAN (*patuloy*)

		Mga Parapo	*Pahina*
B.	Binabaluktot ng Inter-Agency Legal Action Group (IALAG) ang mga prayoridad ng sistema ng hustisyang pangkriminal	46 - 49	20
C.	Nag-aalangan ang pulis na imbestigahin ang militar	50	21
D.	Mahinang pagtutulungan ng mga pulis at mga prosekutor ay humahadlang sa mabisang pag-ipon ng ebidensya.....	51	22
E.	Di sapat ang programa para sa proteksyon ng testigo	52 - 54	22
F.	Limitadong kakayahan sa forensik ay humahantong sa labis na pagsandig sa testimonya ng testigo	55	23
G.	Kulang sa independensya ang Ombudsman	56 - 58	23
H.	Ang papel ng mga korte	59	24
XI.	KONGRESO AT ANG EHEKUTIBO	60 - 61	24
XII.	KOMISYON SA MGA KARAPATANG PANTAO	62 - 65	25
XIII.	MGA REKOMENDASYON	66 - 77	26

Appendix A: Mga Indibidwal na Pag-aaral ng mga Kaso 62

Appendix B: Programa ng Pagdalaw 73

I. INTRODUKSYON

1. Mula 2001, mataas na ang bilang ng mga pagpaslang na may pulitikal na motibasyon at walang lubay ang pag-akyat ng bilang ng mga nasawi. Dahil sa mga pagpaslang na ito, nawaksi ang mga pinuno ng lipunang sibil, kasama ang mga tagapagtanggol ng mga karapatang pantao, mga manggagawang unyonista, at mga tagapagtaguyod ng repormang panlupa, gayundin ang maraming iba pang nasa kaliwa ng hanay pulitikal. Nakababahala na ang mga pinaslang ay mukhang maingat na pinili at sadyang tinarget. Ang layunin ay para sindakin ang higit na malaking bilang ng mga kumikilos sa lipunang sibil. Dahil dito, marami ang nakapagmatyag na parehong kapalaran ang naghihintay sa kanila kung ipagpapatuloy nila ang kanilang aktibismo. Isa sa mga konsekwensya nito ay ang seryosong banta sa mga demokratikong karapatang pinaghirapang ipaglaban ng sambayanang Pilipino.

2. Dumalaw ako sa Pilipinas mula 12 hanggang 21 Pebrero 2007. Lumakbay ako sa Manila, Baguio at Davao at kinausap ang malawak na hanay ng mga kumikilos para linawin kung sino ang may responsibilidad sa mga pagpaslang na ito at magbalangkas ng mga rekomendasyon para bigyang wakas ang mga ito. Tiningnan ko rin ang ibang piling isyu ng labag-sa-batas na pagpaslang, kasama ang paggamit ng *death squad* o pangkat-kamatayan sa Lungsod Davao. Nang ako'y dumating, malay ako na ang pagkabahala ng internasyunal na komunidad sa pagdagsa ng mga pagpatay ay tinuring ng ilan bilang resulta ng isang matagumpay na kampanyang propagranda ng mga aktibistang leptis sa halip na isang katimbang na tugon sa mga aktwal na dimensyon at sanhi ng problema. Dumating akong bukas ang isip, at nagtagumpay ako sa matapat at, kadalasan, konstruktibong pakikipag-usap sa napakalawak na hanay ng mga nakipagtalakayan. Ang tagumpay ng ating dalaw ay utang ko sa puspos na pakikipagtulungan sa akin ng Gobyerno at sa masigla at masigasig na pagsisikap ng lipunang sibil na magbigay impormasyon sa akin.

3. Nakipagpulong ako sa mga susing opisyal ng Gobyerno, kasama ang Presidente, Sekretaryo ng Gabinete, mga Sekretaryo ng *Foreign Affairs* (Ugnayang Panlabas), *Justice* (Katarungan o Hustisya), *Defense* (Tanggulan) at *National Security Adviser* (Tagapayo sa Pambansang Seguridad). Nakausap ko rin ang *Chief Justice* (Punong Mahistrado), *Chairman* ng *Commission on Human Rights* (Tagapangulo ng Komisyon sa mga Karapatang Pantao), kabilang ng marami pang iba at sa maraming myembro ng Armed Forces of the Philippines (Sandatahang Lakas ng Pilipinas o AFP) at ng Philippine National Police (Pambansang Polisya ng Pilipianas o PNP) sa Baguio at Davao, at gayundin, sa Manila. Bukod sa pakikipagpulong sa maraming representatibong nagmumula sa iba't ibang hanay pulitikal ng lipunang sibil, nagsagawa ako ng mga malalimang interbyu sa mga nakasaksi sa 57 na insidenteng may kinalaman sa 271 na exekusyong extrahudisyal.[1] Dulot nito, nag-interbyu ako ng higit na marami pang saksi kaysa alinman sa mga naunang imbestigasyon. (Tingnan Appendix B).

II. INTERNASYUNAL NA BALANGKAS LEGAL

4. Kapanig ang Pilipinas sa *International Covenant on Civil and Political Rights* (ICCPR), *Geneva Conventions of 1949* at *Second Additional Protocol*.[2]

5. Lahat ng partido sa mga armadong tunggalian ay obligadong sumunod sa kinaugalian at kumbensyunal na makataong batas internasyunal *(international humanitarian law)* at napapailalim sa kahingian ng internasyunal na komunidad na dapat igalang at itaguyod ng bawat organo ng lipunan ang mga karapatang pantao. Bukod dito, ilan sa mga partido ay nakagawa na ng ibang mga pormal na paninindigan sa paggalang sa mga karapatang pantao.[3] Sa loob ng balangkas legal na ito, kapwa estado at di-estadong mga aktor ay maaring gumawa ng mga extrahudisyal na exekusyon.

III. MAIKLING KASAYSAYAN

6. Nangyayari ang maraming pang-aabuso sa mga karapatang pantao sa kontexto kung saan humaharap ang Gobyerno hindi lamang sa mga karaniwang hamon sa batas at kaayusan kundi sa sari-saring armadong tunggaliang nagpapatuloy nang ilan nang dekada.

7. Tunguhin ng Communist Party of the Philippines (CPP) na lubusang baguhin ang tinuturing nitong "mala-pyudal" na lipunang Pilipino. Kontrolado ng CPP ang isang armadong grupo, ang Bagong Hukbo ng Bayan (New People's Army o NPA), at isang grupo ng lipunang sibil, ang National Democratic Front (NDF).[4] Tinatag noong 1968, lumakas at naging popular ang CPP sa panahong umiral ang batas militar (1972-1981). Ngunit ang pagbalik sa demokrasya noong 1986 ay lumikha ng panloob na mga bitak na humantong sa pagkahati sa pagitan ng mga "reaffirmist" at "rejectionist" na mga paksyon sa mga unang taon ng dekada 90. Ang una ay naiwang may hawak sa CPP/NPA/ NDF, at ang huli ay lalo pang nahati-hati sa maliliit na armado at di armadong grupo. Dahil sa sopistikado nitong pulitikal na organisasyon, humigit-kumulang na 7,160 na mandirigma, at malawakang presensya sa buong arkipelago, tinuturing ng Gobyerno ang CPP/NPA/NDF na "pinakamalubhang banta" sa pambansang seguridad.[5] Bagamat nagresulta ang prosesong pangkapayapaan sa ilang kasunduan, halos di ito aktibo sa kasalukuyan.

8. Sa kanlurang Mindanao at sa mga islang umaabot hanggang Borneo, kinakaharap ng Gobyerno ang ilang bilang ng mga grupong insurekto at terorista. Ang mga grupong may pulitikal na adyenda ay naglalalayong matamo ang awtonomiya o pagtiwalag para sa mga lugar na, batay sa kasaysayan, ay Muslim. Noong 1996, nakapagpanday ng isang kasunduang pangkapayapaan ang Gobyerno at ang Moro National Liberation Front (MNLF). At, kahit pa man nagsimula muli ang labanan sa ilang paksyon ng MNLF, nananatiling nasa mababang antas ang mga ito, at ang mga panig ay patuloy na nag-uusap.[6] Sa pangkalahatan, nananatili ang tigil-putukan sa pagitan ng Gobyerno at ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) at aktibong nagsasagawa ng negosasyong pangkapayapaan ang mga panig.[7] Kinakaharap din ng Gobyerno ang grupong Abu Sayyaf (ASG) na nadawit sa ilang malalaking pambobomba sa mga sibilyan na target. Maraming mandirigma ang mga grupong ito – 700 (MNLF), 11,770 (MILF), at 400 (ASG), alinsunod sa pagkakabanggit – ngunit ang kanilang distansya mula sa kapital at katamtamang mga layunin ay naglilimita sa kung gaano sila itinuturing na banta sa seguridad.[8]

9. Bukod dito'y napaharap din ang Gobyerno sa serye ng mga tangkang kudeta na karamihan ay inilunsad ng parehong mga organisadong grupo ng mga opisyal. Ang kabiguan sa pagparusa at paghadlang sa gayong mga tangka at ang dinulot nitong pagsandig ng Gobyerno sa kabutihang loob ng militar ang umaagnas sa sibilyang kontrol sa sandatahang lakas.[9]

10. Ang kontextong global ng “digmaan sa terorismo” ay nakaapekto sa lapit ng Gobyerno sa mga bantang pangseguridad na ito. Sa isang banda, naipakita nito ang kahandaang makipag-kompromiso sa MILF kapalit ng pakikipagtulungan laban sa ASG at mga dayuhang terorista.[10] Sa kabilang banda, nagsimula na ang mga opisyal ng Gobyerno sa pagtukoy sa CPP/NPA/NDF bilang “Kilusan ng Komunistang Terorista” (Communist Terrorist Movement o CTM), at sa gayon, paggawang lehitimo ng pagbaling sa kontra-insurhensya mula sa negosasyon.

IV. ANG PAGPASLANG NG MGA AKTIBISTANG LEPTIS

A. Introduksyon

11. Sa loob ng nakalipas na anim na taon, may pagdagsa ng mga extrahudisyal na exekusyon ng mga aktibistang leptis, kasama dito ang mga tagapagtanggol ng mga karapatang pantao, unyonistang manggagawa, tagapagtaguyod ng repormang panlupa, at iba pa.[11] Karamihan sa mga biktima ay kasapi ng mga organisasyong myembro ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), o di kaya iyong maiuugnay sa ideolohiyang “pambansa demokratiko” na tinataguyod din ng CPP/NPA/NDF.[12] Ang mga pagpaslang na ito ay nagwaksi sa mga lider ng lipunang sibil, tumakot sa malawakang bilang ng kumikilos sa lipunang sibil, at nagpakitid ng diskursong pulitikal sa bansa. Ang mga tugon sa problema ay nakabatay sa mga listahang binuo ng mga organisasyong lipunang sibil. Ang pinakamalaganap na tinutukoy ay ang listahan ng Karapatan na naglalaman ng 885 na pangalan.[13] Nakapagtipon ang Task Force Detainees of the Philippines (TFD-P) ng mas maikling listahan, ngunit ang pagkakaiba ng bilang ay higit na nagpapahiwatig ng kaibhan ng heograpikal na sakop ng kanilang mga aktibistang network kaysa sa di pagkakasundo tungkol sa mga partikular na kaso.[14] Dahil sa makitid na depenisyon ng penomenon at kawalang katiyakan nito tungkol sa ilang kaso, ang Task Force Usig, ang grupo ng PNP na naatasang seguraduhin ang epektibong imbestigasyon ng mga insidenteng ito, ay may listahan ng 116 na kasong tinatangka nitong lutasin.[15]

12. Dalawang inisyatibang patakaran ay may espesyal na kahalagahan sa pag-unawa kung bakit nagpapatuloy ang mga pagpaslang. Una, higit na nakatuon ang stratehyang kontra-insurhensya ng militar laban sa CPP/NPA/NDF sa pagbuwag ng mga organisasyong lipunang sibil na sinasabing “mga prenteng grupo ng CPP.” Sinisiyasat ng Bahagi IV(B) sa ilalim ang pangkalahatang lapit at pambansang saklaw nito. Tinitingnan ng Bahagi IV(C) ang rehyunal na kaibhan sa kung paano pinatupad ang stratehyang ito. Ikalawa, tulad ng pagsiyasat sa Bahagi X, bigo ang sistema ng hustisyang pangkriminal sa pag-aresto, paghatol at pagbilanggo sa mga taong responsable para sa mga extrahudisyal na exekusyon. Bahagi nito ay dahil sa pagbaluktot ng mga prayoridad kung saan nakatuon ang mga opisyal na nagpapatupad ng batas sa pagsakdal ng mga lider ng lipunang sibil sa halip na sa mga pumaslang sa kanila.

B. Stratehiyang Kontra-insurhensya: Lawak-bansang Pagtuon sa mga “Prenteng Grupo” ng CPP sa Lipunang Sibil

13. Naniniwala ang mga nakatataas na opisyal ng Gobyeno sa loob at labas ng militar na pumeprente para sa CPP ang maraming organisasyong lipunang sibil. Ayon sa kanila, kontrolado ng CPP ang mga grupong ito para magamit ang mga popular na karaingan sa serbisyo

ng rebolusyunaryong pakikibaka, magpanday ng mga alyansang laban sa Gobyerno, at mangalap ng mga bagong myembro ng partido. Labis man ang sinasabi nito, may batayan ang mga pananaw na ito. Ang sariling hayag na patakaran ng CPP ay ang lumahok sa pulitika ng nagkakaisang hanay para sa layunin ng pagpapalaganap ng mga pananaw nito sa mga di nasisiyahan sa umiiral na kaayusan ngunit umaayaw sa pagsapi sa CPP.[16] Gayundin, nagpahayag sa publiko ang CPP na ang mga myembro nitong kumikilos sa pag-organisa at pagmobilisa ay sakop ng prinsipyo ng demokratikong sentralismo at, sa panghuli, ng direksyon ng Komite Sentral ng CPP. Walang dahilan para pagdudahang inaasahan ng CPP na itataguyod ng mga myembrong nasa mga namumunong posisyon sa loob ng mga organisasyong lipunang sibil ang mga stratehikong prayoridad nito. Gayunpaman, hindi marapat na ituring ng maraming opisyal na mga sangay lang ng CPP ang di umano'y mga prenteng grupo. Mga mas obhetibong kapanayam ang kumikilala na saklaw sa terminong "prente" ang maraming antas ng pagkontrol na ang ila'y sobrang manipis. Gayundin, sa anumang prenteng organisasyon, karamihan sa mga myembro ay di kasapi ng CPP at malamang di malay sa ugnayan ng organisasyon sa CPP. Halos kaunti lamang ang nalalaman sa lawak ng impluwensya ng CPP sa loob ng mga organisasyong lipunang sibil at simplistiko ang pagpapalagay na kasing makapangyarihan ang CPP tulad ng nais nitong ipakita.

14. Masyadong mabilis ang talon ng retorika ng maraming opisyal mula sa batayang paniniwala na may ilang prenteng organisasyon hanggang sa paggigiit nila, kadalasan walang katibayan, na tunay na mga prente ang mga partikular na organisasyon. Sa panahon ng batas militar, nakabuo ang CPP ng network ng mga lihim na grupong lipunang sibil na pinag-isa sa ilalim ng NDF. Nanatiling di lantad ang mga grupong ito, ngunit ang kanilang mga pangalan ay isang bagay na publikong nakatala. Halimbawa, di kontrobersyal na sakop ng NDF, kasama ng iba pang grupo, ang Christians for National Liberation (CNL) at ang Revolutionary Council of Trade Unions (RCTU).[17] Ang kontrobersyal ay ang tesis ng maraming opisyal na ang mga organisasyong inuugnay sa Bayan ay mga lantad na katumbas ng mga lihim na organisasyong NDF.[18] Kapag sinasabi ng mga opisyal na "hawak ng Christians for National Liberation (CNL) ang Promotion of Church People's Response (PCPR) na ang mga myembro'y nagtatao sa KARAPATAN Human Rights Alliance" o na "kontrolado ng RCTU ang liderato ng nakalantad na militanteng sentrong pangmanggagawa, ang Kilusang Mayo Uno (KMU), sa pamagitan ng isang buod na grupong binubuo ng mga myembro ng partido," kaunti, kung mayroon mang, katibayan ang binibigay.[19] Gayundin, malabo at pawang haka-haka lamang ang mga paggigiit na ang CPP ang "nagpatakbo" sa mga grupong party-list tulad ng Bayan Muna, Anakpawis, at Gabriela.[20] Ang mga ganitong asersyon ay batay sa sirkumstansyal na ebidensya – ang mga personal na kasaysayan ng ilang lider, ang mga maliwanag na simpatiyang pinamalas sa panahon ng pagkahati-hati ng CPP noong mga unang taon ng 1990, ang nakikitang pulitikal na papel ng mga posisyon ng isang grupo, atbp. – na binasa ayon sa mga aminadong organisasyunal na teknik ng CPP.

15. Legal ang pagsapi sa CPP, at ganito na ito mula 1992 nang pinawalang-bisa ng Kongreso ang Anti-Subversion Act.[21] At kinilala ng halos lahat ng aking mga kapanayam ang prinsipyo na dapat pahintulutan ang lahat ng mga mamamayang magtaguyod ng mga ideyang komunista at pambansa demokratiko. Gayundin, ang sistemang party-list – kung saan ang ilang myembro sa Kamara ng mga Representante ay pambansang inihahalal sa halip na mula lamang sa isang partikular na distrito – ay tinatag ng Kongreso noong 1995 sa layunin na himukin ang mga grupong leptis na pumasok sa demokratikong pulitikal na sistema.[22] Kung gayon, lubhang di

nararapat ang pagturing sa gayong inihalal na mga representante ng Kongreso at sa malaking bahagi ng lipunang sibil bilang mga “kaaway”. Di kataka-takang humihikayat ito ng mga abuso.

16. Pangkaraniwan nang nagdadala ang mga peryodiko ng mga ulat tungkol sa paggigiit ng mga nakatataas na mga opisyal militar na kailangang inyutralisa ang mga sinasabing prenteng grupo at partido ng CPP. Kadalasan, spesipikong pinapangalanan ang mga prominenteng partido pulitikal at mga establisadong grupong lipunang sibil. Sinasabihan ang publiko na pawang pagsuporta sa “kaaway” ang pagtaguyod ng kanilang gawain o mga kandidato. Ang ganitong praktis ay hayagan at matigas na pinagtanggol ng halos bawat myembro ng militar na aking nakausap. Nang imungkahi ko sa mga nakatataas na opisyal militar na ang pagbatikos sa mga grupong lipunan sibil ay dapat naaayon sa batas at sa pamagitan ng Gobyerno, ang tugon ay wala sa posisyon ang mga sibilyan na awtoridad na gumawa ng mga ganoong pahayag dahil baka mauwi iyon sa kanilang asasinasyon. Sa iba namang okasyon, tinanong ko ang isang nakatataas na sibilyang opisyal kung maaring mag-isyu ang Gobyerno ng direktiba na nagbabawal ng mga gayong pahayag mula sa mga opisyal militar. Malabo ang pinahayag niyang simpatiya para sa ideya, ngunit ang mas mababa sa kanya – isang retiradong militar na komander – ay agad sumabad na “imposible” ang gayong direktiba dahil “ito ay digmaang pulitikal”. Kung mga sundalo, sa halip na mga siblyan, ang naglulunsad ng “digmaang” pulitikal, ang demokrasya’y napalitan na ng militar.

17. Sinasamahan ang mga operasyunal na hakbang ng publikong paglalait ng “mga kaaway”. Ang pinakadramatikong ilustrasyon nito ay ang lapit na “order of battle” na sistematikong pinatutupad ng AFP, at sa praktis, kadalasan ng PNP. Sa terminong militar, ang isang “order of battle” ay isang organisasyunal na kasangkapang ginagamit ng intelihensyang militar para ilista at suriin ang mga militar na yunit ng kalaban. Pinatutupad ng AFP ang isang “order of battle” kaugnay sa iba’t ibang rehyon at sub-rehyon kung saan ito gumagalaw. Nabigyan ako ng kopya ng isang naipuslit na ganitong uri ng dokumento, mula 2006, at wala akong dahilan para pagdudahan ang awtentisidad nito. Nilagdaan kapwa ng nakatataas na mga opisyal militar at pulis, ang dokumento ay nananawagan sa “lahat ng myembro ng intelihensyang komunidad sa [kaukulang] rehyon ... na tupdin at magpagabay sa pinakahuling dokumentong ito para mapasigla ang mas kumprehensibo at masinsing pagsisikap laban sa CPP/NPA/NDF”. May 110 pahina ang haba, naglilista ang dokumento ng daan-daang mga prominenteng grupo at indibidwal ng lipunang sibil na pinag-uri-uri, batay sa intelihensya, bilang myembro ng mga organisasyong tinuturing na “ilehitimo” ng militar. Samantalang ilang opisyal ang pormal na tumatanggi na ang pagiging bahagi ng “order of battle” o listahan ng kaaway ay katumbas ng pag-uri sa grupo o indibidwal bilang “kaaway ng estado”, ang malawakang pag-unawa kahit sa pulitikal na elit ay gayon na nga.[23]

C. Mga Pag-aaral ng mga Kaso

18. Binubunyag ng mga kontra-insurhensyang operasyon sa buong bansa ang pagtuon kapwa sa mga pinuno ng mga prenteng grupo at sa mga mandirigmang NPA. Ngunit may rehyunal na pagkakaiba sa kung paano pinatutupad ang stratehikong pagtuong iyon.[24] Nakatuon ang ulat na ito sa dalawang rehyon kung saan ako nakaipon ng malawak na ebidensya. Pinapakita ng mga pag-aaral ng mga kasong ito ang mga konkretong paraan kung paano ang kontra-insurhensyang

fokus sa lipunang sibil ay humahantong sa mga extrahudisyal na exekusyon at nag-uudyok sa mga komander na gawing pangkaraniwan at sistematiko ang mga abusong iyon.

1. Stratehyang Kontra-insurhensya sa Rehyon ng Cagayan Valley (nakatuon sa probinsya ng Cagayan)[25]

19. Sa Rehyon ng Cagayan Valley, nag-uumpisa ang lapit ng AFP sa kontrainsurhensya sa pamagitan ng pagpadala ng isang detatsment sa isang barangay, o kung minsan, sa isang malaki-laking lugar.[26] Ang sunod na nangyayari ay nag-iiba-iba sa mga munisipalidad at barangay. Sa ilan, nagdadaos ang mga sundalo ng pulong sa buong barangay at isinisiwalat ang kataksilan ng CPP/NPA/ NDF, sinasabi na mga prente ng CPP/NPA/NDF ang sari-saring organisasyong pangmasa, at nilalait ang mga ito. Sa mga pulong na ito, kinokolekta ng mga sundalo ang mga pangalan at okupasyon ng mga residente at tinatangka nilang unawain ang struktura ng kapangyarihan sa komunidad at ang mga pulitikal na pagkakahanay ng mga myembro nito. Sa iba, nagdadaos ang mga sundalo ng bahay-bahay na sensus.

20. Ang impormasyong nakalap sa pamagitan ng pulong o sensus ay ginagamit para kilalanin ang mga mandirigmang NPA at myembro ng mga leptis na organisasyong lipunang sibil o bilang panimula para sa pagdaos ng mga indibidwal na interbyu para mahugot ang impormasyong iyon. Sa pangkalahatan, nagaganap ang mga interbyung ito sa mga tahanan. (Taliwas sa mga interogasyon sa Nueva Ecija, na nasa sumusunod, di ito sistematikong ginagamitan ng tortyur o labis na pagpapahirap.) Karaniwang may pagtatangka na “pasukuin” ang mga taong tinuro. Ang ilan nito ay pinaghihinalaang mga mandirigmang NPA; ang iba ay kasapi ng mga organisasyong lipunang sibil o ang sinasabing mga sektoral na prente (ng CPP). Ang panlalait at pananakot sa mga taong ayaw “sumuko” ay kadalasan humahantong sa mga extrahudisyal na exekusyon. Gayunpaman, hindi lumalabas na pundamental ang mga ito sa stratehya.

21. Ang iba pang gamit sa impormasyong naipon ay ang pagkalap o pagtalaga ng mga residente bilang myembro ng Citizens Armed forces Geographical Unit (CAFGU) na inaasahang “mapanghahawakan” ang barangay sa sandaling “nalinis” na ito.[27] Ang CAFGU ay isang paramilitar na organisasyong mahigpit na kumikilos kasama ang AFP at napapailalim sa strukturang komand-at-kontrol nito.[28] Sumasama sa mga operasyon ng mga AFP yunit ang mga myembro ng CAFGU at nagsisilbi din sila bilang mga armadong tagabalita, para hayaan ang militar na umatras at magfokus sa ibang barangay.

2. Stratehyang Kontra-insurhensya sa Rehyon ng Gitnang Luzon (nakatuon sa probinsya ng Nueva Ecija)[29]

22. Sa ilang bahagi ng Gitnang Luzon, sistematikong tinutugis ang mga lider ng mga organisasyong leptis. Ang mga maaring nakababatid sa kung saan sila naroon ay maaring ipailalim sa interogasyon at tortyur. Sinusundan ito ng isang kampanya ng panlalait na dinisenyo para magtanim ng takot sa komunidad, at kadalasan, nagreresulta sa pagpaslang ng indibidwal. Ang ganitong mga atake at ang dulot nitong takot ay maaring humantong sa pagkawatak-watak ng organisadong lipunang sibil. Tinawag ng isang taong aking nakilala ang resultang ito na “kapayapaan ng patay”.

23. Higit pa sa “mga kalabisan” lamang ng isang partikular na komander ang sinasalamin ng gawaing ito. Sa halip, isa itong sinadyang stratehya alinsunod sa pangkalahatang tunguhin ng kaisipang kontra-insurhensya sa pambansang lebel. Mahalaga man ang pagsakdal ng mga responsableng indibidwal, ang gayong mga pagsisikap kaugnay sa isa o iilang mga tao lamang ay halos walang magagawa sa pangkalahatan. Sa halip, mahalaga na matukoy at mapagpasyang tanggihan sa institusyunal na antas ang mga inobasyong iyon sa stratehyang kontra-insurhensyang nagresulta sa gayong mataas na lebel ng mga pulitikal na pagpaslang. Dagdag pa, mahalagang mapigilan ang pag-uulit ng ganitong stratehya sa ibang mga rehyon.

24. Mayroong di kakaunting lokal na pagkakaiba sa stratehyang kontra-insurhensya sa loob ng Gitnang Luzon, at ang salaysay na ito ay humahango laluna na sa testimonya patungkol sa probinsya ng Nueva Ecija:

(a) Nagtatatag ang militar ng isang detatsment o pangkat ng humigit-kumulang sa 10 sundalo sa isang bulwagan ng barangay o iba pang publikong gusali.

(b) Kumikilos ang mga sundalo na wari’y bahagi sila ng komunidad. Lumalahok sila sa mga palaro, nakikinig ng mga hinaing, at nagsasagawa ng maliliit na proyektong pangkaunlaran.

(c) Pagkatapos ng isang maikling panahon, gumagawa sila ng pinto-pintuang sensus. Isang paliwanag sa sensus ay kailangan nilang matiyak ang mga medikal at iba pang batayang pangangailangan para magabayan ang mga proyektong pangkaunlaran. Ang mas magandang paliwanag sa sensus ay para matukoy ang mga myembro ng mga organisasyong lipunang sibil at mga kasalukuyan at dating mandirigmang NPA. Dahil pribado ang tagpuan, nahihikayat ang ilan na magbigay ng impormasyon tungkol sa iba sa kanilang komunidad.

(d) Ang mga resulta ng sensus ay nagbibigay ng pagkakataon sa pangkat ng mga sundalo na maglabas ng isang probisyunal na “order of battle” ng mga lider ng lipunang sibil at dati o pinaghihinalaang mga mandirigmang NPA. Dinidiin ng mga sundalo na batid ng komunidad ang paggawa ng draft.

(e) Tinatawag ang mga nasa listahan ng labanan sa lugar ng kanilang “detatsment” para dumaan sa interogasyon at makakuha ng impormasyon sa mga lider ng lipunang sibil, mandirigmang NPA, atbp. Kapag hindi sila nakikiisa, tinotortyur sila.[30] Anumang pangalan ang binigay ay dinadagdag sa listahan, at inuulit ang proseso. Sa maikling panahon lamang, nagkakaroon ang militar ng medyo detalyadong kaalaman sa lokal na struktura ng leptis na lipunang sibil.

(f) Nagdadaos ng isang “Kilalanin ang Inyong Kaaway” na seminar at nililista ang mga prenteng organisasyon ng “kilusang komunista terorista”.[31] (Kung minsan, nauuna din sa sensus ang gayong mga pulong.) Mga myembro ng tinatawag ng mga sundalo na “speakers bureau” o “pangkat ng mga tagapagsalita” ang nagsasabi sa mga nagtipon tungkol sa mga kasinungalingan ng CPP, ang mga tunay na layunin nito, at ang paggamit nito ng mga prente. Lumalabas na layunin ng ganitong pulong ang humikayat sa “pagsuko” at maglatag ng batayan para magmukhang makatwiran at lehitimo ang mga pagpaslang sa mga myembro ng lipunang sibil.

(g) Hinihikayat na “sumuko” ang mga indibidwal na tinukoy bilang mga pinuno ng mga organisasyong lipunang sibil o mga mandirigmang NPA. Sa ilang lugar ng Gitnang Luzon, tulad ng Tarlac, at gayundin, sa mga rehyon ng Bohol at Timog Tagalog, ipinamumudmod ang mga poster at polyeto na naglalait nang personal sa kanila bilang mga komunistang terorista, sakali mang tanggihan nilang sumuko. Pagkatapos, minamanmanan ang kanilang mga bahay.[32] Kung tatakas ang tao, maaring sunugin ang kanyang bahay. Hudyat itong ang pagtangging “sumuko” ay isang malubha at di na mababagong pasya.

(h) Pagkatapos, simula na ng pagpaslang ng mga gayong indibidwal. Para sa mga myembro ng komunidad, ginagawang malinaw ang koneksyon ng pagiging kasapi ng organisasyon at ng pagpatay. Di ko man ganap na nauunawaan ang dinamiks sa lebel ng komunidad, mukhang isa o dalawang pagpaslang na ganito ay lubhang nakahihikayat ng mga “pagsuko”.

(i) Panghuli, nagtatatag ng isang Sistema ng Depensa sa Barangay o Barangay Defense System (BDS). Bawat sambahayan ay pina-aambag ng mga myembro.[33] Ang isang BDS ay pwesto na nagsisilbing isang uri ng tsekpoynt. Sa Nueva Ecija man lang, bawat sityo ng isang barangay ay nagkaroon ng sarili nitong BDS. Kapag pumapasok ang mga estranghero o sinumang di nakatira sa sityo, inirerekord sa isang talaan ang kanilang pangalan at dahilan ng pagbisita. Ang laman ng talaang ito ay regular na pinababatid sa kapitan ng barangay at sa militar. Nakatanggap ako ng mga magkatunggaling ulat kung armado ba o hindi ang BDS. Ang aking tentatibong konklusyon ay walang pangkalahatang praktis ang AFP sa pagbigay armas sa BDS. Gayunpaman, ang ilang BDS ay nag-aarmas ng sarili, at kung minsan, tinutulungan silang mag-armas ng mga sundalong AFP.

(j) Sa sandaling naitatag ang BDS, lumilipat ang militar na detatsment sa iba namang barangay. Ang BDS ay inaasahang “hawakan” ang isang barangay na “nalinis” na ng militar. (Di naman inaasahang literal at pisikal na idedepensa ng BDS ang barangay kundi na makapagbibigay ito ng sapat na matatag na intelihensya nang sa gayon, di na kailangan ang patuloy na presensya ng militar.)

25. Habang pinagkakaila ang paggamit ng exekusyon o tortyur, isang dating komander militar ang nagpatibay sa halos lahat ng aspeto ng salaysay na ito. Nagbigay din siya ng pangangatwiran para sa stratehiyang ito at isang alternatibong paliwanag sa mga exekusyong sumunod sa pagpadala ng mga AFP detatsment. Sa kanyang salaysay, kung kumikilos ang CPP/ NPA/NDF sa isang barangay, nag-oorganisa ito ng mga prenteng organisasyong sektoral (hal. mga organisasyong lipunang sibil), at kapwa tagapangulo at pangalawang tagapangulo sa bawat prenteng sektoral ang bumubuo ng lokal na komite sentral ng CPP. Dagdag sa pangangasiwa ng gawain ng CPP sa barangay, ang komiteng ito, partikular ang tagapangulo nito, ay nagsisilbi bilang intelihensyang serbisyo para sa NPA, nagbibigay dito ng impormasyon sa mga taong sanhi ng mga problema para sa mga residente (hal., mga usurero) at sa mga informant ng AFP. Ginagamit ang intelihensyang ito ng NPA – o, hindi kasing dalas, ng isang barangay milisyang inorganisa ng NPA – para takutin o paslangin ang mga natukoy na indibidwal. Sa pangkalahatan, pinagtibay ng mga representatibo ng NDF ang salaysay na ito sa paraan ng CPP/NPA/NDF sa pagtatag ng kontrol nito sa lebel ng barangay.[34]

26. Kailangang pansinin ang isang importanteng aspeto ng stratehyang kontra-insurhensyang ito. Tinatarget ang mga spesipikong barangay dahil sila ay may mga aktibong organisasyong lipunang sibil at di dahil ang mga gayong organisasyon ay iniisip bilang mga kahalili para sa presensya ng NPA. Sa lahat ng mga salaysay, ang isang grupo ng NPA ay kikilos sa di iilang barangay at maari o di kailangang naroon ang grupo kapag dumating ang AFP. Pinapahiwatig ng ebidensyang natanggap ko na ang pagpasok ng AFP sa isang barangay ay, sa pangkalahatan, sapat na para iwasan ito ng NPA.[35] Ang mga organisasyong lipunang sibil ang mga target sapagkat tinuturing sila ng AFP na pulitikal na imprastruktura ng rebolusyon at network ng intelihensya ng NPA. Ang pag-atake sa kanila ay plinano para bulagin ang NPA at pahinain ang pulitikal na pagsulong ng CPP.

27. Ang paliwanag ng dating komander sa mga pagpaslang na sumasabay sa presensya ng AFP sa isang barangay ay pinakikinabangan ng mga residenteng may mga kamag-anak na pinatay ng NPA ang bagong sitwasyon para maghiganti laban sa mga myembro ng lokal na komite ng CPP na pinagsususpetsahang nagturo sa kanilang mga kamag-anak. Sa paimbabaw, mapapaniwalaan ang paliwanag na ito ng pribadong paghihiganti; gayunpaman, di ito tumutugma sa mga salaysay na binigay ng sinumang testigo. Lumalabas na, kahit sa mga lugar kung saan ako nag-interbyu ng maraming indibidwal, ang paghihiganti laban sa ibang residente ay simpleng ginagawa sa pamagitan ng pagbigay ng impormasyon tungkol sa kanila sa AFP.

D. Ang “Teoryang Purgahan” ng Militar na Nagkakaila

28. Ang militar ay nasa kalagayan ng pagkakaila sa maraming nangyayaring extrahudisyal na exekusyon na binibintang sa mga sundalo nito.[36] Inaamin ng ilang opisyal militar na ilan sa mga pagpaslang ay maaring ginawa ng mga elementong lumabag sa disiplina sa loob ng hanay nito, ngunit palagi at nagkakaisa nilang tinatanggihan ang napakaraming ebidensya tungkol sa tunay na lawak ng problema. Sa halip, masugid nilang tinutulak sa akin ang teoryang malaking bilang ngayon ng mga aktibistang leptis ay lumilitaw na napatay dahil biktima sila ng mga panloob na purgahan sa CPP at NPA. Paulit-ulit akong naghanap ng katibayan mula sa Gobyerno para suportahan ang kontensyong ito. Ngunit ang inihaing ebidensya ay lantad na di kapani-paniwala.

(a) Ipinagdiin ng militar na inangkin ng CPP/ NPA/NDF sa publiko ang responsibilidad sa pagpaslang sa ilang kasalukuyan at dating myembro nito. Totoo ito, at sinuman ay mapagtitibay ito sa pamagitan ng pagbasa ng mga publikasyon ng CPP/NPA/NDF *online*. Ngunit wala itong kabuluhan sa mas malawak na teorya.

(b) Binigyang pansin ng militar na nagsagawa ang CPP/NPA/NDF ng malawakang panloob na purgahan ng mga myembrong pinaghihinalaang nagsisilbing mga informant ng gobyerno. Isang bagay ito ng publikong rekord – ngunit ang mga kaganapang ito ay nangyari dalawampung taon nang nakalipas.

(c) Ang listahan ng mga 1,335 indibidwal na di umano’y pinaslang ng NPA ay nagkataong binigay bilang patibay hindi lamang na pumapatay ang NPA ng mga tao kundi bilang ebidensya ng isang purgahan. Gayunpaman, 44 lamang kataong sinasabi ng Karapatan na pinaslang sa paraang extrahudisyal ay kasama sa listahan, at di ako nakakuha ng anumang impormasyon mula sa Gobyerno na nagpapahiwatig na alinmang isa sa mga indibdwal na ito ay pinatay bilang bahagi ng isang purgahan.[37]

(d) Binigyan ako ng isang dokumentong nahuli sa mga rebelde noong Mayo 2006. Nilarawan dito ang "Operation Bushfire" kung saan pupurgahin ang CPP/NPA/ NDF ng mga myembro na nagsilbing *deep penetration agents* para sa militar at gagawin ito para magmukhang ang militar ang responsable.[38] Dahil sa kawalan ng malakas na ebidensyang aking hiniling bilang patibay, ang dokumentong ito ay nagdadala ng lahat na palatandaan ng isang gawa-gawa lamang at di maaring tanggapin bilang ebidensya ng kahit anupaman maliban sa disimpormasyon.[39]

29. Ang mga piraso ng ebidensya ay ni hindi nagsisimulang suportahan ang pangangatwirang gumagawa ang CPP/NPA/NDF ng isang malawakang purgahan. Katunayan, walang akong nakilalang lumalahok sa pultikang leptis – nakahanay man sa CPP, kumukontra sa CPP o di kaya'y sumusunod sa independenteng landas – na naniniwalang nangyayari sa kasalukuyan ang ganoong purgahan. Ang pagpipilit ng militar na ang purgahan ng CPP/NPA/NDF ay ang "tama, wasto at makatotohanang" dahilan ng kamakailan lamang na pagtaas sa bilang ng mga pagpaslang ay maari lamang tanawin bilang isang mapangutyang tangkang ilipat ang responsibilidad.[40]

V. MGA PAGPASLANG NG NEW PEOPLE'S ARMY

30. Nagbigay ang Gobyerno ng listahan ng 1,335 na mga indibidwal, 2/3 sa kanila sibilyan, na di umano'y pinaslang ng NPA.[41] Sa kabila ng maraming kahilingan para sa anumang dokumentasyon na magpapatibay sa alinmang isa sa mga kasong ito, wala talagang binigay. Samantalang wala akong dahilan para magdudang magpapakita ng mabuti at tapat ng pagsasalaysay ang listahan. Kung walang dagdag na dokumentasyon, imposibleng patunayan na mapagkakatiwalaan ito o tasahin kung alin sa mga pagpasalang ay lumabag sa makataong batas ng armadong tunggalian.

31. Gayunpaman, ang mga talakayan sa mga representatibo ng NDF at ang pagrepaso ng mga nailimbag na dokumento ng CPP/NPA/ NDF ay nagpapakita ng ilang gawaing di umaakma sa mga karapatang pantao at makataong batas internasyunal. Una, tinuturing ng CPP/NPA/NDF ang mga "intelihensyang tauhan" ng AFP, PNP at mga grupong paramilitar bilang mga lehitimong target para sa atakeng militar. Walang dudang ang ilang gayong mga tao ay mga kombatant o sibilyang direktang lumalahok sa mga labanan. Gayunpaman, ang paliwanag ng CPP/NPA/NDF sa kategorya ay napakalawak para saklawin nito kahit ang mga taong nagkataon lamang na nagbigay impormasyon sa Gobyerno, tulad ng mga magsasaka na sumasagot kung tanungin ng mga sundalong AFP kung sino ang mga lokal na myembro ng CPP o ang isang taong tumatawag ng pulis kung nakaharap sa panghuhuthot ng NPA.[42] Ang pagpatay ng mga gayong indibidwal ay lumalabag sa batas internasyunal.

32. Ikalawa, ang sistema ng "hukom ng bayan" ng CPP/NPA/NDF ay malalim ang depekto o di kaya'y huwad. Ang tanong kung maaring ipaliwanag ang Kumprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang Pantao at Batas Internasyunal (Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Law o CARHRIHL) bilang patibay sa paggigiit ng CPP/NPA/NDF na may karapatan itong bumuo ng mga korte at magdaos ng mga paglilitis ay isang bagay ng kontrobersya.[43] Gayunpaman, sa punto ng pagdaos ng CPP/NPA/NDF ng mga

paglilitis, maliwanag na kahingian ng makataong batas internasyunal *(international humanitarian law* o IHL) na tiyakin nito ang paggalang sa mga karapatan sa karampatang proseso *(due process).* Isang matingkad na paglabag sa mga karapatan sa karampatang proseso ay ang bagay na habang pinahihiwatig na kahingian ng isang hukom ng bayan "ang pagtukoy sa mga bintang... bago mangyari ang paglilitis", kulang ang CPP/NPA/NDF ng anumang risonableng matatawag na kodigo penal.[44] Malinaw na nagpapataw nga ng mga parusa ang CPP/NPA/NDF para sa kapwa ordinaryo at kontra-rebolusyunaryong krimen sa mga lugar sa bansa na hawak nito. Ngunit di nakapagbigay sa akin ang mga representatibo ng NDF ng anumang konkretong detalye sa pagpapatakbo ng sistema ng hukom ng bayan. Pinahihiwatig nito na bahagya o walang prosesong hudisyal na kabilang dito. Sa ilang kaso, ang paggamit ng mga hukom ng bayan ay mukhang pinaiikot sa prinsipyo ng imunidad ng di-kombatant. Sa madaling salita, nilalayon nitong magdagdag ng tapal ng legalidad sa kung anong mas magandang tawaging bihilantismo o "murder". Ang kabiguan sa pagrespeto sa pamantayan ng karampatang proseso ay isang paglabag sa IHL para sa NPA/CPP/NDF at maituturing na isang krimen sa digma para sa mga lumalahok na kadre.[45]

33. Ikatlo, ang mga publikong pahayag ng mga representatibo ng CPP/NPD/NDF na ang mga kalaban ay may mga "utang-dugo", may mga "pananagutan sa sambayanan", o napapailalim sa prosekusyon sa harap ng hukom ng bayan ay katumbas ng mga banta ng kamatayan.[46] Ang pag-isyu ng mga gayong banta sa ilalim ng tapal ng hustisyang rebolusyunaryo ay lubhang di angkop at dapat malakas na tanggihan.

VI. MGA PAGPASLANG KAUGNAY SA MGA TUNGGALIAN SA KANLURANG MINDANAO

34. Ang mga abuso sa karapatang pantao na kaugnay sa mga tunggalian sa kanlurang Mindanao at arkipelagong Sulo ay di gaanong binibigyang pansin kung ikumpara sa mga tunggalian sa CPP/NPA/NDF. Gayunpaman, nakatanggap ako ng sari-saring gayong alegasyon, at humihingi ang mga ito ng mas higit na atensyon.[47]

35. Nakatanggap ako ng maraming mahusay na pinagtibay na alegasyon ng mga exekusyong extrahudisyal sa isla ng Jolo. Tatlong salik ang nag-iiba nito sa exekusyon sa ibang lugar. Una, walang pinipili ang karahasan. Ang tunggalian sa pagitan ng Gobyerno at ng NPA ay nangangailangan ng tiyak na pinagtutukang karahasan. Pinapatay ang mga sibilyan, ngunit bihira dahil sa aksidente. Taliwas dito, sa Jolo, dinudukot o inaaresto ang mga tao, at kung minsan, sa paraang extrahudisyal na exekusyon para sa maliit lamang o walang makitang dahilan. Dagdag pa, gumagamit ang mga operasyong militar ng mga taktikang likas na walang pinipili, tulad ng eryal na pambobomba, panganganyon, at helikopter na pang-uulan ng bala *(helicopter strafing).* Ikalawa, nabubuhay sa higit pang takot ang mga testigo kaysa sa ibang bahagi ng bansa, at nakatanggap ako ng impormasyon tungkol sa mga kaso na kailanman ay di inireport sa PNP. Ikatlo, kadalasang mahirap tukuyin kung sino ang responsable para sa mga abuso. Di bihira para sa Gobyerno na bintangan ang ASG o MNLF at para sa mga biktima, na bintangan ang AFP. Dahil sa kawalan ng epektibong imbestigasyon, madalas mahirap tiyakin ang katotohanan. Anumang grupo ang may sala para sa mga partikular na abuso, maliwanag na dramatikong tumaas ang bilang ng mga abuso sa panahon ng malalaking operasyon ng AFP laban sa ASG o MNLF. Mahusay ang ginawang pag-ulat ng CHRP sa arkipelagong Sulu, at

dapat pagalingin pa ang kapasidad nitong magpadala ng mga tao para magmonitor at magbigay proteksyon sa sandaling magsimula ang mga operasyong militar.

36. Kakaunti lamang na mga alegasyon ang natanggap ko sa mga extrahudisyal na exekusyon sa Maguindanao at iba pang lugar sa kanlurang Mindanao. Posible na mas kakaunti nga ang mga ganitong abuso. Nasa gitna ng aktibong prosesong pangkapayapaan ang Gobyerno at MILF at nagtutulungan pa nga sila sa mga pagkilos laban sa mga terorista. Gayunpaman, ang mga alegasyong akin ngang natanggap, kasabay ng sapilitang paglikas ng napakalaking bilang ng populasyon dahil sa patuloy na labanan, ay tentatibong nagpapahiwatig na ang relatibong kawalan ng mga balita sa mga abuso sa karapatang pantao ay maaring di nagsasalamin ng tunay na sitwasyon. Dapat pag-isipan ang pagtatag ng isang mekanismo sa loob ng balangkas ng prosesong pangkapayapaan ng Gobyerno-MILF para sa pagmonitor at publikong pag-ulat sa sitwasyon ng karapatang pantao.[48]

VII. MGA PAGPASLANG KAUGNAY SA MGA PAGTATALO SA REPORMANG AGRARYO

37. Ang mga magsasakang nag-aangkin ng mga karapatang panlupa sa ilalim ng programa ng Gobyerno sa repormang agraryo ay natatagpuan ang kanilang mga sariling nadadamay sa mga tunggalian ng Gobyerno, CPP/NPA/NDF, at malalaking may-ari ng lupa.[49] Tinatag ng Gobyerno ang Programa sa Kumprehensibong Repormang Agraryo (Comprehensive Land Reform Program o CARP) noong 1988 para sa pamamahagi muli ng lupa sa mga magsasaka.[50] Tinatanaw ng CPP/NPA/NDF ang CARP na isang “hatiin at pagharing pakana” para hadlangan ang “tunay na repormang panlupa ng kilusang rebolusyunaryo”.[51] Sa pangkalahatan, tutol ang mga may-ari ng lupa sa lahat ng mga programang redistribusyon, bagamat ang posibilidad na sasamantalahin ang mga tensyong dulot na pagsisikap ng Gobyerno at CPP/NPA/NDF ay kung minsan humahantong sa mga kumbinyenteng pakikipag-alyansa. Ang mga opsyon o maaring pagpiliang kinakaharap ng mga magsasaka ay marahil ang pinakamahirap, sapagkat kahit na sumusuporta sila sa pangmatagalang programa ng CPP, maaring nais nilang makinabang agad sa mga benepisyo ng CARP. Gayunpaman, ang pagpiling ito ay di hinihikayat ng CPP/NPA/NDF, at gayundin, ng mga may-ari ng lupa. Sa kanilang panig, ang mga opisyal ng Gobyerno ay kadalasang mas intersado sa pagprotekta ng mga pag-aari ng mga lokal na elit kaysa ng buhay at mga karapatang panlupa ng mga magsasaka. At sa praktis, kapansin-pansin ang kakulangan ng proteksyon ng PNP sa mga magsasakang nagtatangkang kunin ang pag-aari ng lupang naigawad na sa kanila.

VIII. MGA PAGPASLANG NG MGA MAMAMAHAYAG

38. Dumadalas ang pagpaslang ng mga mamamahayag. Mula 1986 hanggang 2002, karaniwang 2 at 3 bawat taon ang pinapatay, depende sa kung paano nagbibilang ang isang tao.[52] Noong 2003-2006, ang bilang ng pinapatay ay karaniwang 8 hanggang 10. Gayunpaman, habang nagkakataong nagkakasabay ang mga kalakaran, at kadalasang pinagsasama ang dalawang penomena sa publikong kaisipan, lumilitaw na magkaibang dahilan ang pagpatay ng mga mamamahayag sa pagpatay ng mga aktibistang leptis. Ayon sa mga nakausap kong mamamahayag at mga organisasyon para sa proteksyon ng mga mamamahayag, may lokal na ugat ang mga pagpatay.[53] Ilan sa mga pagpaslang ay isinasagawa para pigilan ang mga

mamamahayag na maglantad ng impormasyon kaugnay sa mga krimen at korupsyon ng mga makapangyarihang indibidwal. Ang ibang pagpatay naman ay bunga ng mga lokal na hidwaan kung saan lumahok ang mga mamamahayag sa pamagitan ng publikong pagtaguyod sa isang panig o sa kabila. Pinalalala ng struktura ng industriya ng media ang problemang ito. Maraming brodkaster ay mga "block-timer" na bumibili ng oras sa ere at pagkatapos ay nagbabayad para dito at naglalayon pang gumanansya sa pamagitan ng pagbenta ng mga patalastas. Kung minsan, kumikita rin sila ng pera mula sa tinatawag na "dyurnalismong AC/DC" – "atake, kolekta; depensa, kolekta". Humigit kumulang na tatlong kapat (3/4) sa mga pinatay na mamamahayag ay mga brodkaster, at halos kalahati dito ay mga "block-timer".[54] Anupamang sabihin, gaano man ka-kwestyunable ang praktis ng ilan sa mga mamamahayag, di nito mapapangatwiran ang pagpatay. May nakalulungkot na bahid ng impunidad o kaligtasan sa parusa para sa pagpatay ng mga mamamahayag.

IX. DAVAO: BIHILANTISMO O *DEATH SQUAD*?

39. Pangkaraniwan nang kumikilos sa Lungsod Davao ang isang pangkat-kamatayan o "death squad" (DDS). Gayunpaman, pinakinis na termino lamang ito para bahagyang tumukoy sa mga "grupong bihilante" kapag hinahanapan ng saysay ang nakagigitlang prediktabilidad ng extrahudisyal na pagpaslang ng mga kriminal, myembro ng gang, at batang lansangan. Isang bagay ang tahasang tumutukoy sa katangian nitong may opisyal na basbas ang mga pagpaslang na ito: Walang kasangkot dito na nagtatago ng kanyang mukha. Ang mga lalaking nagbibigay babala sa mga ina na sunod nang papatayin ang kanilang anak kapag di sila mapapakita ay walang pagkukubli kung dumating sa kanilang pintuan. Ang mga lalaking pinagbabaril o, at ito nagiging pangkaraniwan na lamang, ang mga bata sa kalye na pinagsasaksak ay halos di kailanman nagtatakip ng kanilang mga mukha. Sa katunayan, halos wala pang nababalitaang mamamatay-taong nagsuot ng "bonete" kung kaya di na ito naisip banggitin ng mga saksing aking ininterbyu hanggang naitanong ko.[55] Sa mga nakausap ko, walang nakasaksi sa mga gayong mga taong nagtakip ng kanilang mga mukha. Ang isang maalam ng tagapagtaguyod ang nagsabi sa akin na di humigit sa dalawa sa isang daang kaso ang gumawa nito.

40. Ang mayor ay isang awtoritaryanong populista na, maliban sa isang maikling pagsilbi bilang kongresman, matagal na sa posisyon mula 1988. Simple lamang ang kanyang programa: ang pagkikipagkasunduan sa CPP/NPA/NDF para matamo ang isang lokal na kapayapaan at ang pagdulot ng "malakas na hampas" sa mga kriminal. Noong nag-usap kami, giniit niyang kontrolado niya ang armi at ang pulis at sinabing "Dito tumitigil ang lahat." Ngunit, higit sa isang beses niyang dinagdag niya, "Wala akong tatanggaping kriminal na pananagutan." Habang paulit-ulit niyang kinilala na kanyang "ganap na responsibilidad" ang pananatiling di lutas ng daan-daang pagpatay na nangyari sa loob ng kanyang taning, kusa niyang pinagkakaila ang pagkakaroon ng isang pangkat-kamatayan at bumabalik siya sa temang walang mga laboratoryo ng droga sa Davao. Malayang inamin ng mayor na publiko niyang inihayag na gagawin niyang "mapanganib" at "di ligtas na lugar" ang Davao para sa mga kriminal. Ngunit giniit niyang para sa publikong gamit ang kanyang mga pahayag at walang epekto ang mga ito sa kilos ng pulis: "Batid ng mga pulis ang batas. May pagsasanay ang mga pulis." Sa totoo lang, di madedepensahan ang paninindigan ng mayor: Dahil lubos ang kanyang dominasyon sa lungsod, kaya niyang sugpuin ang lahat ng uri ng krimen, bagamat nananatili siyang walang

kapangyarihan sa harap ng daan-daang pagpatay na ginagawa ng mga taong walang maskara kahit na kitang-kita ng mga nakakasaksi.

41. Totoong noong unang nahalal ang mayor, karaniwan nang ginagawa ng NPA ang pagpatay sa mga pulis. Realidad din na may problema ang Davao sa mga gang ng kabataan. Mga grupo itong kusang binuo ng mga batang lansangan na nasa edad 10-25. Ngunit pangkaraniwan na ang paggamit ng droga at ang pakikisangkot sa maliliit na krimen, at nangyayari talaga ang mararahas na labanan ng mga gang. Kung tutuusin, nagawa ng mayor na isangga ang kanyang lungsod mula sa armadong labanan at ilimita ang ilang uri ng kriminal na aktibidad. Ang mga tagumpay na ito ay mukhang nakakuha ng pagsang-ayon sa kanyang mga hakbang, at nananatiling halos walang kamalayan ang publiko sa pinsalang pantao ng "hustisyang" pangkat-kamatayan.

42. Napakalaki ng pinsalang pantao. Mula 1998, nang simulang mag-ingat ng mga rekord mga organisasyong lipunang sibil, humigit sa 500 katao ang napatay sa pamagitan ng pangkat-kamatayan.[56] Hanggang 2006, kadalasang binabaril ang mga biktima. Mula noon, mas dumadalas ang pananaksak. Kinausap ko ang mga saksi at mga myembro ng pamilya ng 8 na biktima at isang nakaligtas, at nirepaso ko ang mga kaso ng karagdagang 6 na biktima at 3 na nakaligtas. Nagbibigay ang mga interbyung ito ng ilang mahahalagang pananaw sa kung paano nangyayari ang mga pagpatay at ang napakalaking emosyunal na pinsalang dinudulot nito sa pamilya at mga kaibigan.[57] Sa pangkalahatan, ang mga exekusyon ay tugon sa mga suspetsa sa maliliit na krimen; inuunahan ng mga babala o notipikasyon na nagpapaliwanag sa kanilang kahalagahan; at isinasagawa sa harap ng publiko at sa pamagitan ng metodikal na kawalang-bahala.

43. Paano kumikilos ang pangkat-kamatayan? Ang mga pag-usisang aking ginawa ay di nagbibigay ng buong larawan; gayunpaman, nagpapahiwatig ang mga ito ng dalawang panimulang punto para sa imbestigasyon at reporma. Una, lumalabas na ang mga "asset" na nagtuturo sa mga tinatarget na indibidwal para sa pangkat-kamatayan ay kadalasan mga suspek na kriminal na nirekrut pagkatapos silang hulihin sa pamagitan ng maagang pagpapalaya bilang pang-akit.[58] Ikalawa, lumilitaw na kasangkot kung minsan ang mga barangay opisyal sa pagpili ng mga target para sa pangkat-kamatayan, isang praktis na marahil ay nagmumula sa papel ng mga barangay opisyal sa pagpapangalan ng mga pinaghihinalaang nagbebenta ng droga para maisama sa PNP na listahan ng binabantayan *(watch list)*.[59] Sa puntong tumutulong ang mga opisyal ng bilangguan at mga konseho ng barangay sa pagpapatakbo ng mga pangkat-kamatayan, maari pa silang ireporma.[60] Maaring ilimita ang papel ng barangay opisyal sa pag-ipon ng intelihensya, at maaring mas higpitan ang pagpoproseso ng mga preso. Gayunpaman, ang pagwaksi ng pangkat-kamatayan sa panghuli ay nangangailangan ng pagsunod sa ebidensya paakyat sa mga namamahala na nag-uutos sa mga "asset" na magbigay ng lokasyon ng mga taong nasa mga listahan ng binabantayan at nag-uutos sa mga "hit men" na patayin ang mga ito. Kung di lang sana na tinatanggihan ng lokal na sangay ng CHRP ang pagkakaroon ng isang pangkat-kamatayan, may kakayahan sana itong magsagawa ng isang epektibong imbestigasyon. Maraming mga testigong makapagbibigay ng impormasyon na di kailangang magpakilala o makakapagtestigo kung mabigyan sana sila ng isang mapagkakatiwalaang plano para sa proteksyon.[61]

44. Maaring di popular ang pagtanggol sa mga karapatan ng mga batang lansangan, ngunit walang sinuman ang nararapat na masaksak para sa maliliit na krimen. Mayroon nang mga panimulang indikasyong inuulit na ang mga gawaing ito sa ibang bahagi ng Mindanao at Cebu, at dapat hintuin agad ang kalakarang ito.

X. ANG SISTEMA NG HUSTISYANG PANGKRIMINAL

A. Pahapyaw na Tingin

45. Mayroong impunidad o kawalang kaparusahan para sa mga extrahudisyal na exekusyon. Wala pang nahatulan para sa mga kasong may kinalaman sa mga aktibistang leptis,[62] at anim lamang na kasong may kinalaman sa mga mamamahayag ang nagresulta sa hatol.[63] Ang kabiguan ng sistema ng hustisyang pangkriminal na makakuha ng hatol at makahadlang sa mga pagpatay sa hinaharap ay dapat maunawaan sa kontexto ng pangkahalatang struktura ng sistema. Ang mga krimen ay iniimbestiga ng dalawang grupo: ang PNP na organisado sa pambansang lebel ngunit karaniwang napapailalim sa "operasyunal na superbisyon at kontrol" ng mga lokal na mayor; at ang National Bureau of Investigation (NBI) na kontrolado mula sa sentro.[64] Ang mga prosekutor na nakapaloob sa National Prosecution Service (NPS) ng DOJ, ang nagpapasya kung malamang may sanhi at pagkatapos ay nagsasakdal ng mga kaso sa korte.[65] Normal na proseso ito; gayunpaman, sa mga kasong dinadawit ang mga publikong opisyal, ang Ombudsman ang dapat magpaimbestiga at magsagawa ng pagsasakdal. Nililitis ang mga kaso sa korte at ang Korte Suprema ang nangangasiwa sa hukuman at naglalaan ng pinakamataas na antas ng apeladong rebyu.[66] Ang mga kaso laban sa mga nakatataas na opisyal ng Goyerno ay dapat isakdal ng Ombudsman sa harap ng Sandiganbayan[67] kaysa mga ordinaryong korte, ngunit ang Korte Suprema pa rin ang pinakamataas ng lebel ng apeladong rebyu. Ang Inter-Agency Legal Action Group (IALAG) ang pinakahuling dagdag sa sistema at umaapekto sa operasyon ng NBI, NPS at PNP.

B. Binabaluktot ng Inter-Agency Legal Action Group (IALAG) ang mga prayoridad ng sistema ng hustisyang pangkriminal

46. Nagtatangka ang mga nakatataas ng opisyal ng Gobyeno na gamitin ang mga prosekusyon sa paglansag ng karamihan sa mga organisasyong lipunang sibil at mga grupong party-list na pinaniniwalaan nilang prente ng CPP. Habang tinatalakay kung minsan ang proyektong ito na parang isang madilim na sabwatan, bukas at tahasang pinaliwanag ito sa akin ng maraming opisyal bilang pinakabatayang papel ng IALAG na naitatag noong 2006.[68] Ang IALAG ay isang ehekutibo at di tagapayong lupon. Samantalang kasama dito ang mga representatibo ng sari-saring organo ng hustisyang pangkriminal, intelihensya at militar, ang kapangyarihang institusyunal at legal na awtoridad na nangingibabaw sa mga operasyon nito ay nakabuhos sa Office of the National Security Adviser.[69] Sa pambansang antas, nagpupulong ang IALAG kahit man lang isang beses bawat ikalawang linggo, nagtatalakay ng ebidensya sa mga partikular na kaso at nagdedebate kung sapat na ito para magsampa ng isang kriminal na sumbong. Mayroon ding mga rehyunal at probinsyal na lupon ng IALAG na may katulad na struktura at papel. Ang pagsisikap ng IALAG ang dahilan ng mga sakdal laban sa ilang mambabatas na leptis at mga taong nabigyan ng garantiya ng imunidad para makatulong sa mga negosasyong pangkapayapaan sa NDF.

47. Ang dahilan ng pagtatag ng gayong pansamantalang *(ad hoc)* mekanismo para sa pagsampa ng mga sakdal laban sa mga myembro ng mga ganitong organisasyong lipunang sibil at mga grupong party-list ay sapagkat bihirang gumawa ang mga ito ng anumang lantad na salang kriminal. Di kailanman binawi ng Kongreso ang desisyon nitong gawing legal ang pagsapi sa CPP o tumulong na makapasok ang mga grupong leptis sa demokratikong pulitikal na sistema.[70] Ngunit ang ehekutibong sangay, sa pamagitan ng IALAG, ay matibay na nagsisikap na umilag sa diwa ng mga lehislatibong pasyang ito at gamitin ang pagsakdal para hadlangan ang gawain ng mga grupong ito at kwestyunin ang kanilang karapatang kumilos nang malaya.

48. Anong pangangatwiran ang binibigay sa paglunsad ng ganitong legal na opensiba? Isang paliwanag na aking natanggap ay kung legal ang pagsapi sa CPP, inaasahang isusuko ng mga myembro nito ang kanilang armas at lalahok sa pakikibakang parlyamentaryo. Batay sa ganitong interpretasyon, nilayon ng CPP sa halip ang sabayang pagtaguyod ng armado at parlyamentaryong pakikibaka. Maraming nakatataas ng opisyal ng gobyerno ang malinaw na nagpahayag na tinuturing nila ang mga grupong party-list sa Kongreso bilang bahagi ng insurhensya. Maliwanag ang kaso na may mga tao sa Kongreso, at gayundin sa bundok, na naninindigan sa ideolohiyang “pambansa demokratiko”, ngunit nang tinanong ko ang aking mga kapanayam kung sa anong paraan ang mga myembro ng Kongreso na kasapi ng mga binabatikos na partido – Bayan Muna, Anakpawis, at Gabriela – ay lumabis sa pagpapahayag ng simpatiya para sa armadong pakikibaka hanggang sa aktwal na pagsuporta dito, paulit-ulit akong binigyan ng parehong walang katibayang alegasyon na binibigay ng mga kongresistang ito ang kanilang “pork barrel” sa NPA.[71] Nabigo ang mga kasong isinampa laban sa ilang kongresista batay sa mga ganitong dahilan. Giniit ng isa na bagamat maaring kulang ang publikong magagamit na ebidensya, ang mga sakdal ay sapat na sinusuportahan ng impormasyon sa intelihensyang di maaring ibunyag. May isa pang simpleng nagpabatid sa akin na ang mga mandamyento ay inisyu batay sa malamang na sanhi *(probable cause)* at hindi siya titigil sa pagtrato sa mga kongresista bilang mga kriminal nang dahil lamang sa wala pang natamong hatol.

49. Ang pangunahing layunin ng IALAG ay ang pagsakdal at pagparusa ng mga myembro ng CPP at ng sinasabing mga prenteng grupo nito kung mayroong legal na batayan para gawin ito. Wala akong natanggap na patunay na dinisenyo ito o karaniwang ginagamit ito sa pagplano ng mga extrahudisyal na exekusyon. Gayunpaman, ang pro-aktibong legal na stratehya ng IALAG ay nangangailangan ng pagbuo ng mga listahan ng mga indibidwal na tinuturing na kalaban ng estado bagamat di maabot ng legal na proseso ang karamihan. Maliwanag ang tukso na patayin ang mga gayong indibidwal; lumalahok sa mga lupon ng IALAG sa lahat ng lebel ang mga representatibo ng AFP at PNP na may kakayahang gawin ito; at may sirkumstansyal na ebidensya na nangyari na ito ilang beses.[72] Gayunpaman, ang pinakamapinsalang papel na ginampanan ng mga lupon ng IALAG ay ang paghimok sa mga prosekutor na kumilos bilang kapangkat ng AFP at PNP sa operasyong kontra-insurhensya at di bigyang halaga ang mga kasong may kinalaman sa pagpaslang sa mga aktibistang leptis.

C. Nag-aalangan ang pulis na imbestigahin ang militar

50. Walang ni isa sa aking mga kinausap ang nagkwestyon sa awtoridad at tungkulin ng PNP na imbestigahin ang mga krimeng di umano’y ginawa ng AFP. Gayunpaman, sa praktis, ginagawa ito sa matamlay na paraan. Ang mga mapapaniwalaang paliwanag sa ganitong pag-

aatubili ay takot, di hayag na unawaan na di dapat imbestigahin ang mga krimen ng AFP, mga personal na pagkabigkis na nadarama ng mga nakatataas na opisyal ng AFP at PNP,[73] at ang pakikiisang pinaunlad ng kasalukuyang pakikipagtulungan sa mga kontra-insurhensyang operasyon.[74]

D. Mahinang pagtutulungan ng mga pulis at mga prosekutor ay humahadlang sa mabisang pag-ipon ng ebidensya

51. Ang kasalukuyang sistema ay lubhang nagpapahina ng kooperasyon sa pagitan ng mga prosekutor at pulis kung kaya bawat isa ay natutuksong simpleng bintangan ang kabila para sa kabiguan ng pagtamo ng hatol. Prosekutor sa halip na husgado ang nagpapasya kung anong ebidensya ang nagbibigay ng malamang na sanhi para sa pagsakdal. Sa panimulang pagdinig *(preliminary hearing),* inaasahang magpakita ng ganap na imparsyalidad o kawalang kinikilingan ang mga prosekutor. Tinitingnan ng mga prosekutor ang kanilang sarili na walang kakayahang gumabay sa pulis sa bagay ng testimonya at pisikal na ebidensya na dapat kunin para makagawa ng kaso. Kahit na matagpuan ng prosekutor na kulang ang ebidensyang inihain ng pulis sa panimulang pagdinig, bihira silang nagbibigay ng makatwirang paliwanag para sa kakulangang iyon sa takot na magmukhang mayroon silang pinapanigan. Kung gayon, kulang ang pulis ng expertong patnubay para sa pagbuo ng kaso. Samantalang napakalalim nang nakaukit ang problemang ito sa kultura ng sistema ng hustisyang pangkriminal, ang mga pagbabago sa papel ng prosekutor ay maaring gawin sa pamagitan ng pag-amenda ng “Mga Alituntunin ng Prosidimyento Kriminal” *(Rules of Criminal Procedure)* na pinapatupad ng Korte Suprema.[75] Dapat gamitin ng Korte Suprema ang kapangyarihang ito sa pag-utos sa mga prosekutor na magbigay ng pinangatwirang desisyon para sa mga pagtiyak ng malamang na sanhi at paggiit na magkaroon ang mga prosekutor ng mas pro-aktibong papel sa pagtiyak ng angkop na imbestigasyon ng mga kasong kriminal.

E. Di sapat ang programa para sa proteksyon ng testigo

52. Ang kawalan ng mga testigo ay isang susing paliwanag kung bakit halos di humahantong sa hatol ang mga extrahudisyal na exekusyon. Iminungkahi sa akin ng isang experto na ang kawalan ng mga testigo ay nagreresulta sa di pag-usad ng walo sa sampung kaso ng extrahudisyal na pagpaslang mula sa panimulang imbestigasyon hanggang sa hakbang ng aktwal na prosekusyon. Sa isang relatibong mahirap na lipunan kung saan may malakas na pagsandig sa komunidad at napakalimitado ng heograpikal na pagkilos, katangi-tangi ang mga testigo sa kanilang kahinaan laluna kung ang mga pwersang akusado ng mga pagpaslang ay kadalasan iyon din o may kaugnayan sa mga inatasang tiyakin ang kanilang seguridad. Ang kasalukuyang mensahe ay kung nais mong pahabain ang iyong buhay, huwag kang magsilbing testigo sa isang prosekusyong kriminal para sa pagpaslang.

53. Ang programa para sa proteksyon ng testigo ay pinangangasiwaan ng NPS. Problematiko lang ito dahil ang walang pinapanigang papel na inaasahang gampanan ng mga prosekutor sa maaagang yugto ng isang kasong kriminal ay maaaring magpabigat sa kanilang kalooban na mag-alok ng proteksyon ng testigo. Maaring lutasin ang problemang ito sa pamagitan ng pagtatag ng isang hiwalay na opisina para sa proteksyon ng testigo na malaya sa mga prosekutor, ngunit saklaw pa rin ng Departamento ng Hustisya (DOJ).[76] Kung gayon,

magiging malaya ang opisinang iyon para gampanan ang isang pro-aktibong papel sa pagbigay proteksyon sa testigo.

54. Malalim ang depekto ng pagpapatupad ng batas na nagtatatag ng programang proteksyon para sa testigo.[77] Maaring maging tunay na mabisa ito sa napakalimitado lamang na bilang ng mga kaso. Sa praktis, lubhang makitid ang interpretasyon ng mga karapatan at benepisyong inaatas ng batas para maging posible ang paglahok para sa ilang testigo.[78] Ang isa pang laging tinutukoy na kapintasan, malamang sanhi ng kakulangan ng mga mapagkukunan, ay ang di pagtanggap ng mga myembro ng pamilyang nalalagay sa panganib sa programa, gayong sa teorya, "alinmang myembro ng kanyang pamilya hanggang sa pangalawang antas ng pagkakamag-anak batay sa dugo o matrimonya" ay maaaring tanggapin kung nasa panganib.[79] Ang mas pundamental na problema ay kahit na mayroong testigo, bihirang mabilis umusad ang mga kaso sa paraan ng sistema ng katarungan.[80] At kung ang isang kaso ay di sumulong, tinatanggal sa programa ang testigo, kahit pa man siya ay nasa panganib.

F. Limitadong kakayahan sa forensik ay humahantong sa labis na pagsandig sa testimonya ng testigo

55. Ang mas malaking kapasidad sa paggamit ng pisikal na ebidensya ay magpapahintulot sa pagsulong ng mas maraming kaso kahit walang testimonya ng testigo. Ang impormasyong tinanggap ko mula sa mga opisyal ay samantalang may ilang laboratoryo at experto sa forensik sa Manila, bihirang magamit ang mga ito sa halos buong bansa.

G. Kulang sa independensya ang Ombudsman

56. Ang Opisina ng Ombudsman ay responsable sa pag-imbestiga at pagsakdal ng mga krimen at iba pang masamang kilos ng mga publikong opisyal.[81] Gayunpaman, nitong mga nakaraang taon, halos walang ginawa ang opisina ng Ombudsman para imbestigahin ang pagkakasangkot ng mga opisyal ng Gobyerno sa mga extrahudisyal na exekusyon. Sa kabila ng pagtanggap nito ng makabuluhang bilang ng mga reklamong nagbibintang ng mga extrahudisyal na exekusyon sa mga ahente ng Estado, walang impormasyong maibigay ang opisina ng Ombudsman na nagpapahiwatig na nagsagawa ito ng anumang produktibong imbestigasyon.

57. Sinuko ng Opisina ng Ombudsman ang kalayaang inatas ng konstitusyon mula sa ehekutibong sangay. Una, inangkin nito ang isang di maipagtanggol na makitid na interpretasyon ng kung ano ang sinasaklaw ng sariling kapangyarihan, piniling di magpasimuno ng imbestigasyon sa extrahudisyal na exekusyon maliban kung mayroon nang malakas na ebidensya na responsable ang isang publikong opisyal sa partikular na kaso. Ikalawa, ang Opisina ng Ombudsman ay kadalasan kumikilos bilang *de facto* o ganap na sangay ng Department of Justice. Ang NBI ang gumagawa ng karamihan sa mga imbestigasyon nito. Alinsunod sa isang Memorandum ng Kasunduan sa pagitan ng DOJ at Opisina ng Ombudsman, ang kaukulang Rehyunal na Prosekutor ng Estado at ibang nakatataas na mga myembro ng NPS ng DOJ ang nagmomonitor at nangangasiwa sa "matagumpay na pagsakdal at mabilis na paglutas ng mga kaso ng Ombudsman". Mga "sugong prosekutor" mula sa NPS "ay may pangunahing tungkulin ng pagsakdal ng mga kaso ng Ombudsman", at ang mga prosekutor-imbestigador mula sa Opisina ng Ombudsman ay "tutulong, kung maisasagawa, sa Sugong Prosekutor sa pagsakdal ng kaso" at "maari, kung may naunang pahintulot mula sa Ombudsman

o kanyang Deputado, na akuin ang prosekusyon ng kaso sa anumang bahagi nito."[82] Bilang praktikal na bagay, ang mga pag-aayos na ito ay nagsisilbi sa lahat; ngunit ganap na nagpapailalim ang Ombudsman sa DOJ.

58. Ginigiit ng Ombudsman na maaring akuin ng kanyang opisina ang isang kasong hawak ng DOJ anumang oras, ngunit hindi malinaw kung paano malalaman ng Ombudsman na kailangan ang gayong hakbang kung isaalang-alang ang kakulangan ng paglahok ng kanyang Opisina. Pinaliwanag ng isang NPS prosekutor sa lokal na lebel na, sa kanyang lugar, ang lokal na representatibo ng Ombudsman ay umuupo sa opisina ng DOJ, nirerepaso ang gawain ng mga prosekutor ng DOJ at pinapasa ito sa Ombudsman sa Manila. Ito, sa kanyang salita, ay relasyong "kaibigan", sapagkat ang tauhan mula sa Opisina ng Ombudsman ay nag-aatubiling punahin ang kilos ng, kung tutuusin, kanyang kasamahan.

H. Ang papel ng mga korte

59. Kapag tumigil ang karamihan ng mga kaso sa yugto ng imbestigasyon o prosekusyon, mahirap tasain ang pagkamabisa ng hudisyaryo. Gayunpaman, binanggit ng mga kapanayam ang dalawang isyung natatangi sa hudisyaryo. Una, karaniwang naaantala at hindi dinadaos sa magkakasunod na araw ang mga paglilitis. Dahil dito, nadadagdagan ang mga pagkakataon para sa pananakot sa testigo. Kung ganap na pinatutupad, dapat lunas sa problema para sa mga gayong kaso ang pasya ng Korte Suprema na magtatag ng "mga espesyal na korte" para sa "mga kasong may kinalaman sa mga pagpaslang ng mga pulitikal na aktibista at mga myembro ng media".[83] Ikalawa, kadalasang lumilipat ng tirahan ang mga testigo para iwasang magantihan sila, ngunit bihirang nagpapahintulot ang mga husgado na baguhin ang lugar sa gayong batayan.[84] Dapat tiyakin ng hudisyaryo na ang pamamahala sa listahan ng mga nililitis na kaso *(docket management)* at mga desisyon ng lugar kung saan idadaos ang paglilitis ay tutulong sa paglahok at proteksyon ng testigo.

XI. ANG KONGRESO AT ANG EHEKUTIBO

60. Hinahadlangan ng ehekutibong sangay ang pagsisikap ng lehislatura na pangasiwaan ang pagpapatupad ng mga batas. Maliban sa mga pagdinig ng badyet, bihirang pinapayagan ang mga opisyal militar na humarap sa Kongreso. Buong kalituhang sinalaysay ng isang nakakataas na opisyal ng gobyerno ang pagsisikap ng Komite sa Karapatang Pantao ng Kamara ng mga Representante na kunin ang testimonya ng mga nakakataas na opisyal militar. Tinuring itong kalokohan at "matagumpay na iniwasan". Ang opisyal na patakaran, na nasa anyo ng isang "memorandum sirkular" sa kasalukuyan, ay nagtatakda na sinumang opisyal na hinilingang "humarap sa alinmang Kamara sa Kongreso" ay dapat "ipadala muna ang kahilingan. . . sa Presidente na pinadaan sa Ehekutibong Sekretaryo" na siyang "titiyak kung ang paksa ng pag-uusisa ay pantulong sa paggawa ng batas at/o saklaw ng ehekutibong pribilehyo."[85] Ang ilan sa Kongreso ay sumang-ayon sa ganitong ayos. Sinabi ng Tagapangulo noon ng Komite sa Hustisya at Karapatang Pantao ng Senado na di niya naaalalang nagkaroon ng anumang pagdinig kaugnay sa patuloy na mga extrahudisyal na pagpatay. Gayunpaman, giniit niyang hindi ito problema sapagkat ang pagpatay ay isang pinarurusahang sala, kung kaya di na kailangan magkaroon pa ng dagdag na lehislasyon para dito.

61. Bigo rin ang lehislatura sa paggamit ng konstitusyunal na awtoridad para hadlangan ang promosyon ng mga opisyal militar na nadadawit sa pag-abuso sa karapatang pantao. Ang paghirang ng opisyal "mula sa rangko ng kolonel o kapitan ng hukbong-dagat" ay kapangyarihan ng Presidente sa pagsang-ayon ng Commission on Appointments, isang lupong binubuo ng mga myembro ng Kamara ng mga Representante at ng Senado.[86] (AFP ang may kontrol sa promosyon sa mas mababang mga rangko.) Isa ring hayag na patakaran ng ehekutibong sangay na dapat may "clearance" o "kawalan ng sagutin" sa karapatang pantao ang mga sundalo mula sa CHRP bago makakuha ng anumang promosyon.[87] Paulit-ulit na pinagtibay sa akin ng mga Kongresmen, opisyal militar at tauhan ng CHRP na ito ang patakaran, at ang AFP, CHRP at Commission on Appointments ay lahat lumalahok. Gayunpaman, wala na akong iba pang palagay kundi na ito'y isang walang saysay na pormalidad. Paulit-ulit man akong nag-usisa, ni isa ay walang makaalala ng isang kaso man lang, kung saan ang isang promosyon ay hinadlangan. Para tiyakin ang higit na pananagutan, dapat sundan ng CHRP ang mga desisyong "clearance" sa pamagitan ng pagsubaybay ng mga kasunod na desisyon sa promosyon ng AFP at Commission on Appointments.

XII. KOMISYON SA MGA KARAPATANG PANTAO

62. Ang Komisyon sa mga Karapatang Pantao ng Pilipinas *(Philippine Commission on Human Rights o CHRP)* ay natatangi bilang isang mekanismo ng pagsubaybay na nag-aalaga ng independensya nito't mandato. Gayunpaman, mas malaking pondo at materyal ang dapat ilaan para matiyak ang pagkamabisa ng mga imbestigasyon nito.

63. Tinatag ng Konstitusyon ang CHRP bilang isang malayang lupong naatasang mag-imbestiga ng mga paglabag sa mga karapatang pantao, magtalaga ng mga pangontrang hakbang at tulong legal sa mga biktima, magrekomenda ng mga reporma, at magmonitor ng pagtupad ng Gobyerno sa mga obligasyon nito sa mga kasunduan sa karapatang pantao.[88]

64. Sa aking mga talakayan sa mga komisyuner at tauhan ng CHRP at sa mga tagapagtayod ng lipunang sibil, lahat sila'y nagpahayag na ang pagpapahusay ng kakayahan sa pag-imbestiga ang dapat maging pinakamataas na prayoridad ng CHRP. Nangangailangan ito ng pag-empleyo at pagbigay ng kasanayan sa mas maraming imbestigador, pagtuon ng mas malaking pondo at materyal sa mga imbestigasyon, at pagpapahusay ng kakayahan ng mga imbestigador na gumamit ng pisikal na ebidensya.[89] Ganito ang nasa isip, natuwa akong mabatid na noong Marso, naglaan ang Gobyerno ng mas malaking pondo para sa CHRP.[90]

65. Maraming tagapagtaguyod at, gayundin, marami sa tauhan ng CHRP ang nananawagan na mabigyan ang CHRP ng kapangyarihang magsakdal. Lubhang nakatutukso ang panukalang ito: Sa kasalukuyan, nakakapagsumite ng mga kaso ang mga imbestigador ng CHRP sa isang prosekutor o ombudsman, ngunit bihirang sumulong ang mga ganitong kaso. Gayunpaman, higit na matimbang ang mga panganib kaysa sa mga pakinabang na idudulot ng panukala. Una, mayroon nang ibang organo na responsable sa pagsakdal ng mga kaso, kasama ang isa (ang Ombudsman) na malaya sa ehekutibo. Ang pagbigay sa CHRP ng kapangyarihang magsakdal ay di lamang maulit kundi magkokompromio sa responsibilidad na tanging CHRP ang may tangan: ang pagsubaybay na ginagalang ng lahat ng ibang organong ito ang mga karapatang pantao. Ikalawa, habang ang paggawad ng kapangyarihang magsakdal ay magbibigay ng ngipin sa

CHRP, dadami rin ang mga panganib sa seguridad na haharapin ng mga imbestigador nito at mga testigo. Sa kasalukuyan, may potensyal ito sa publiko at awtoritatibong pagbunyag ng katotohanan ng malawakang abuso sa kabila ng halos kawalan ng mga hatol kriminal.

XIII. MGA REKOMENDASYON

66. Nabibigyan ako ng pag-asa dahil sa maraming hakbang na ginawa ng Gobyerno kailan lang,[91] at natututo ako sa maraming mga rekomendasyong inihain ng ibang mga ulat.[92] Batay sa sarili kong mga obserbasyon, naniniwala akong napakahalaga ng mga sumusunod na hakbang:

67. Dapat iwaksi ang mga exekusyong extrahudisyal mula sa mga operasyong kontra-insurhensya:

(a) Bilang Punong Komandante ng sandatahang lakas, dapat gumawa ng mga konkretong hakbang ang Presidente para bigyang wakas ang mga aspeto ng mga operasyong kontra-insurhensya na humantong sa pagtarget at pagpaslang ng maraming indibidwal na kumikilos sa mga organisasyong lipunang sibil.

(b) Dapat magsagawa ng mga kinakailangang hakbang para tiyaking ang prinsipyo ng pananagutan ng nagmamando *(command responsibility)*, ayon sa pagkakaunawa sa batas internasyunal, ay isang batayan para sa pananagutang kriminal sa loob ng domestikong kaayusang legal.

(c) Dapat agad utusan ng Gobyerno ang lahat ng opisyal militar na tumigil sa paggawa ng mga publikong pahayag na nagkakawing ng mga pulitikal at iba pang grupong lipunang sibil sa mga lumalahok sa mga armadong insurhensya. Anumang gayong paglalarawan ay tanging nasa kapangyarihan ng mga sibilyan na awtoridad. Dapat ibatay ang mga ito sa malinaw na pamantayan, at umaayon sa mga probisyon sa karapatang pantao ng Konstitusyon at mga kaukulang tratado.

(d) Dapat maging malinaw ang mga "orders of battle", "watch list", at mga katulad na listahan ng mga indibidwal at organisasyong minamantini ng AFP, PNP at iba pang elemento ng sistema ng pambansang seguridad. Habang maaring mapangatwirang ituring na lihim ang nilalaman ng mga listahang ito, dapat gawing publiko kung anong mga listahan ang mayroon, ang mga layunin nito, ang pamantayan para sa mga isinasama, at ang bilang ng mga pangalan sa bawat isa.

68. Dapat tigilin ang paggamit ng *death squad* o pangkat-kamatayan sa Lungsod Davao:

(a) Dapat bawiin ng NAPOLCOM sa mayor ng Lungsod Davao ang kapangyarihan ng pangangasiwa at pagkontrol sa mga yunit ng PNP na saklaw ng kanyang hurisdiksyon at dapat gawing responsibilidad ng mga opisyal na nagmamando ng mga yunit na iyon ang pagbigay wakas sa pangkat-kamatayan.

(b) Habang dapat iulat ang mga partikular na krimen, dapat ipawalang bisa ang mga batas at gawain kung saan nagsusumite ng mga pangalan (hal. mga nagtutulak ng droga) ang mga konseho ng barangay at mga kapitan para maisama sa mga *watch list* ng nagpapatupad ng batas.

(c) Dapat magsagawa ng isang independenteng imbestigasyon para kilalanin ang mga taong nagdidirekta sa mga "asset" at "hit men" ng pangkat-kamatayan.

69. Dapat makatamo ng mga paghatol sa ilang makabuluhang bilang ng exekusyong extrahudisyal. Mayroon nang mga akmang institusyunal na pagsasaayos, ngunit kailangan maging mas malinaw ang mga ito para mabisa. Kung kaya:

(a) Dapat mag-isyu ang CHRP ng buwanang ulat sa mga natanggap nitong paglilista ng mga alegasyon ng exekusyong extrahudisyal, kasama ng kasalukuyang status ng mga imbestigasyon nito.

(b) Dapat maaring makapagsumite ang mga myembro ng publiko ng mga kaso na pangangasiwaan ng Task Force Usig. Kapag nagpasya itong wala sa mandato nito ang isang kaso, dapat magbigay ito ng nakasulat na naipangatwirang paliwanag.

(c) Dapat maglabas ang Task Force Usig ng buwanang ulat sa status ng lahat na mga kasong tinatangka nitong lutasin.

(d) Dapat maglabas ang Korte Suprema ng buwanang ulat sa status ng lahat ng mga kasong nakahain sa mga espesyal na korte nito.

70. Dapat ipawalang bisa ang IALAG, at dapat ituon muli ng sistema ng hustisyang pangkriminal ang atensyon nito sa pag-imbestiga at pagsakdal ng mga gumagawa ng mga exekusyong extrahudisyal at iba pang mga seryosong krimen.

71. Dapat ireporma at ganap na ipatupad ang programa sa pagbigay proteksyon sa testigo:

(a) Dapat maging pro-aktibo ang pangangasiwa nito ng isang opisinang malaya sa NPS.

(b) Dapat matibay na mabigyan ng proteksyon ang testigo at ang lahat na malalagay sa panganib ng isang testimonya ng indibidwal.

(c) Dapat hayaang manatili ang mga indibidwal sa sistema ng proteksyon para sa testigo habang nalalagay sila sa panganib, kahit pa man tumigil ang isang kaso.

(d) Dapat tiyaking ang pabahay at iba pang benepisyong nakatakda sa ilalim ng programa ng proteksyon para sa testigo ay makapagbibigay ng seguridad at kaginhawahan sa lahat ng protektado;

72. Dapat gamitin ng Korte Suprema ang lahat ng mga hakbang para tiyakin ang mabisang prosekusyon ng mga exekusyong extrahudisyal. Kasama ng iba pang hakbang:

(a) Dapat ganap na ipatupad ang sistema ng mga espesyal na korte para sa mga pagpaslang ng mga aktibistang pulitikal at mga myembro ng media nang sa gayon, mapapahusay ang pagkamabisa ng mga paglilitis. Dapat gamitin ng hudisyaryo ang lahat ng iba pang mga hakbang na kailangan sa pagpapadali ng paglahok ng mga testigo, kasama ang mapagmalasakit na konsiderasyon sa mga hiling na baguhin ang lugar at mga desisyon ng pangangasiwa ng listahan ng mga nakahaing kaso na magpapadali sa paglahok at proteksyon ng testigo.

(b) Katulong ang ehekutibong sangay ng Gobyerno, dapat gamitin ng Korte Suprema ang mga kapangyarihang konstitusyunal nito sa praktis ng batas para igiit sa mga prosekutor na mayroon silang tungkulin sa publiko na ipagtibay at ipagtanggol ang mga karapatang pantao sa pamagitan ng pagtiyak ng epektibong imbestigasyon ng mga kaso at proteksyon ng mga testigo at dapat din silang magbigay ng mga naipangatwirang desisyon sa pagtiyak ng malamang na sanhi.

73. Dapat pangalagaan ang mga karapatang pantao sa loob ng mga prosesong pangkapayapaan:

(a) Dapat matugunan at mapatupad ng JMC ang mandato nito sa ilalim ng CARHRIHL.

(b) Dapat magbigay ng konsiderasyon sa pagtatag ng mekanismo sa pagmonitor ng mga abuso sa karapatang pantao sa loob ng balangkas ng prosesong pangkapayapaan ng Gobyerno-MILF.

74. Dapat gwardyahan ng Komisyon sa mga Karapatang Pantao (CHRP) ang kalayaan nito at dapat pahusayin nito ang kanyang pagkamabisa:

(a) Dapat mag-empleyo at magbigay ng pagsasanay sa mas maraming imbestigador ang CHRP at dapat bigyan sila ng kailangang pondo at kasangkapan para sa mga mabisang imbestigasyon.

(b) Dapat dagdagan ng CHRP ang pondong nakalaan para sa tulong sa biktima para tiyakin na ang mga testigo ay may sapat na seguridad para makagawa ng di-hudisyal na pagpapaliwanag sa kanilang mga kaso.

(c) Para magtakda ng higit na pananagutan sa proseso ng promosyon sa AFP, dapat sundan ng CHRP ang mga desisyon ng pagbigay “clearance” sa usapin ng karapatang pantao sa pamagitan ng publikong pagsubaybay ng mga kasunod na desisyon ng AFP at Commission on Appointments sa promosyon.

(d) Dapat pag-isipan ng CHRP ang mga hakbang na mas epektibong makapagbibigay proteksyon, at gayundin, makapagmonitor ng kaparatang pantao sa buong bansa kapag may nagaganap ng operasyong militar.

75. Dapat simulan ng opisina ng Ombudsman ang mabisang pagtupad ng malaya at konstitusyual na papel nito sa pagtugon sa mga extrahudisyal na pagpaslang na mapapaniwalaang may kinalaman ang mga publikong opisyal.

76. Dapat ibalik muli ng Gobyerno ang patakaran sa pagpapadali ng atas-Konstitusyong papel ng Kongresyunal na pangangasiwa kaugnay sa AFP at PNP, simula sa pagsasawalang-bisa ng lahat ng direktiba, memoranda, at utos na humahadlang sa gayong pangangasiwa.

77. Dapat tigilan na ng CPP/NPA/NDF ang paggamit ng mga hukom ng bayan na di sumusunod sa pamantayan sa karapatang pantao at batas internasyunal. Dapat tiyakin nitong nakatuon lamang ang gamit ng mapanganib na pwersa sa mga kombatante at mga sibilyang tuwirang lumalahok sa mga labanan.

78. Dapat itakwil ng CPP/NPA/NDF ang mga pahayag nito na ang mga tao ay may "utang-dugo", may "mga pananagutan sa sambayanan" o napapailalim sa prosekusyon sa harap ng mga hukom ng bayan.

Mga Tala

[1] Dapat kong bigyan pansin na ang ilan sa lumahok sa mga diskusyon o mga kapanayam ay nagpahiwatig na sinusubuan ako ng mga testigong ito ng propaganda. Di maipagkakailang pulitisado ang isyu ng extrahudisyal na exekusyon sa Pilipinas at ang mga nakasaksi sa pagpatay o sa mga hakbang na humantong sa pagpaslang ng mga aktibistang leptis ay di bihirang may simpatiya sa kaliwa. Sineryoso ko ang ganitong pagkabahala tungkol sa bayas o pagkiling sa isang panig. Gayunpaman, ang pagkakaroon ng dimensyon ng propaganda sa mga akusasyon na extrahudisyal na pinapaslang ng militar ang mga aktibistang leptis ay hindi, sa sarili nito, sumisira sa kredibilidad ng impormasyon at mga alegasyon. Sa halip, minungkahi ko ang pangangailangang gumamit ng ilang pagsubok ng kredibilidad.

Una, tangi lang bang mga NGO mula sa isang bahagi ng pulitikal na hanay ang gumagawa ng mga alegasyong ito? Maliwanag na ang sagot ay "hindi." Ang mga grupo sa karapatang pantao sa Pilipinas ay bumabagtas sa buong spektrum o hanay sa usapin ng kanilang mga pulitikal na simpatiya. Ngunit wala akong nakilalang mga grupong humamon sa batayang datos na malaking bilang ng mga extrahudisyal na exekusyon ay nagaganap, kahit pa man di sila nagkakasundo sa tamang bilang.

Ikalawa, gaano kapani-paniwala ang aktwal ng impormasyong inihain? Natuklasan kong may di kakaunti ang pagkakaiba-iba mula sa mga isinumiteng lubhang makatotohanan at mulat sa sitwasyon hanggang sa ilan na pinagpalagay kong mababaw at kahina-hinala. Ngunit ang karamihan ay mas malapit sa taas ng spektrum na iyon kaysa sa ibaba.

Ikatlo, napatunayan bang kapani-paniwala ang impormasyon kapag pinailalim sa "balik-tanong" o "cross-examination"? Ang aking mga kasamahan at ako'y nakinig nang malalim sa maraming bilang ng kaso at siniyasat namin ang mga kwentong sinalaysay sa amin para tiyakin ang kanilang kawastuhan at ang mas malawak na kontexto. Kinausap namin ang ilang testigo sa

higit na isang oras at nirepaso namin ang kung minsa'y napakaraming dokumentasyon, kasama dito ang mga afidavit, ulat sa identipikasyon ng armas, ulat sa autopsiya at mga ulat ng pulis. Nagkaroon ako ng duda sa ilan sa mga kaso, ngunit natuklasan kong kapani-paniwala ang malaking mayorya ng mga kaso.

Ika-apat, ang katotohanang buhay ang ilan sa mga taong inilista ng isang organisasyong lipunang sibil bilang biktima ng extrahudisyal na exekusyon ay nagpapatunay bang gawa-gawa lamang ang mga alegasyon? Maliwanag na di nakatutulong sa kredibilidad ng organisasyon ang mga gayong kamalian. Gayunpaman, nang ipakilala ako ng PNP sa dalawang gayong indibidwal, pinabatid sa aking dinetine sila ng – isang linggo ang isa at tatlong linggo naman ang ikalawa – at nakatanggap ako ng magkasalungat ng impormasyon sa bilis ng pagbigay notisya sa kanilang pamilya. (Sa panahon ng aking pagdalaw, pinakilala sa akin ng Task Force Usig ang dalawang indibidwal na buhay pa ngunit sinama sa listahan ng Karapatan: Renato Bugtong at Edwin Mascariñas. Sa pagkaunawa ko, ang bilang na iyon ay tumaas na sa lima. (Sulat ng Misyon ng Pilipinas sa United Nations, petsa 23 Mayo 2007.)) Sa ilalim ng gayong sirkumstansya, ang maling pag-ulat ng inakalang (masaya dahil pansamantala lang pala) pagkakawala bilang mga extrahudisyal na exekusyon ay maliit lang ang nagagawang pabulaanan ang napakalaking bilang ng nalalabing alegasyon.

[2] Pinagtibay ng Pilipinas ang ICCPR noong 23 Oktubre 1986, ang Geneva Conventions of 1949 noong 6 Oktubre 1952, at sinang-ayunan ang Second Additional Protocol to the Geneva Conventions of 1949 noong 11 Disyembre 1986.

[3] Noong 5 Hulyo1996, pinadala ng NDF sa Swiss Federal Council (and depositaryo para sa Geneva Conventions) at sa International Committee of the Red Cross (ICRC) ang "NDFP Declaration of Understanding to Apply the Geneva Conventions of 1949 and Protocol I of 1977" na nagpapahayag na "Kami ay pulitikal na awtoridad na kumakatawan sa sambayanang Pilipino at mga organisadong pwersang pulitikal na naglulunsad ng isang rebolusyunaryong armadong pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya, sa pagpapatupad ng karapatan sa sariling determinasyong sinasaklaw ng Artikulo 1, paragrap 4, ng Protocol I laban sa nagpapatuloy na mga salik at elemento ng kolonyal na dominasyon at laban sa pambansang paniniil. . . ." Sa pahayag nito, ang NDFP ay "taimtim na sumusumpa nang buong katapatan na isasagawa nito ang pagpapatupad ng Geneva Conventions at Protocol I sa armadong pakikibaka." Pinagtibay din nito na nakatali ito "sa internasyunal na kinaugaliang batas kaugnay sa mga makataong prinsipyo, pamantayan at tuntunin sa armadong labanan." Nilagdaan ang deklarasyon ng mga representatibo ng NDF, CPP, at NPA. Nauna dito, noong 1991, ang NDF ay "pormal na nagpahayag ng pagsunod nito sa makataong batas internasyunal, laluna sa Artikulo 3 na karaniwan sa Geneva Conventions, at gayundin, sa Protocol II na dagdag sa nasabing mga kumbensyon" ("Declaration of Adherence to International Humanitarian Law" [15 Agosto 1991]).

Nilagdaan ng Gobyerno at NDF ang Kumprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa Karapatang Pantao at Makataong Batas Internasyunal (Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law o CARHRIHL) noong 16 Marso 1998. Pinagtitibay ng kasunduan ang mga pagbabawal sa mga "biglaang exekusyon" *(summary execution)*, "mga imboluntaryong pagkawala", "masaker" at "walang pinipiling pambobomba", at ang pagtarget

ng mga “sibilyan o iyong wala namang aktibong papel sa mga labanan[,] mga taong sumuko[, at] iyong nailagay *hors de combat* o labas sa labanan dahil sa sakit, sugat, o anupamang dahilan” (Bahagi III, Art. 2(4); Bahagi IV, Arts. 2, 3(1), 4(2)). Naglaan din ang CARHRIHL para sa pagtatag ng isang Komite ng Pinagsamang Pagmonitor (Joint Monitoring Committee o JMC) na bubuuin ng tatlong myembrong pinili ng nakikipagkasunduang panel ng Gobyerno at tatlo mula sa nakikipagkasunduang panel ng NDF. (Bahagi V) Ang JMC ang “tatanggap ng mga reklamo ng mga paglabag sa karapatang pantao at makataong batas internasyunal at lahat ng kaukulang impormasyon at magpapasimuno ng mga kahilingan at rekomendasyon para sa pagpapatupad” ng CARHRIHL (Bahagi V, Artikulo 3). Napili na ang mga myembro kung kaya mayroon nang mga seksyon ng Gobyerno at NDF sa JMC. Gayunpaman, ang JMC mismo ay di pa nakapagpulong.

Pumasok ang Gobyerno at ang MILF sa isang “Kasunduan sa kapayapaan sa pagitan ng gobyerno ng Republika ng Pilipinas at ng Moro Islamic Liberation Front” noong 22 Hunyo 2001, pumayag sa “pagtupad ng makataong batas internasyunal at paggalang sa mga internasyunal na kinikilalang instrumento ng karapatang pantao. . . .” Pinalawig pa ang paninindigang ito sa artikulo IV ng “Implementing Guidelines on the Humanitarian, Rehabilitation and Development Aspects of the GRP-MILF Tripoli Agreement on Peace of 2001” na nilagdaan noong 7 Mayo 2002.

4 Sa karamihang kontexto, susunod ang ulat na ito sa karaniwang praktis ng pagtukoy sa CPP/NPA/NDF. Gayunpaman, kahit man lang bilang pormal na bagay, ang CPP, ang NDF, at ang NPA ay magkakahiwalay na organisasyon kung saan ang CPP ay may namumunong papel.

Ayon sa konstitusyon nito, ang NDF “ay naninindigan sa programang pag-isahin ang mga demokratikong uri at mga espesyal na sektor ng lipunan para sa rebolusyunaryong pakikibaka laban sa imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo” (art. IV) at kumikilala na ang “Rebolusyong Pilipino ay isang pambansa-demokratikong rebolusyon. . . sa ilalim ng namumunong uri ng proletaryo sa pamagitan ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLMZT)” (art. II). (Konstitusyon ng Demokratikong Prente ng Pilipinas” na pinagtibay ng NDF Pambansang Kumperensya ng mga Representatibo, Hulyo 1993 (Annex A-2 ng *Declaration of Undertaking to Apply the Geneva Conventions of 1949 and Protocol I of 1977* (NDFP-Nominated Section of the Joint Secretariat of the GRP-NDFP Joint Monitoring Committee (walang petsa)) [*Declaration of Undertaking*].)

Alinsunod sa “Mga Batayang Tuntunin ng New People’s Army” (Annex C ng *Declaration of Undertaking*), “Laging maninindigan ang New People’s Army sa liderato ng Communist Party of the Philippines at kung gayon, dapat itong sumunod sa lahat ng mga desisyon, utos at direktiba ng Pambansang Kongreso, Komite Sentral, *Political Bureau* at Komisyon Militar ng Partido.” (Prinsipyo I, Punto 1). Ang Komisyon Militar ay isang organo ng Komite Sentral, at ang pangunahing kontak sa NPA. (Prinsipyo I, Punto 2). Ngunit “Lahat ng di-regular na lumalabang yunit tulad ng gerilya, milisya, sariling-depensa at mga armadong partisan ng lungsod ay direktang nasa ilalim ng lokal na komite ng Partido. Gayunpaman, tatanggap sila ng direktang utos mula sa Komisyon Militar o mula sa komandong militar na mag-uugnay sa kanila sa mga regular na kumikilos na pwersa.” (Prinsipyo I, Punto 9). Ang “Mga Batayang Tuntunin ng New People’s Army” ay inilabas ng Pulong ng mga Komandanteng Pula at Mandirigma (29

Marso 1969) at inaprubahan ng Komite Sentral ng CPP (13 Mayo 1969). (Pansinin din na ang artikulo V, seksyon 4 ng "Konstitusyon ng Demokratikong Prente ng Pilipinas" na pinagtibay ng NDF Pambansang Kumperensya ng mga Representatibo, Hulyo 1994, ay nagtatakda na " Ang mga relasyong multilateral sa loob ng NDF ay gumagalang sa mga umiiral na relasyong bilateral sa mga organisasyong kaalyado. Ang New People's Army ay nasa ilalim ng absolutong liderato ng Communist Party of the Philippines." (Annex A-2 ng *Declaration of Undertaking).*

5 Ang binigay na bilang ng mga mandirigmang NPA ay ayon sa pagtantya ng Gobyerno. Inilarawan ang CPP/NPA/NDF bilang "pinakamalakas na banta" sa isang maikling pulong na dinaos ng Ehekutibong Sekretaryo at iba pang nakatataas na opisyal. Ayon sa mga rekord ng Gobyerno, mula 2000, may mga tauhan ng militar at tagapagpatupad ng batas na pinatay ng NPA sa bawat rehyon maliban sa Autonomous Region of Muslim Mindanao (ARMM). Gayunpaman, sa kabila ng arkipelagong saklaw na abot ng insurhensyang NPA, higit na konsentrado ang malaking labanan at 6 lamang ng 17 na rehyon ng bansa ang pinanggalingan ng 80% na mga nasawi: Bicol, CALABARZON, Caraga, Gitnang Luzon, Davao, at Silangang Visayas. ("Reference Materials on Unexplained Killings [Sanggunian ng mga Materyal sa Di Maipaliwanag na Pagpaslang](Enero 2007)".)

6 Dinisenyo ang "Kasunduan sa Kapayapaan" (nilagdaan 2 Setyembre 1996) sa paglaan para sa "pinal na implementasyon" "Kasunduang Tripoli (nilagdaan 23 Disyembre 1976). Ang mga kasunduang ito ay naganap sa pakikilahok ng Organization of Islamic Conference (OIC), at ang mga ulat nito ay nagpapaliwanag sa mga isyung pinagtutunggalian. *Tingnan* "Report of the Secretary-General on the Question of Muslims in Southern Philippines" (OIC/33 ICFM/2005/MM/SG/REP.2) (inilabas noong Hunyo 2006).

7 Ang "Agreement for General Cessation of Hostilities" [Kasunduan sa Pangkalahatang Tigil-Labanan"] (nilagdaan 18 Hulyo 1997) ay nasira sa bandang huli ng 2002. Ngunit binuhay muli ng mga partido ang tigil-labanan noong 19 Hulyo 2003 at pagkatapos ay nakagawa ng mahalagang pagsulong tungo sa pagpapatupad ng "Peace Agreement" [Kasunduan sa Kapayapaan] (nilagdaan 22 Hunyo 2001).

8 Ang mga statistika sa bilang ng mga mandirigma sa bawat grupong komand ay mga pagtantya ng Gobyerno. Ang bilang para sa MNLF ay patungkol lamang sa mga lumahok sa mga labanan sa mga pwersa ng Gobyerno.

9 Ang problema ng Pilipinas sa mga kudeta at iba pang adbenturismo ng militar ay nasuri na ng mga tanyag na mga *fact-finding* komisyon na pinamunuan ng ilan sa pinakabantog na mga dalubhasa ng bansa, Hilario G. Davide, Jr. ("The Final Report of the Fact-Finding Commission (Pursuant to R.A. No. 6832)" (Oktubre 1990)) at Florentino P. Feliciano ("Report of the Fact-Finding Commission" (17 Oktober 2003)).

10 Sa isang *joint communiqué* na nilagdaan noong 6 Mayo 2002, ang Gobyerno at ang MILF ay "nagkasundo sa pagbubukod at pagbabawal ng lahat ng mga sindikatong kriminal at mga grupong kidnap-para-ransom, kasama ang tinatawag na mga 'lost command' na kumikilos sa Mindanao" at naghanda ng iba't ibang mga praktikal na hakbang para sa tunguhing ito, kasama

ang pagbuo ng isang *"Ad Hoc Joint Action Group"* laban sa mga kriminal na elemento para habulin at hulihin ang mga gayong kriminal na elemento."

11 Ginagamit ang kategoryang "aktibistang leptis" dahil sa kapangyarihan nitong magpaliwanag. Lumilitaw na pinapatay ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao at mga unyonista, kasama ang maraming iba pang lider ng lipunang sibil, higit dahil sa kanilang pagsapi sa mga grupong leptis kaysa kanilang mga partikular na aktibidad. Sa panig ng mga unyonista, halimbawa, kinausap ko ang mga representatibo ng kapwa Federation of Free Workers (FFW at Kilusang Mayo Uno (KMU). Ang dalawang grupo ay nag-aangkin ng ilang daang libong myembro, ngunit habang nawala ng KMU ang malaking bilang ng mga myembro nito sa mga extrahudisyal na exekusyon, di nawalan ang FFW ng kahit isa. Lumalabas na ang susing pagkakaiba ay ang karaniwang pagtukoy ng mga opisyal ng Gobyerno sa KMU bilang grupong prente ng CPP. Bilang paliwanag, ang mga pagtatalong pumapalibot sa mga kampanya sa pag-organisa at mga kolektibong tawarang negosasyon *(collective bargaining negotiations)* ay kadalasang lumalabas na dahilang nag-uudyok sa mga desisyong atakehin ang mga manggagawa at organisador. Ngunit ang kalamangang nasa labis na anyo ng extrahudisyal na exekusyon hahantong ang gayong atake ay lubhang mataas kapag ang manggagawa ay kasapi ng tinaguriang prenteng grupo ng CPP. Taliwas dito, ang pagpatay sa mga mamamahayag ay hiwalay na tinatalakay, sapagkat tila bumubuo ito ng kakaibang penomenon.

12 Ang listahan ng mga biktimang extrahudisyal na minamantini ng Karapatan (batay sa 30 Hunyo 2007) ay nagbibigay ng pulitikal at organisasyunal na pagsapi ng 390 biktima kung saan sila nakilala. Kapag inuugnay ang mga ito sa mga dokumentong nagmumula sa AFP na naglilista ng mga prenteng grupo ng CPP/NPA/NDF, matutuklasan nating 94% ng mga biktimang may kilalang kasapian ay kabilang sa mga sinasabing prenteng grupo.

Kasapi (*)	**Karakterisasyon sa *Trinity of War* (**)**	**Ikinawing sa CPP sa *"Knowing the Enemy"*? (***)**	**Bilang ng mga Biktima**
MGA MYEMBRONG ORGANISASYON NG BAYAN			
ANAKBAYAN (kabataan)	KM-kontrolado (****)	X	13
COURAGE (mga unyon ng publikong sektor)	MKP-kontrolado	X	3
KMP (mga magsasaka)	PKM-kontrolado	X	102
KMU (mga manggagawa)	RCTU-kontrolado	X	22
LFS (mga estudyante)	KM-kontrolado	X	5
PAMALAKAYA (mga mangingisda)	PKM-kontrolado	X	7
PCPR (mga taong simbahan)	CNL-kontrolado	X	2
SCMP (mga estudyanteng Kristyano)	KM-kontrolado	X	1
BAYAN (di binanggit na organisasyon)			3

MGA GRUPONG PARTY-LIST			
ANAKPAWIS	Direktang hawak ng Komite Sentral ng CPP	X	48
BAYAN MUNA	(pareho)	X	129
GABRIELA	(pareho)	X	2
KABATAAN (dating Anak ng Bayan)	(pareho)	X	2
SUARA	(pareho)	X	1
IBA PANG MGA ORGANISASYON			
KADAMAY (maralitang taga-lungsod)	KASAMA-kontrolado	X	6
KAMASS (lokal na organisasyon ng mga magsasaka)			1
KARAPATAN (karapatang pantao)	Tinauhan ng mga myembro ng CNL-kontroladong PCPR	X	21
KASIMBAYAN (mga taong simbahan)			1
SELDA (mga dating detenidong pulitikal)			1
Iba pa (di binanggit)			20

(*) Samantalang ang ilang mga biktima ay may higit sa isang pulitikal o organisasyunal na kasapian, ang bersyon ng listahang tinipon ng Karapatan na binigay sa akin ay pumili ng pangunahing pagkasapi para sa bawat biktima, at ang mga bilang na binibigay dito ay hindi nadoble.

(**) Northern Luzon Command, Armed Forces of the Philippines, *Trinity of War, Book III: The Grand Design of the CPP/NPA/NDF* (2005). Tingnan laluna ang mga pahina 122-125.

(***) “Knowing the Enemy” (Kilalannin ang Kalaban) ay isang *PowerPoint-based briefing* na binibigay ng AFP.

(****) CNL, KASAMA, KM, MKP, PKM, at RCTU ay lahat mga myembrong organisasyon ng NDF. (*Declaration of Undertaking*, pahina 77.)

13 Bilang mula sa listahang batay sa petsang 30 Hunyo 2007. Ang ilang paghahambing sa ulat ay batay sa mga naunang bersyon ng listahan ng Karapatan, ayon sa pagkatala.

14 Ayon sa isang pagsusuri ng Gobyerno ng iba’t ibang mga listahan ng “sinasabing mga pulitikal na pagpaslang” na batay sa petsa 20 Disyembre 2006, habang ang listahan ng Karapatan ay naglalaman ng 725 na pangalan at ang listahan ng TFD-P ay naglalaman ng 89 na pangalan, 46 lamang sa mga pangalan ay lumitaw sa dalawang listahan. (“Report of the Technical Working

Group (TWG) on the Alleged Political Killings (Covering the Period 1 February 2001 – 31 October 2006) as of 20 December 2006").

15 Noong Mayo 2006, inutusan ng Sekretaryo ng Interior and Local Government ang PNP na itatag ang Task Force Usig para mag-imbestiga at tumulong sa paglutas ng mga pagpaslang ng mga mamamahayag at aktibistang leptis. Ang bilang sa 116 na kaso ay wasto batay sa petsa 2 Abril 2007 at tumutukoy sa "pinaslang na mga myembro ng party-list/mga militante". Nagmamantini ang Task Force Usig ng hiwalay na listahan ng mga "pinaslang na mga taong-media". (Sulat ng Misyon ng Pilipinas sa United Nations, petsa 23 May 2007.)

Pansinin na ang 116 na kaso na tinuturing ng Task Force Usig na saklaw ng kanilang tungkulin ay hindi ang buong bilang ng mga insidente na sinasabi ng mga grupong karapatang pantao na bumubuo ng mga extrahudisyal na exekusyon. Halimbawa, sa 783 na gayong mga kasong inilista ng Karapatan (batay sa 14 Nobyembre 2006), tiniyak ng Task Force Usig na 461 ay labas sa saklaw nito o maliwanag na hindi nagsasangkot ng krimen. Tinuturing din nito ang 207 na kaso na kailangan pa ng patibay. Mahalagang linawin na pinaninindigan ng Karapatan na mga ahente ng Gobyerno – mga sundalo, opisyal ng pulis, at iba pa – ang may sala sa marami ngunit hindi sa lahat ng mga kasong inirekord nito. Gayunpaman, hindi nito pinaliwanag hanggang saan ang di nito sinasama. Nagkaroon ako ng mahaba at produktibong diskusyon sa mga myembro ng Task Force Usig tungkol sa mga batayan ng kung anong mga kaso ang di nito sinama. Pagkatapos ng aking dalaw, pinadalhan din ako ng Task Force Usig ng malaking kantidad ng dokumentasyon bilang patibay sa argumentong ilan sa mga indibidwal na inilista ng mga organisasyong lipunang sibil ay namatay sa mga lehitimong enkwentro sa pagitan ng NPA at ng AFP o PNP. Sa huli, pinagpalagay ko na ang isang kumprehensibo, kaso-sa-kasong pagsusuri ng mga di sinamang kaso ay magagawa ng isang katulad kong posisyon. Gayunpaman, patuloy akong naniniwala na may pangangailangan para sa higit na pagkamalinaw patungkol sa aspetong ito ng trabaho ng Task Force Usig kung ang mga pagsisikap nito ay ganap na matatanggap ng lahat na kinuukulan, at gumawa ako ng ganitong rekomendasyon sa Bahagi XIII.

16 Bukas ang CPP tungkol sa doktrina nito. Ang ilan sa mga isyu nito, halimbawa, na tinukoy sa "Higit pang Palakasin ang Partido Komunista ng Pilipinas para pamunuan ang demokratikong rebolusyong bayan", Mensahe ng Komite Sentral, CPP, *Ang Bayan* (26 Disyembre 2006).

Sa pagkakaisang hanay: "Bukod sa paglunsad ng armadong pakikibaka laban sa kaaway, ginagamit ng ating Partido ang patakaran at taktika ng pagkakaisang prente. Sa pangunahin, ang pakikipagkaisang prente ay para sa armadong pakikibaka. . . . Ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka at ang nagkakaisang prente ay may kani-kanyang paraan ng pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos sa malawak na masa ng sambayanan. Ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka ang nagbibigay-daan sa solidong pag-organisa sa masa at pagtatayo ng mga organo ng kapangyarihang pulitikal sa kanayunan. Napupukaw, naoorganisa at napakikilos ng nagkakaisang prente ang mamamayan para bigyang-daan ang pag-organisa ng Partido sa kanila sa kalaunan. Tuwirang nakatutulong ang gawain sa legal na pakikipagkaisang prente sa gawaing pang-organisasyon ng mga legal na demokratikong organisasyong masa." (pp. 10-11)

Sa demokratikong sentralismo: "Sa ating organisasyunal na buhay, sinusunod natin ang prinsipyo ng demokratikong sentralismo. Ang esensya ng sentralismo ay Marxismo-Leninismo-Maoismo. Pinapatnubayan nito ang demokrasya sa loob ng Partido na siya namang batayan nito. Sa pamagitan ng demokratikong proseso, ang ating mga namumunong organo ay nakapangangalap ng datos at mga ideya mula sa kaukulang organisasyon at malayang napagtatalakayan ang mga ito upang makabuo ng mga patakaran at desisyon. Ang mga indibidwal at ang minorya ay nakapailalim sa kapasyahan ng mayorya. Ang Komite Sentral ang pinakamataas na organo, habang walang sesyon ang Kongreso. . . . Pambansa ang saklaw ng organisasyon ng ating Partido at malalim itong nakaugat sa hanay ng masang manggagawa at magsasaka. Ang mga sangay ng Partido ay nasa mga komunidad, pagawaan, plantasyon, linya ng transportasyon, paaralan at opisina. May mga grupo o selula ang ating Partido sa iba't ibang antas ng iba't ibang tipo ng organisasyon at institusyon, progresibo man o reaksyunaryo. Mayroon tayong mga elemento at selula ng Partido kahit sa loob ng mga pwersang militar at pulis ng kaaway." (p. 11)

Sa pagrekrut: "Ang mga kasapi ng ating Partido ay nirerekrut natin mula sa armadong rebolusyonaryong kilusan at sa legal na demokratikong kilusang masa. Nakapagsasanay at nakasusubok ang mga ito ng napakaraming aktibistang karapt-dapat na marekrut sa Partido. Ang masinsin at malaganap na armado at legal na mga anyo ng pakikibaka ay tuloy-tuloy na nagpapalitaw ng napakasigasig at napakamilitanteng mga bagong rekrut sa Partido na nagmumula sa masang manggagawa at magsasaka at mula sa mga panggitnang strata ng lipunan at nagtataglay ng mayamang karanasan, pagiging malapit sa masa at iba't ibang tipo ng kakayahang kapaki-pakinabang sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan." (p. 11)

17 *Tingnan, hal. "Declaration of Undertaking"*, pahina 10, 77.

18 Ilan sa mga opisyal ng Gobyerno ang nangatwiran nang ganito sa mga pag-uusap; matatagpuan din ito sa Northern Luzon Command, Armed Forces of the Philippines, *Trinity of War, Book III: The Grand Design of the CPP/NPA/NDF*, pahina 77 (2005).

19 *Trinity of War, Book III*, pahina 122, 124. Katulad na mga panggigiit ang karaniwang ginawa sa aking pakikipag-usap sa mga opisyal ng Gobyerno.

20 *Trinity of War: Book III*, pahina 80–81.

21 Isinabatas ang Anti-Subversion Act (Batas Republika Blg. 1700) noong 1957 at pinawalang-bisa ito ng Batas Republika Blg. 7636, na nilagdaan noong 22 Setyembre 1992.

22 Nilagdaan bilang batas ang Party-List System Act (Batas Republika Blg. 7941) noong 3 Marso 1995. Ginawang lantad ang layunin nito sa "deklarasyon ng patakaran" na kasama sa seksyon 2 ng Akto:

> "Isusulong ng Estado ang katimbang na representasyon sa halalan ng mga kongresista sa Kamara ng mga Representante sa pamagitan ng sistemang party-list ng rehistradong pambansa, rehyunal at sektoral na mga partido o organisasyon o mga koalisyong magpapahintulot na maging mga myembro ng Kamara ang mga mamamayang Pilipinong

galing sa mga marhinalisado at kulang sa representasyong mga sektor, organisasyon at partido, at walang sapat na malinaw na pulitikal na komunidad ngunit maaring mag-ambag sa pagbuo at pagsasabatas ng nararapat na lehislasyon na mapapakinabangan ng bansa sa kabuuan. Tungo sa layuning ito, magpapaunlad at maggagarantiya ang Estado ng ganap, malaya, at bukas na sistema upang matamo ang pinakamalawak na posibleng representasyon ng partido, sektoral o panggrupong interes sa Kamara ng mga Representante sa pamagitan ng pagpapabuti ng kanilang tsansang makipagkompetensya para sa, at manalo ng, mga upuan sa lehislatura, at maglalaan ng pinakasimpleng planong posible."

[23] Ang palitang ito nina Representante Teodoro Casiño at Representante Joey Salceda, na nag-aaktong sponsor ng panukalang batas sa badyet para sa Department of National Defense ay nagpapakita kung paano nauunawaan ang mga *order of battle*:

REP. CASIÑO. Ano po ang, sino po ang nasasama sa isang *order of battle*?

REP. SALCEDA. Mga kalaban ng Estado.

REP. CASIÑO. Mga kalaban ng Estado. At ano ang batayan sa paglagay ng isang tao sa *order of battle*?

REP. SALCEDA. Iyong mga gumawa ng mga pagkilos na dapat parusahan sa ilalim ng *Revised Penal Code* para sa krimen ng rebelyon.

REP. CASIÑO. Mayroon po bang due process (karampatang proseso) na ginagawa ang *armed forces* bago nila ilagay ang isang tao sa *order of battle*?

REP. SALCEDA. Pagpapasyang batay sa ebidensya, *Your Honor*.

(Transkrip ng badyet deliberasyon ng Kongreso, Marso 22, 2006, 4:30 pm.)

[24] Ang rehyunal na kaibhang ito sa stratehyang kontra-insurhensya malamang ay ang nagpapaliwanag sa ilan sa mga rehyunal na pagkakaiba sa kung gaano kamalaganap ang mga extrahudisyal na pagpaslang. Pansinin, halimbawa, na sa per capita na batayan, halos doble ang pagkamalaganap ng mga extrahudisyal na exekusyon sa Gitnang Luzon kaysa Rehyon ng Cagayan Valley. Ang ganitong diperensya ay higit pang kita sa lebel-probinsyang pagsusuri.

Rehyon	**Bilang ng mga extrahudisyal na exekusyon (**)**	**Populasyon (***)**	**Mga exekusyon bawat 100,000 na populasyon**
Autonomous Region of Muslim Mindanao	56	3,171,100	1.8
Rehyon ng Bicol	126	5,189,900	2.4
Cagayan Valley	28	3,086,000	0.9
Caraga	32	2,318,200	1.4
Gitnang Luzon	139	9,195,600	1.5

Gitnang Visayas	20	6,357,900	0.3
Cordillera Administrative Region	29	1,526,800	1.9
Rehyon ng Davao	79	4,020,000	2.0
Silangang Visayas	87	4,020,900	2.2
Rehyon ng Ilocos	6	4,682,700	0.1
National Capital Region	39	10,787,300	0.4
Hilagang Mindanao	7	3,920,600	0.2
SOCCSKSARGEN	22	3,648,300	0.6
Timog Tagalog (*)	162	13,304,900	1.2
Kanlurang Visayas	20	6,876,100	0.3
Zamboanga Peninsula	33	3,154,700	1.0

(*) Ang Timog Tagalog ay binubuo ng mga bagong likhang rehyon ng CALABARZON at MIMAROPA.

(**) Ang mga datos na ito ay mula sa listahan ng Karapatan mula 21 Enero 2001 hanggang 30 Hunyo 2007.

(***) Ang bilang ng populasyon ay ang opisyal na 2005 prodyeksyon batay sa 2000 sensus.

[25] Ininterbyu ko ang mga testigo sa apat na insidenteng nangyari sa Rehyon ng Cagayan Valley; nirepaso ko rin ang salansan ng mga kasong kaugnay sa dalawa pang dagdag na mga insidente. Ang mga datos kaugnay sa kaso ni Nelson Asucena ay nilagom sa Appendix A, paras. 1-16.

[26] Ang barangay ay ang pinakamaliit na yunit ng gobyerno. (Mayroong higit sa 40,000 na mga barangay sa Pilipinas.) Ang isang barangay ay karaniwang hinahati sa mas maliliit na yunit na tinatawag na sityo o pook. Mayroong mga tatlo hanggang walong sityo ang isang tipikal na barangay.

[27] Ayon sa mga *briefing* na natanggap ko mula sa Gobyerno, ang patnubay na stratehyang kontra-insurhensya para sa AFP laban sa NPA ay “linisin”, “hawakan”, at “suportahan” ang mga lugar na apektado ng insurhensya.

[28] Ang mga CAFGU ay tinatawag din na mga kumpanyang CAFGU Active Auxiliary (CAA). Nakapag-experimento ang Pilipinas ng ilan sa mga anyo ng milisya at paramilitar na organisasyon. Bukod sa CAA, kasama dito ang Special CAFGU Active Auxiliaries (SCAA), Civilian Volunteer Organizations (CVO), Civilian Home Defense Forces (CHDF), at Barrio Self-Defense Units (BSDU). Nilalarawan ang mga ito ng mga opisyal bilang “pamparami ng pwersa” para sa AFP. Ang mga Barangay Defense Systems (BDS) na ipinadala kailan lang sa Bulacan, Nueva Ecija, at marahil sa ilan pang ibang lugar, ay lumilitaw na katangi-tangi dahil sa kanilang pakikisalamuha sa karamihan o sa lahat ng populasyon.

[29] Ininterbyu ko ang mga testigo sa 13 na insidente na nangyari sa Gitnang Luzon, kasama dito ang 6 na insidente ng extrahudisyal na exekusyon (ng 7 biktima), 3 na insidente ng pagpapawala

(ng 2 biktima), isang nabigong pagpaslang, at tatlo pang ibang insidente. Nirepaso ko rin ang salansan ng mga kaso kaugnay sa dagdag na 21 na insidente ng extrahudisyal na exekusyon. Ang datos tungkol sa kaso ni James Ayunga ay nilagom sa Appendix A, paras. 17-26.

30 Tumanggap ako ng testimonyang ang mga gayong anyo ng tortyur, tulad halimbawa ng pagpilit sa mga taong uminom hanggang labis, pagbalot sa kanilang mukha ng plastik, at pagsuntok sa kanila sa tiyan ay ginawa sa kanila habang sila ay nasa ilalim ng interogasyon.

31 May tanyag na PowerPoint presentasyon na pinamagatang "Know the Enemy" (Kilalanin ang Kaaway) na ginawa para ipakita sa mga sundalo. Sinasamahan ito ng paliwanag sa pangkalahatang stratehyang militar at pulitikal ng CPP/NPA/NDF, listahan ng sinasabing mga prenteng grupo ng CPP, at isang mungkahi para sa mga pagbabago sa mga stratehyang kontra-insurhensya ng AFP. Napanood ko ang PowerPoint na presentasyong ito. Samantalang ginagamit ang PowerPoint na ito kung minsan sa mga pulong ng komunidad, sa pagkaunawa ko'y pinaiksing bersyon na may bahagyang pagkakaiba ng fokus ang pinapakita.

32 Kung minsan ang gayong pagmanman ay nangangailangan lamang ng mga motorsiklong dadaan sa magkakapitbahay. Sa ibang pagkakataon, ang isang maliit na detatsment ng dalawa o tatlong sundalo ang maglalagay ng sarili nito ng ilang araw sa isang kubo o abandonadong bahay kalapit sa lugar ng minamanmanang target.

33 Ayon sa isang organisasyong lipunang sibil na aking kinonsulta, sa panahon ng aking pagdalaw, nakapagtatag ng BDS sa apat na munisipalidad ng Nueva Ecija: Lungsod San Jose (sa 20 nitong barangay: Sto. Tomas, Cannawan, Abar 1st, Abar 2nd, Sto. Niño 1st, St. Niño 2nd, Sto. Niño 3rd, Sibut, Palestina, Pinili, Villa Joson, Villa Marina, Culaylay, San Agustin, Kaliwanagan, Kita-Kita, Tayabo, Malasin, Manicla, at Villa Floresta), Bayan Lupao (sa 23 nitong barangay: San Isidro, Balbalungao, Parista, Cordero, Namulandayam, Bagong Flores, San Pedro, San Roque, Agupalo Este, Agupalo Weste, Mapangpang, Alalay Chico, Alalay Grande, Talugtog, Maasin, Tienzo Cabangasan, Alo-o, Calsib, Pinggan, Ubboy, Poblacion West, San Antonio South, at San Antonio North), Bayan Guimba (sa 41 nitong barangay: Culong, Triala, Cabarusa, Bunol, Sinalatan, Naglabrahan, Consuelo, Naturanok, Tampac 1, Tampac 2, Tampac 3, Sta. Cruz, Caballero, Mancsac, San Bernardino, San Roque, Bantog, Banitan, Balingog East, Balingog West, Bacayao, Pasong Inchik, Manggang Marikit, Bagong Baryo, Galvan, San Agustin, Yuson, Pacac, Narvacan I, Narvacan II, Lennec, Macamias Cavite, Camiing, Ayos Lomboy, Sta. Ana, Nacababillag, San Marcelino, San Andres I, San Andres II, Balbalino, Sto. Cristo, at Cawayan Bugtong), at Bayan Cuyapo (sa 14 nitong barangay: St. Clara, San Antonio, Cacapasan, Rizal, Nagmisahan, Tagtagumbao, Malineg, Sta. Cruz, Bambanaba, Bantog, Piglisan, San Jose, Paitan Norte, at Paitan Sur). Dagdag pa, iniulat ng organisasyong lipunang sibil na nagsimula nang itatag ang BDS sa Bayan Carranglan (batay sa Pebrero 2007).

Ang isang pahapyaw na statistikal na pagsusuri ay nagpapakita ng dagdag na patibay ng relasyon sa pagitan ng mga extrahudisyal na exekusyon at ng uri ng kontra-insurhensyang operasyong nagtatapos sa isang BDS. Sa 30 na mga extrahudisyal na exekusyong inirekord ng Karapatan na nangyari sa Nueva Ecija (batay sa Nobyembre 2006), 10 ay naganap sa isa sa mga 98 na barangay na may BDS (di kabilang ang alinmang naitatag sa Carranglan). Sa 751 na barangay

na walang BDS, 20 na mga extrahudisyal na exekusyon ay naganap (kasama ang 1 sa Carranglan). Sa madaling salita, ang exekusyon ay 4 na beses mas malamang mangyari sa isang barangay kung saan may tinatag na BDS kaysa ibang barangay. (Gayunpaman, sa 20 na exekusyong naganap sa mga barangay na walang BDS, 9 nito ay nangyari sa munisipalidad ng Pantabangan. Nagpapahiwatig ito na may ginagamit na ibang problematikong metodo ng kontra-insurhensya o di pa buo ang proseso ng pagtatag ng isang BDS).

34 Sinabi ng mga representatibo ng NDF na aking nakausap na nakapagtatag ang CPP/NPA/NDF ng pulitikal na imprastruktura sa humigit-kumulang 10,000 na barangay, 800 na munisipalidad, at higit na 70 na probinsya. Kapag pumasok ang CPP/NPA/NDF sa isang barangay, nagtatangka silang magtatag ng mga "organisasyong masa" ng mga magsasaka, kababaihan, manggagawa, atbp. Itong mga organisasyong masa ay kaanib ng NDF. (Kaya, halimbawa, ang organisasyon ng mga magbubukid ng barangay ay magbubuo ng maaring maluwag na matatawag na lokal na sangay ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid [PKM], isang myembrong organisasyon ng NDF).

Sinabi nilang sa bawat barangay, nagsisikap din ang CPP/NPA/NDF na magtatag ng isang "tagapag-organisang komite ng baryo" na papalitan ng isang "baryo rebolusyonaryong komite" sa sandaling wala nang mga informer ng Gobyerno sa barangay at matibay na ang hawak ng CPP/NPA/NDF. Alinsunod sa diperensyang ito sa sitwasyon ng seguridad, lihim na hinahalal ng mga representatibo ng mga organisasyong masa ang mga tagapag-organisang komite; habang bukas na hinahalal ng buong populasyon ng barangay ang mga rebolusyunaryong komite. Karaniwang may 15 na myembro ang isang komite at halos 1/3 nito ay sasapi sa CPP o NPA, 1/3 sa mga saligang organisasyong masa (magsasaka, manggagawa, atbp.), at 1/3 sa ibang mga organisasyon (ng titser, propesyunal, atbp.). Nilalarawan ng mga representatibo ng NDF ang mga strukturang pulitikal na ito na tinatatag sa lebel ng barangay bilang "mga binhi ng Demokratikong Pamahalaang Bayan". Sinabi nilang sa mga barangay na ito, ang mga organo ng Gobyerno, tulad ng Konseho ng Barangay, ay di na tumatakbo. Ngunit kapag ang ilang mga opisyal ng Gobyerno ay pumapayag na lumahok sa "bagong gobyerno', maari silang tanggapin. (Ang nilalayong struktura ng mga organong pulitikal ng CPP/NPA/NDF sa lebel barangay ay matatagpuan sa "Gabay sa Pagtatayo ng Demokratikong Pamahalaang Bayan" [Guide for Establishing the People's Democratic Government"] Kabanata II.)

Nagbigay din ng ilang impormasyon ang mga representatibo ng NDF sa papel ng gayong mga organong pulitikal sa pagbibigay sa NPA ng intelihensya at sa pagkontra sa mga pagsisikap ng Gobyerno ng pag-ipon ng intelihensya. Sinabi nilang sa pangkalahatan, nakikilala ng mga organisasyong masa ang mga informer ng Gobyerno at iba pang mga "di maaasahang" indibidwal at inirereport nila ang mga ito sa tagapag-organisang komite o sa rebolusyunaryong komite ng barangay. Ang komite naman ang magbibigay sa NPA ng impormasyon tungkol sa sinususpetsahang informer ng Gobyerno, at gayundin, sa kilos ng tropa ng AFP. (Tingnan Bahagi V para sa impormasyon kung anong ginagawa sa mga sinususpetsahang informer.)

35 Ang heneralisasyong ito ay hango sa testimonya ng mga testigo na pinagtibay naman ng datos ng insidente ng AFP. (Tingnan ang mga pag-aaral ng mga kaso nina Nelson Asucena at James Ayunga sa Appendix A, paras. 1-26.)

[36]Ayon sa isang pagsusuri ng Gobyerno, sa 184 na insidenteng inireport sa Joint Monitoring Committee na tinatag ng CARHRIHL mula 1 Pebrero 2001 hanggang 31 Oktubre 2006, ang sinasabing may gawa ay ang AFP (88 insidente; 48%), PNP (7 insidente; 4%), CAFGUs (6 insidente; 3%), mga pribadong indibidwal (8 insidente; 4%), Rebolusyunaryong Proletaryong Hukbo – Alex Boncayo Brigada (RPA-ABB) (1 insidente; 1%), at mga di kilalang tao (74 insidente; 40%). ("Report of the Technical Working Group (TWG) on the Alleged Political Killings (Covering the Period 1 February 2001 – 31 October 2006) as of 20 December 2006")

[37] Para sa detalyadong pag-isa-isa ng mga nilalaman ng listahang ito, tingnan nota 41. Ayon sa tabulasyon ng AFP, 44 katao sa listahan ng Karapatan ay, sa katunayan, pinatay ng NPA. Ang mga indibidwal na ito ay sina Amante Abelon (Belon), Juanito (Juan Jr.) Aguilar, Emmanuela (Manuela) Albarillo, Expidito (Expedito) Albarillo, Cathy Alcantara, Edrian (Adrian) Alegria, Adolfo Aquino, Rommel Arcilla, Nestor Arinque, Ernesto Atento, Romeo Atienza, Rodante Bautista, Noli Capulong, Florante Collantes, Tirso Cruz, Peter Dangiwan, Pederico (Federico) De Leon, Abner Delan (Dalan), Jose Doton, Renato Espino, Maximo Frivaldo, Francisco Gandula, Victoria (Victorina) Gomez, Eddie Gumanoy, Cris Hugo, Abelardo Ladera, Armando Leabres, Sotero Llamas, Jose Manegdeg, Eden Marcellana, Rolando Mariano, Alejandre (Alejandro) Martinez, Warlito Nagasao, Soetro Nasal, Vicente Olea, Ricardo Ramos, Irenio Rempello (Rempillo), Francisco Rivera, Teodoro Jr. Segui, Edilfonso (Ildefonso) Serrano, Joaquin (Jake) Soriano, Ave (Abe) Sungit, William Cadena, Crisanto Teodoro. Ang mga pangalan ay mula sa Annex G ng "Reference Materials on Unexplained Killings [Sanggunian ng mga Materyal sa mga Di Maipaliwanag na Pagpaslang] (Enero 2007)". Tinukoy ang mga ito na wasto batay sa 12 Disyembre 2006. Para sa subset ng mga kasong ito, ang mga reklamo laban sa NDF ay naihain sa JMC. Ang Nominadong Seksyon ng Pinagsamang Sekretaryat ng JMC ay nag-isyu ng report na nagbibigay ng pagsusuri nito sa mga kasong ito. ("The Lies of GRP Officials on Extrajudicial Killings: Study by NDFP MC-JS of Twenty-Three (23) Complaints for Extrajudicial Killings Submitted to the GRP-NDFP Joint Monitoring Committee (JMC) that President Gloria Macapagal Arroyo, Task Force Usig and General Hermogenes Esperon are Blaming on the NDFP" [Ang mga Kasinungalingan ng mga GRP Opisyal sa Extrahudisyal na mga Pagpaslang: Pag-aaral ng NDFP MC-JS sa Dalawampu't Tatlong (23) Reklamo para sa mga Extrahudisyal na Pagpaslang na Isinumite sa GRP-NDFP Joint Monitoring Committee (JMC) na Binibintang sa NDFP nina Presidente Gloria Macapagal Arroyo, Task Force Usig at Heneral Hermogenes Esperon] (Komite sa mga Karapatang Pantao ng NDFP, 19 Pebrero 2007)).

[38] Binigyan ako ng AFP ng kumpletong kopya ng "Oplan Bushfire" ("Paglilinis ng Bushfire") na dokumento sa Tagalog. (Annex J ng "Reference Materials on Unexplained Killings [Sanggunian ng mga Materyal sa mga Di Maipaliwanag na Pagpaslang] (Enero 2007)"; unang annex sa "AFP Reaction to the Melo Commission's Initial Report" [Reaksyon ng AFP sa Paunang Ulat ng Komisyong Melo].) Sinasabing isa itong Direktiba ng Sentral Komite ng CPP, petsa 7 Abril 2006, at binigyan din ako ng mga sinaling sipi habang nagpapakita ng dalawang PowerPoint na presentasyon. Ang una nito na binigay ng Ehekutibong Sekretaryo noong 12 Pebrero 2007 ay kasama ang sumusunod:

> "Kasabay ng paglunsad ng mga taktikal na opensiba, dapat ding ilunsad ang mga espesyal na operasyon na tinatarget ang mga ahente ng gobyerno na nakapasok sa ating hanay. Bibigyan ng pagdiin ang mga espesyal na operasyon para malinis ang *bushfire* at iba pang mga legal na organisasyon ng mga ahente ng gobyerno."

Ang pangalawa nito na binigay ng Sekretaryo ng Defense at Chief of Staff ng AFP noong 13 Pebrero 2007 ay kasama ang sumusunod:

> "Ito ang pinakamainam na panahon para isagawa ang mga 'espesyal na operasyon'. Nasa gitna ngayon ang gobyernong Arroyo sa pagpapalakas ng mga operasyong kontra-insurhensya nito. Sa pagsasagawa ng ating mga 'espesyal na operasyon' kasabay ng pinaigting na COIN na pagsisikap ng gobyerno, mailalarawan natin ang mga pagpaslang sa mga myembro ng ating mga organisasyong prente at legal bilang mga akto ng gobyernong Arroyo. . . ."

[39] Sinasabing sa isang pagsalakay natuklasan ang dokumento sa isang *laptop*, kaya mahirap patunayan ang awtentisdad nito. Sa aking pag-unawa, wala nang iba pang kopya ang di umano'y natagpuan.

[40] Sa araw na lumabas ang report ng Komisyong Melo, nag-isyu ang AFP Chief of Staff na si Heneral Hermogenes Esperon ng isang sulat na kanyang nilagdaan. Dito, inilabas niya ang parehong mga argumento na inihain niya sa akin at nagpahayag na,

> "Kasunod sa pahina 56 ng [Ulat ng Komisyong Melo] ay ang deklarasyon na, maliban sa dahilang ang mga pagpaslang ay isinagawa ng CPP/NPA para linisin ang hanay nito, wala nang binigay na iba pang kapani-paniwalang paliwanag para sa pagtaas ng bilang ng mga extrahudisyal na pagpaslang. Tiyak na di na kailangan pang maghanap ang AFP ng anupamang 'kapani-paniwalang paliwanag' sapagkat ang mga paglilinis na isinagawa ng CPP/NPA ay ang wasto, tamang-tama at makatotohanang mga dahilan na nagpapaliwanag sa pagtaas ng bilang ng mga extrahudisyal na pagpaslang."

Binigay ang sulat na ito kasabay ng ilang mga kalakip sa dokumentong "AFP Reaction to the Melo Commission's Initial Report".

[41] Sa aking 21 Pebrero 2007 na pahayag, tinukoy ko ang 1,227 na indibidwal na sinasabing pinatay ng NPA. Ito ang bilang na pinakamadalas banggitin ng mga opisyal ng Gobyerno. Ngunit ang pinakabagong datos na binigay ng Gobyerno ay tumutukoy sa 1,335 na mga indibidwal at sumasaklaw sa panahong 1 Enero 2000 hanggang 31 Enero 2007.

Malakas ang pahiwatig ng hiwa-hiwalay na datos; gayunpaman, di nila tinangkang linawin ang mga susing isyung legal, tulad ng kung may mga sibilyang namatay habang direktang lumalahok sa mga labanan.

Sinasabing mga pagpaslang ng NPA batay sa biktima	
Biktima	**Bilang (porsyento ng kabuuang bilang ng mga biktima)**
Tauhang militar o tagapagpatupad ng batas	415 (31%)
Armed Forces of the Philippines (AFP)	97
Philippine National Police (PNP)	139
Citizens Armed Forces Geographical Unit (CAFGU)	179
Barangay Tanod	34
Retiradong tauhang militar o tagapagpatupad ng batas	84 (6%)
Opisyal ng Gobyerno	111 (8%)
Antas pambansa	2
Antas probinsya	2
Antas munisipal	14
Antas barangay	93
Kasalukuyan o dating mga NPA kadre	75 (6%)
“Balik-rebelde” o kasalukuyang rebelde	66
Mga myembro ng mga grupong *Rejectionist*	7
Mga myembro ng Rebolusyonaryong Gerilya ng Arayat (RGA)	2
Mga pastor, ministro, at pare	2 (<1%)
Mga negosyante at may-ari ng lupa	10 (1%)
Mga mamamahayag	1 (<1%)
“Mga ordinaryong sibilyan”	603 (45%)
Total	1335 (100%)

Para sa humigit-kumulang sa sangkapat ng kabuuang bilang ng mga kaso, ang AFP ay nakapagparatang ng motibo para sa pagpaslang.

Sinasabing mga pagpaslang ng NPA batay sa paratang na motibo	
Paratang na motibo	**Bilang (porsyento ng kabuuang bilang ng mga biktima)**
Pinaghihinalaang informant o “asset”	184 (55%)
Di pagtupad sa mga demandang pangingikil	18 (5%)
Malbersasyon ng pondo	12 (4%)
Balik-rebeldeng akusado ng pagtataksil	55 (16%)
Agaw-armas	51 (15%)
Armed Forces of the Philippines (AFP)	11
Philippine National Police (PNP)	35
Citizens Armed Forces Geographical Unit (CAFGU)	3
Mga opisyal lokal	2
“Aktibong kalahok sa COIN”	12 (4%)
Mga testigo sa mga labis na kalupitan ng CPP/NPA	2 (1%)

Pagtatalo sa lupa	2 (1%)
Total	336 (100%)

Ang mga datos para sa mga talaang ito ay kinuha mula sa mga Annex B at D ng “Reference Materials on Unexplained Killings (January 2007)”, isang dokumentong binigay ng AFP.

Dagdag dito, binigyan ako ng Mindanao Indigenous Peoples Conference for Peace and Development (MIPCPD) ng listahan ng 316 na mga tao mula sa mga tribong Ata-Manobo-Bagobo, Higaonon, Mamanwa, Mandaya, Manobo, Mansaka, Matigsalog, Subanen, Tagakaolo, at Ubo-Manobo na sinasabing pinaslang ng NPA mula 1983 sa buong Mindanao. Gayunpaman, walang binigay na patibay kaugnay sa mga detalye ng alinmang partikular na kaso. Mas malawak na inimbestiga ng Special Rapporteur sa sitwasyon ng karapatang pantao at mga batayang kalayaan ng mga katutubo ang epekto ng armadong tunggalian sa mga katutubo sa panahon ng kanyang pagdalaw sa Pilipinas. (E/CN.4/2003/90/Add.3 (5 Marso 2003), paras. 44-53.)

42 Tinawag ang aking pansin ng mga representatibo ng NDF sa isang pormal na deklarasyong ginawa nito (*Declaration of Undertaking*):

> Tinuturing ng NDFP na mga lehitimong target ng mga atakeng militar ang mga yunit, tauhan, pasilidad na kabilang sa mga sumusunod:
>
> a. Armed Forces of the Philippines
>
> b. Philippine National Police
>
> c. Mga pwersang paramilitar; at
>
> d. Mga tauhan sa intelihensya ng mga naunang binanggit.
>
> Hindi saklaw ng atakeng militar ang mga naninilbihang sibil ng GRP, maliban sa mga spesipikong kasong kasama sila sa alinmang apat sa mga kategoryang binanggit sa nauna.

Medyo malawak ang interpretasyong binigay sa konsepto ng “intelihensyang tauhan”, kasama dito ang mga ordinaryong sibilyan na nagbibigay ng impormasyon sa mga pwersa ng Gobyerno. Pinahayag ng mga representatibo ng NDF na kapag may katiyakan na ang isang tao ay informant ng Gobyerno, siya ay tinuturing na lehitimong target militar. Kapag may duda kung ang isang tao ay informant ng gobyerno, isang proseso ng mga tugon pataas ay sinusundan: Lalapitan siya at bibigyan ng babala; pagkatapos, hihilingin siyang umalis sa lugar; at panghuli, uumpisahan ang isang prosesong hudisyal sa harap ng hukom ng bayan, na marahil ay magwawakas sa aresto at parusa. Gayunpaman, sa kabuuan, sinabi nilang ang mga gayong tao ay umaalis na lamang sa lugar.

Nang magtanong ako tungkol sa mga sinasabing pagpatay ng mga tao dahil sa kanilang pagiging mga opisyal ng Gobyerno at dahil sa pagtangging magbayad ng mga buwis rebolusyunaryo, ang kahalagahan ng kung paano binibigyang interpretasyon ang “intelihensyang tauhan” ay lalo pang

naipakita. Giniit ng mga representatibo ng NDF na sa ganang maaring pinatay ang mga opisyal ng Gobyerno, ito ay malamang dahil sa papel na ginampanan ng mga partikular ng opisyal ng Gobyerno na iyon sa pagbigay ng impormasyon ng intelihensya sa mga Gobyernong pwersa. Gayundin, pinahayag ng mga representatibo ng NDF na di sila malay sa anumang kaso na ang pag-iwas sa buwis ay nagresulta sa pagpatay ng taong NPA. Pinaliwanag nilang sa pangkalahatan, ang pagkolekta ng buwis ay nangangailangan ng negosasyon para sa pagbayad ng halagang pinagkasunduan ng dalawang panig. Kapag nasira ang negosasyon at ang kumpanya o indibidwal ay tumangging magbayad ng buwis, maaring gumawa ang NPA ng aksyon tulad ng pagkumpiska o pagsira ng mga pag-aari. Pinahayag nilang kapag may napatay kaugnay ng pagsisikap sa pagkolekta ng buwis, ito ay dahil tinip niya ang AFP o PNP para mapaaresto ang mga myembrong CPP o NPA at makaiwas sa pagbayad.

43 Tinuturing ng CPP/NPA/NDF ang sarili nito na isang "soberanya", isang armadong grupo na may "status ng pakikidigmaan", at "pulitikal na kapangyarihang kumakatawan sa sambayanang Pilipino at mga organisadong pulitikal na pwersang naglulunsad ng rebolusyunaryong armadong pakikibaka para sa pambansang liberasyon at demokrasya, sa pagtupad ng karapatan sa sariling pagpapasya". *(Declaration of Undertaking).* Batay dito, inaangkin ng CPP/NPA/NDF ang awtoridad na magpataw ng isang sistema ng hustisyang pangkriminal. Dagdag pa, inaangkin nitong ang karapatang gawin ito ay pinagtibay ng CARHRIHL na nilagdaan ng mga representatibo ng Gobyerno at ng NDF noong 16 Marso 1998. Nakalaan sa CARHRIHL, Bahagi III, Artikulo 4 na "Ang mga taong mananagot para sa mga paglabag at pag-abuso sa karapatang pantao ay ipapailalim sa imbestigasyon at, kapag napatunayan, sa prosekusyon at paglilitis. . . ."

44 Nakasaad ang batayang patakaran ng hukom ng bayan sa "Gabay sa Pagtatag ng Demokratikong Pamahalaan ng Bayan" (1972), Kabanata III, ngunit di nito pinapaliwanag kung anong batas ang ginagamit ng mga korte. Inaangkin ng mga representatibo ng NDF na, habang ang proseso ng kodipikasyon ay nagpapatuloy, may ilang dokumentong bumubuo ng isang kodigo penal. Ito ay ang "Patnubay sa Pagtatag ng Demokratikong Gobyerno ng Bayan", "Mga Batayang Alituntunin ng Bagong Hukbong Bayan" (1969), "Mga Alituntunin sa Pag-imbestiga at Pagsakdal sa mga Pinaghihinalaang Espiya ng Kalaban" (1989) at "NDFP Declaration of Undertaking to Apply the Geneva Conventions of 1949 and Protocol I of 1977" (1996). Habang ang mga "Batayang Alituntunin ng Bagong Hukbong Bayan" ay naglalaman ng listahan ng mga kasalanan na mapaparusahan ng pagkatiwalag at kamatayan kapag myembro ng NPA ang gumawa – "pagtaksil, pagsuko, pag-abandona ng pwesto, pag-espiya, pagsabotahe, pag-alsa, pagbuyo para sa rebelyon, pagpatay, pagnakaw, panggagahasa, arson, at malalang malbersasyon ng pondo ng bayan" (Prinsipyo IV, Punto 8) – ni ito o alinmang ibang instrumentong binanggit ay aktwal na nagtatakda ng mga elemento ng alinmang salang kriminal.

45 Artikulo 3(1)(d) kabahagi ng Geneva Conventions of 1949; Protocol I, Artikulo 75(4); Rome Statute of the International Criminal Court, Artikulo 8(2)(c)(iv); International Committee of the Red Cross, *Customary International Humanitarian Law*, Jean-Marie Henckaerts and Louise Doswald-Beck (eds.), Cambridge University Press, 2005, Rules 100-103, 156.

46 Pinaliwanag ng mga representatibo ng NDF na ang mga "pananagutan" sa mga tao ay sumasaklaw sa mga sitwasyon, kasama dito, na ang tao ay naging sanhi ng sugat, pinsala, o

kamatayan at kailangan ng babala; na ang tao ay naging bahagi ng strukturang militar at isang lehitimong target militar; o na ang tao ay naging pakay ng isang reklamong militar sa harap ng hukom ng bayan. Kapag inihayag na ang tao ay may "utang-dugo", karaniwang nangangahulugan iyon na ang reklamo ay naihain na o isang utos ng pag-aresto ay nailabas na. Wala akong katibayan na gumagamit ang CPP/NPA/NDF ng mga gayong karaketerisasyon bilang pagdirekta o pag-udyok ng karahasan laban sa mga indibidwal; gayunpaman, ang epekto ng pananakot na dulot ng gayong mga pahayag ay lubhang iresponsable. Halimbawa, publikong pinahayag ni Jose Maria Sison na dalawang prominenteng di-CPP na leptis, sina Walden Bello at Etta Rosales, "ay maaring magsalita at magsulat hanggang sa gusto nila laban sa CPP at iba pang mga rebolusyunaryong pwersa [at] makatitiyak sila na gagalangin ang kanilang karapatan sa malayang pananalita ng mga target ng kanilang malisya". Ngunit dinagdag niya na "iba nang bagay kung, halimbawa, may kriminal na reklamo" laban sa kahit sino sa kanila. Pinahiwatig niya kung anong maaring maging batayan ng gayong hipotetikal na reklamong kriminal – mga organisadong grupong nakatalaga sa intelihensya at saywar *(psywar)* para sa mga imperyalista laban sa mga patriotiko at progresibong pwersa" at "pagnanakaw ng mga pondo mula sa kanyang kongresyunal na komite, pagtakip sa mga paglabag sa karapatang pantao o pakikipagsabwatan kay Imee Marcos sa paghadlang sa bayad-pinsala sa mga nanalong maysakdal sa husga ng US korte laban sa ari-arian ni Marcos," alinsunod sa pagkakasunod-sunod. (Pahayag sa Peryodiko, 27 Disyembre 2004). Sa kontextong ito, risonable lamang na magtaka sina Bello at Rosales kung mapapailalim ba sila sa "rebolusyunaryong hustisya" ng isang "hukom ng bayan." Gayunpaman, nang tanungin ko si Sison kung mayroon ngang gayong mga reklamong kriminal, sinabi niyang wala siyang impormasyong may gayong mga reklamo, at malinaw na pinahayag ng mga myembro ng NDF Negotiating Panel na wala.

47 Nirepaso ko ang datos ng mga kaso kaugnay ng 45 na pagpaslang na naganap sa Autonomous Region of Muslim Mindanao (ARMM), 8 sa probinsya ng Maguindanao at 37 sa probinsya ng Sulu. Nakatanggap ako ng ilang di gaanong napagtibayang mga ulat sa mga pagpaslang sa ibang bahagi ng ARMM. Nirepaso ko rin ang datos ng mga kaso kaugnay ng mga sinasabing pagpaslang sa ibang lugar na pinag-iisipang isama sa ARMM sa ilalim ng 1976 Kasunduang Tripoli sa pagitan ng Gobyerno at MNLF: Davao del Sur (4 na pagpatay), SOCCSKSARGEN (10), at Zamboanga Peninsula (9). Nag-interbyu rin ako ng mga testigo sa 8 na extrahudisyal na exekusyon sa mga lugar na ito, kasama ang 3 sa Davao del Sur, 3 sa Sulu, at 2 sa SOCCSKSARGEN.

48 Ang International Monitoring Team (IMT) na pinangungunahan ng Malaysia na may humigit-kumulang sa 60 na tauhan mula sa ilang bansa, ay inatasang "magmasid at magmonitor ng implementasyon ng tigil-laban, gayundin ng mga aspetong sosyo-ekonomikong kaunlaran ng mga nilagdaang kasunduan", "[m]agsagawa ng beripikasyon sa lugar para mapagtibay ang alinmang paglabag sa alinmang nilagdaang kasunduan sa tigil-laban", at [m]ag-ulat sa mga Panel Pangkapayapaan ng [Gobyerno] at MILF sa mga natuklasan nito at pagtatasa sa mga naiulat na mga paglabag". ("Terms of Reference of the International Monitoring Team (IMT)" (nilagdaan 6 Setyembre 2004), art. 5.) Ang mga naunang pagtatangkang ipatupad ang kasunduan sa pagmonitor na isinagawa sa "Kasunduan sa Kapayapaan" (nilagdaan 22 Hunyo 2001) ay kumilala na ang "tigil-laban" at ang mga "sosyo-ekonomikong kaunlaran" na aspeto ng mga kasunduan ay sumasakop sa kanilang paninindigan sa karapatang pantao at makataong batas.

(Tingnan laluna, “Implementing Guidelines on the Humanitarian, Rehabilitation and Development Aspects of the GRP-MILF Tripoli Agreement on Peace of 2001” (nilagdaan 7 Mayo 2002), Artikulo VI). Gayunpaman, tulad ng nabanggit, ang mga takda ng reperensya *(terms of reference)* na pinagbatayan ng aktwal na pagpakilos ng IMT noong Oktubre 2004 ay di hayag na tumukoy sa karapatang pantao at makataong batas.

[49] Di laging empirikal na malinaw kung ang isang partikular na extrahudisyal na exekusyon ay kaugnay sa paglahok ng biktima sa mga programa sa repormang agraryo. Natatanging ganito kapag ang biktima ay myembro ng leptis na organisasyon ng mga magsasaka at gayundin ng iba pang leptis na organisasyong lipunang sibil. Gayunpaman, sa isang may pagkamakitid na interpretasyon, nakapag-interbyu ako ng di bababa sa 10 na testigo sa mga kaugnay sa repormang agraryo na pagpaslang.

[50] *Comprehensive Agrarian Reform Law of 1988*, Batas Republika Blg. 6657 (nilagdaang batas 10 Hunyo 1988); *tingnan din* Batas Republika Blg. 8532 (nilagdaang batas 23 Pebrero1998). Nagtatangka ang mga batas na ito na ipatupad ang konstitusyonal na tungkulin ng Estado na “magsagawa ng isang programa sa repormang agraryo batay sa karapatan ng mga magsasaka at regular na manggagawa sa bukid na walang lupa, na mag-ari nang direkta o kolektiba ng mga lupang kanilang sinasaka o, sa kaso ng ibang mga manggagawa sa bukid, tumanggap ng makatarungang bahagi ng mga bunga nito.” (Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas (1987), art. XIII, seksyon 4).

[51] Frank Fernandez, Tagapagsalita, NDF – Negros, “Ang NDF Negros ay nakikiramay sa mga manggagawa sa bukid ng Had Velez-Malaga; kumokondena sa sabwatan ng Roberto Cuenca, gobyernong Arroyo at Intengan-Gonzales-kleriko-pasistang pangkat” (31 Marso 2007). Mismo ang CPP/NPA/NDF ay nagtataguyod ng higit na malawak na programang redistribusyon kasunod ng iniisip nitong tagumpay at ginagamit ang lakas ng impluwensya nito sa pag-aayos ng mga relatibong bahaging tinatanggap ng mga may-ari ng lupa at kabahagi-sa-bunga: “Ang kasalukuyang minimum na programa sa repormang panlupa ay nangangailangan ng pagbawas sa upa sa lupa at pagtanggal ng usura, at ang pagtatag sa mga magsasaka ng mga sistema ng tulungan at palitan ng paggawa. Sa nakalipas na 24 taon, isinagawa ng kilusang rebolusyunaryo ang minimum na programang ito sa higit na malawak na erya sa kanayunan. . . . Pagkatapos ng tagumpay ng rebolusyon sa buong bansa, magiging posible ang pagtupad ng maximum na programa sa repormang panlupa na nangangailangan ng pagkumpiska ng pag-aari ng may-ari ng lupa at ang pantay-pantay na pamamahagi ng lupa sa mga magsasakang walang lupa nang walang bayad.” (“The 12 Points of the NDF Program”, kasama sa *Declaration of Undertaking*, Annex A-1, Bahagi II.)

[52] Ang mga rekord na minamantini ng mga organisasyong lipunang sibil ay nagpapakita ng sumusunod na bilang ng mga pinatay na mamamahayag batay sa taon, mula 1986:

Taon	**Bilang ng mga Pinatay na Mamamahayag, batay sa Taon**		
	Center for Media Freedom and Responsibility (CMFR)	**National Union of Journalists of the Philippines (NUJP)**	**Committee to Protect Journalists (CPJ) (kumpirmadong mga kaso)**

1986	2	3	
1987	6	6	
1988	3	3	
1989	2	2	
1990	2	2	
1991	1	1	
1992	3	4	2
1993	1	3	1
1994	0	0	0
1995	0	0	0
1996	2	2	1
1997	2	3	1
1998	3	4	1
1999	1	1	0
2000	2	2	2
2001	3	4	2
2002	2	3	2
2003	7	7	5
2004	6	13	8
2005	7	10	4
2006	6	9	3
2007	3	4	0

Sinasalamin ng talaan *(table)* ang impormasyong nakalaan sa mga *web site* ng mga organisasyon, batay sa 16 Hulyo 2007. (<www.cmfr.com.ph>; <www.nujp.org>; <www.cpj.org>).

Ang pagkakaiba ng mga bilang para sa ilang mga taon ay dahil sa magkaibang pamantayan para sa pagtasa kung ang isang partikular na pagpaslang ay dahil sa trabaho ng biktima bilang mamamahayag. Kaya, pinapaliwanag ng NUJP na “sa mga kaso kung saan di malinaw kung ang pagkamatay ay kaugnay ng trabaho o kung ang mga awtoridad ay di makatiyak sa motibo sa likod ng pagpatay, ipagpapalagay ng NUJP na ang pagpaslang ay kaugnay sa trabaho, maliban na lang kung sa hinaharap ay may ebidensyang tumutukoy sa taliwas”; samantala, pinapaliwanag ng CPJ na “kapag di malinaw ang mga motibo, ngunit posible na pinatay ang mamamahayag dahil sa kanyang trabaho, kinaklasipika ng CPJ ang kaso bilang ‘di kumpirmado’ at patuloy na mag-iimbestiga para tiyakin ang motibo ng pagpaslang.”

53 Ininterbyu ko ang mga testigo tungkol sa 5 extrahudisyal na exekusyon ng mga mamamahayag at 1 nabigong extrahudisyal na exekusyon. Tumanggap din ako ng salansan ng mga kasong kaugnay sa dagdang pang 36 na kaso ng extrahudisyal na exekusyon.

54 Ang ugnayan sa pagitan ng struktura ng industriya ng media at ng kadalasang pagpatay ng mga mamamahayag ay malawakan nang pinag-aralan ng mga organisasyong lipunang sibil. *Tingnan* Abi Wright, “On the Radio, Under the Gun: Behind the Rising Death Toll of Radio Broadcasters in the Philippines”, CPJ (15 Agosto 2005); Rachel E. Khan and Nathan J. Lee, “The Danger of Impunity”, CMFR (5 Setyembre 2005).

[55] Sa Pilipinas, ang madalas na tinutukoy sa ibang lugar na “ski mask” ay tinatawag na “bonete” o “bonnet”.

[56] Nakapagtipon ang mga organisasyong lipunang sibil ng detalyadong statistiko sa mga extrahudisyal na exekusyon na marahil ay isinagawa ng DDS. Ang mga datos na ito ay tinitipon pangunahin sa pamagitan ng pagsusuri ng mga artikulo sa dyaryo sa mga pagpaslang.

DDS Biktima, batay sa Metodo ng Exekusyon, batay sa Taon						
Taon	Kabuuang Bilang ng mga Biktima	Metodo ng Exekusyon				% ng mga biktima na pinatay sa pamagitan ng saksak (ng mga kasong kilala ang metodo)
		Tama ng Bala	Saksak	Iba Pa	Di Binigay	
1998 (mula 19 Agosto)	2	2				0%
1999	16	16				0%
2000	11	11				0%
2001	29	26	3			10%
2002	59	36	13	7	3	23%
2003	98	91	7			7%
2004	107	76	1		30	1%
2005	153	117	9		28	7%
2006	65	38	26		1	41%
2007 (hanggang Pebrero)	12	7	5			42%
Total	553	420	65	7	62	13%

Sinabi ng mga lokal na tagapagtaguyod na ang pagtukoy sa mga extrahudisyal na exekusyong responsable ang DDS ay ginawang mas mahirap dahil sa paglipat mula sa pagbaril tungo sa pagsaksak bilang mas pinapaborang metodo ng exekusyon. Sa dahilang ito, nagdududa sila na ang pagbaba ng mga nakarekord na kaso mula 2005 hanggang 2006 ay dahil sa pagbaba ng mga aktwal na kaso.

DDS Biktima batay sa mga Dahilang Ibinigay para sa Exekusyon		
Dahilan	Bilang	Porsyento
Droga	110	20%
Pagnanakaw	85	15%
Droga & pagnanakaw	27	5%
Gang	52	9%
Pinagkamalang identidad	13	2%

Ibang mga dahilan	72	13%
Walang binigay na dahilan	194	35%
Total	553	100%

May ilang paraan kung paano tinatasa ng mga tagapagtaguyod ang maaring dahilan para sa exekusyon. Ang pinakamapagkakatiwalaan ay kapag ang mga babalang binigay bago mangyari ang exekusyon ay may pinaliwanag na dahilan. Gayunpaman, sa maraming kaso, dumepende ang mga tagapagtaguyod sa mga ulat sa dyaryo kung saan nagpahayag ang PNP o ibang opisyal na ang biktima ay “kilalang magnanakaw” o gayon.

Ang opisina ng PNP sa Lungsod Davao ay nagbigay sa akin ng detalyadong statistika sa homisidyo mula 2003 hanggang 2006, kasama ang kaso-sa-kasong pag-isa-isa, at gayundin ang kabuuang statistika. Nagbigay ang mga ito sa akin ng kontexto para unawain ang mga extrahudisyal na exekusyon at malamang nagpapatibay sa ilang elemento ng salaysay na binigay ng mga tagapagtaguyod.

Bilang ng mga insidente ng homisidyo at bilang ng mga taong pinatay, batay sa taon				
	2003	**2004**	**2005**	**2006**
Bilang ng mga insidente	180	225	264	344
Bilang ng mga taong pinatay	190	242	277	360

Ang ibig sabihin nito’y ang bilang ng homisidyo o pagpatay ng tao sa Lungsod Davao ay humigit-kumulang sa 17 hanggang 31 bawat 100,000 katao. (Ayon sa 2000 sensus, may populasyon ang Lungsod Davao na 1,147,116). Sa puntong wasto ang bilang ng mga tagapagtaguyod sa mga pagpatay ng DDS – at maaring mababa ito o mataas – humigit-kumulang sa kalahati ng mga pagpaslang, kung gayon, ay isinagawa ng DDS. (Ang pigura ay 52% para sa 2003, 44% para sa 2004, 56% para sa 2005, at 18% para sa 2006.)

Pinapakita rin ng datos na ang pagsaksak ay lubhang naging mas karaniwang metodo ng pagpatay simula 2006:

Bilang ng mga homisidyo, batay sa sandatang ginamit, batay sa taon				
	2003	**2004**	**2005**	**2006**
Mga insidente ng pagbaril	123	133	159	126
Mga insidente ng pagsaksak	57	92	105	218
Total na mga insidente	180	225	264	344
% pagsaksak	32%	41%	40%	63%

Dagdag na klaripikasyon ay matatagpuan sa pagtingin sa pangkalahatang bilang ng paglutas ng mga kaso ng homisidyo, kasama ang bilang ng paglutas ng mga kaso ng pagsaksak kung ikumpara sa mga kaso ng pagbaril:

Bilang ng paglutas ng mga kaso ng homisidyo, batay sa sandatang ginamit, batay sa taon				
	2003	**2004**	**2005**	**2006**
Mga insidente ng pagbaril	123	133	159	126
Mga kasong nalutas (bilang)	33	24	23	47
Mga kasong nalutas (%)	27%	18%	14%	37%
Mga insidente ng pagsaksak	57	92	105	218
Mga kasong nalutas (bilang)	42	73	67	98
Mga kasong nalutas (%)	74%	79%	64%	45%
Kabuuang bilang ng mga insidente	180	225	264	344
Mga kasong nalutas (bilang)	75	97	90	145
Mga kasong nalutas (%)	42%	43%	34%	42%

Ang pangkalahatang bilang ng paglutas para sa mga kasong homisidyo ay lagi't laging humigit-kumulang sa 40%. (Pansinin na ang paglutas dito ay tumutukoy sa pag-identipika sa mga suspek; walang impormasyong binibigay dito tungkol sa bilang ng hinatulan.)

Pansinin din na, alinsunod sa pagsusuri ng mga tagapagtaguyod, nagpapakita ang mga statistika ng pulis ng biglang pagtaas sa paggamit ng kutsilyo sa halip na baril sa 2006 (108% na pagtaas sa mga pagsaksak at 21% na pagbaba sa mga pagbaril) kasabay ng biglang pagbaba sa proporsyon ng mga insidente ng pagsaksak na nalutas ng pulis (30% na bagsak).

57 Isang talaang nagsusuri ng ilang susing elemento ng pito sa mga kasong ito ay sinama sa Appendix A, para. 27.

58 Isang taong aking nakausap ang nagsabi na tinanong ng pulis ang kanyang anak na lalake na maging "asset" pagkatapos siyang arestuhin. Ang iba naman ay may mga kaibigan o kakilala na naging "asset". Mukhang karaniwan silang mga myembro ng gang o mga pipitsuging kriminal, na nasa posisyong makapagreport ng mga lokasyon ng ibang mga myembro ng gang at mga kriminal. Sa pangkalahatan, ang mga "asset ay lumilitaw na nagbibigay impormasyon sa mga may hawak (handler) sa kanila sa pamagitan ng mga *cell phone text message*.

59 Alinsunod sa DILG Memorandum Circular No. 98-227 (2 Disyembre 1998), ilang barangay ay nagtatag ng Barangay Anti-Drug Abuse Councils (BADACs) para sa layuning ito. Ayon sa mga opisyal ng PNP na aking nakausap, ang mga *watch list* na binibigay ng mga grupong ito ay

pinagtitibay ng mga intelihensyang opisyal ng PNP at Philippine Drug Enforcement Agency at pagkatapos ay ginagamit sa bili-aresto *(buy-bust)* at iba pang anti-drogang operasyon.

60 Malinaw na sinabi sa akin ng mayor na maluwag niyang tatanggapin ang mga imbestigador para puntahan ang kanyang mga bilangguan, kausapin ang mga nakapiit, at tiyaking walang masamang nangyayari. Dapat isagawa nang lubusan ng CHRP ang likas nitong karapatang gawin ang gayon (Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas (1987), art. XIII, seksyon 18(4). Dapat ding isipin ng mga organisasyong lipunang sibil kung tatanggapin nito ang alok ng mayor.

61 Nakausap ko ang ilang testigo kung bakit sila at ang iba pa'y walang imik. Sinalaysay ng isa na dumating ang pulis at tinanong ang kanilang mga kapitbahay kung nakita nila ang pagpatay. Bagamat nangyari ang pagpatay sa harap ng publiko sa umaga ding iyon at marami ang nakakita sa mga salarin at sa kanilang aksyon, lahat ay nagsabi sa pulis na wala silang nakita. Ang dahilan ay sapagkat sa isang naunang insidente, may isa sa kanilang nagbigay ng deskripsyon ng mamamatay-tao; nang gabi ding iyon, may taong dumating at pinatay siya. Sa iba namang insidente na kasangkot ang anak ng parehong testigo, ni hindi nag-usisa ang pulis kung may testigo. Inipon lamang nila ang mga bala at umalis. Ang isa pang testigo na aking nakausap ay nagsabing di na naghabol pa ng kaso ang pamilya ng isang biktima dahil alam nilang may koneksyon ang salarin sa mga makapangyarihang tao. Sinabi niya na kahit sa ibang alam niyang kaso, walang nais magtestigo dahil sa takot at dahil laging inuulat ng media na ang biktima ay kriminal. Sino nga ba naman ang nais magtestigo para sa isang kriminal? Ang isang maalam ng indibidwal ang nagsabi sa akin na sa Lungsod Davao, ang mga testigong lumilitaw ay halos laging mula sa pamilya ng biktima; walang sinuman ang nais mailagay ang sarili sa panganib.

62 Ayon sa Task Force Usig, sa 116 na kaso ng mga napaslang na myembro ng party-list o militante na tinuturing nitong saklaw ng kanilang tungkulin, ang kasalukuyang status ng mga ito ay ang sumusunod:

Nasa ilalim ng imbestigasyon	66
Naihaing kaso – Preliminaryong imbestigasyon	25
Naihaing kaso – Arestado o sumuko ang (mga) suspek	6
Naihaing kaso – Nananatiling malaya ang (mga) suspek	19
Nagresulta ang kaso sa (mga) pagpapawalang-sala	0
Nagresulta ang kaso sa (mga) kumbiksyon	0
Total	116

Ang impormasyon sa talaang ito ay wasto batay sa 2 Abril 2007. (Sulat ng Misyon ng Pilipinas sa United Nations, petsa 23 Mayo 2007.) Kailan lamang, pinabatid sa akin ng Gobyerno na nakapagsampa na ang Task Force Usig ng 56 na kaso (o, dagdag na 6 na kaso); wala akong mga detalye sa kanilang status. Inihayag din ng Gobyerno na "nagsasakdal ito ng labing-apat (14) na sinasabing EJK na mga kaso" at binigyan ako ng listahan nito. (Sulat ng Misyon ng Pilipinas sa United Nations, petsa 18 Oktubre 2007.)

Walang dahilan para ipagpalagay na magreresulta sa mga kumbiksyon ang malaking bahagi ng mga kaso kung saan natukoy na ang mga suspek. Sa maraming pagkakataon kung saan "nalutas" ng PNP ang kaso, ang ibang sumusubaybay sa kasong iyon ay nagpahayag ng seryosong pagduda kung tunay ngang nakaturo ang ebidensya sa nakilalang suspek. Ang isang gayong halimbawa ay ang kaso ni Madonna Castillo y Lucban: Naghain ng sakdal ang pulis laban sa sinasabing NPA, bagamat may ibang nagtuturo sa sinasabing nairekord na testimonya bago mamatay na ang umatake sa kanya ay kasapi ng AFP. (Tingnan ang pag-aaral ng kaso nina Alice Omengan-Claver at Constancio Claver sa Appendix A, paras. 28-54, para sa dagdag na impormasyon sa kasong ito.) Isa pang halimbawa ay ang kaso ni Enrico Cabanit. Tinukoy na si Enrique Solon ang mamamaril pagkatapos na pagkatapos siyang patayin ng pulis. Gayunpaman, maraming bagay ang nagpapahiwatig na di maaasahan ang identipikasyon na ito, at, batay sa sarili kong mga interbyu at rebyu ng mga dokumento, sumasang-ayon ako sa Komisyong Melo na "maraming di nagkakatugma at kahina-hinalang mga detalye kaugnay sa imbestigasyon na di nagpapatunay sa teorya ng pulis". Ang pagsulong ng Gobyerno sa pagkamit ng hustisya para sa mga pagpaslang na ito ay di masusukat ng anupaman kundi ng mga kumbiksyon pagkatapos ng mga makatarungang paglilitis.

Ayon sa impormasyong binigay ng AFP, mayroong 18 na kaso ng pagpatay o nabigong pagpatay na dumadawit sa mga myembro o yunit ng AFP, mga myembro ng CAFGU, o "pinaghihinalaang aset ng militar" na "lumilitaw sa mga rekord ng TF USIG, makukuhang DOJ Resolusyon, at iyong iniulat sa Office of the Provost Marshal General". (Ang 18 na indibidwal ay nadawit sa kabuuang 14 na mga insidente. Iniulat ng AFP ang status ng mga kasong ito ayon sa sumusunod:

Status ng Kaso	**Status ng mga suspek**				**Total**
	Mga Regular na Myembro ng AFP	**Mga Yunit ng AFP**	**Mga Pinaghihi-nalaang CAFGU**	**Mga Pinaghihina-laang Asset ng Militar**	
"Dinawit sa media"	1	0	0	0	1
Nasa ilalim ng imbestigasyon	2 (*)	2	0	0	4
Inihaing kaso sa korte	3	0	0	3	6
Pinawalang-saysay ng DOJ	5	0	0	1	6
Inayos	0	0	1 (**)	0	1
Pinawalang-sala	0	0	0	0	0
Hinatulan	0	0	0	0	0
Total	11	2	1	4	18

(*) Isa sa mga indibidwal na ito, si Cpl. Lordger Pastrana, na dinawit sa pagpatay kay Isaias Sta. Rosa, ay patay na.

(**) Ang kaso laban sa myembro ng CAFGU na si Perfecto Banlawaon para sa pagpatay kay Delio Apolinar ay “pinawalang-saysay dahil inayos na ito alinsunod sa mga Kaugaliang Batas *(Customary Laws)* at Praktis ng mga Tribong Buaya at Salegseg”.

Ang impormasyon para sa talaang ito ay mula sa “Status of Cases of Regular Members, CAFGUs, Suspected Military Assets and Units of the AFP Implicated/Involved in the Killing of Militants (from 2001 – 8 March 2007)”, AFP Human Rights Office, kalakip sa sulat ng Misyon ng Pilipinas sa United nations, petsa 23 Mayo 2007.

63 Ayon sa Task Force Usig, sa 26 na mga kaso ng pinasalang na mga taong media na tinuturing nitong saklaw ng kanilang tungkulin, ang kanilang kasalukuyang status ay ayon sa sumusunod:

Nasa ilalim ng imbestigasyon	5
Naihaing Kaso – Preliminaryong imbestigasyon	1
Naihaing kaso – Arestado o sumuko ang (mga) suspek	12
Naihaing kaso – Nananatiling malaya ang (mga) suspek	6
Nagresulta ang kaso sa (mga) pagpapawalang-sala	0
Nagresulta ang kaso sa (mga) kumbiksyon	2
Total	26

Ang impormasyon sa talaang ito ay wasto batay sa 2 Abril 2007. (Sulat ng Misyong ng Pilipinas sa United Nations, petsa 23 May0 2007.)

Ang dalawang kasong may hatol o kumbiksyon ay ang kay Edgar Damalerio at Marlene Esperat. Para sa panahon mula 1986 hanggang sa pagtatag ng Task Force Usig, may mga kumbiksyon din sa dalawa pang ibang kaso, ang kina Alberto Berbon at Nesino Paulin Toling. (Rachel E. Khan and Nathan J. Lee, “The Danger of Impunity”, CMFR (5 Setyembre 2005).) Kailan lamang, pinabatid din sa akin ng Gobyerno na nakatamo ng mga kumbiksyon ang dalawa pang ibang kaso – ang kay Allan Dizon at Frank Palma — na hindi kasama sa 26 na hinahawakan ng Task Force Usig. (Sulat ng Misyon ng Pilipinas sa United Nations, petsa 18 Oktubre 2007.)

Pansinin na inireport ng Task Force Usig na sa 45 insidenteng inulat ng National Union of Journalists, 24 ay kasama sa listahan ng Task Force Usig ng 26; 15 ay di sinama, at 6 ay kailangan pang pagtibayin.

64 Bago 1991, ang mga pwersa ng pulis sa Pilipinas na binubuo ng Philippine Constabulary at ng Integrated National Police, ay bumubuo ng isang sangay ng AFP. Gayunpaman, nakatakda sa 1987 Konstitusyon na “Magtatatag ang Estado at magpapanatili ng isang pwersa ng pulis, na pambansa ang saklaw at sibilyan ang katangian, na pangangasiwaan at nasa kontrol ng isang pambansang komisyon ng pulisya. Ang awtoridad ng mga lokal na ehektubo sa mga yunit ng pulis na nasa kanilang hurisdiksyon ay itatakda sa batas.” (Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas (1987), art. XVI, seksyon 6). Para tupdin ang probisyong ito, tinatag ang DILG, PNP, at National Police Commission (NAPOLCOM) sa pamagitan ng “Department of the Interior and

Local Government Act of 1990" (Batas Republika Blg. 6975) (nilagdaan bilang batas, 13 Disyembre1990). Ang PNP at NAPOLCOM ay kapwa matatagpuan sa loob ng DILG.

Ang NAPOLCOM ay "isang ahensyang nakakabit sa [DILG]" na gumagampan ng "administratibong kontrol at superbisyon sa operasyon" ng PNP (Batas Republika Blg. 6975, seksyon 13-14 (alinsunod sa pag-amenda ng Batas Republika Blg. 8551).) Binubuo ang NAPOLCOM ng isang Tagapangulo, apat na regular na Komisyuner, at ng Pinuno ng PNP. Sa mga regular na Komisyuner, tatlo "ay magmumula sa sibilyang sektor na di aktibo, ni dating myembro ng pulis o militar" at isa "ay manggagaling mula sa sektor na tagapagtupad ng batas na aktibo o retirado". (Batas Republika Blg. 6975, seksyon 13 (alinsunod sa pag-amenda sa Batas Republika Blg. 8551).)

Samantalang isang pambansang organisasyon ang PNP, ang mga lokal na ehekutibo ay gumaganap ng malaki-laking kontrol sa mga kilos nito. Ang mga mayor ng lungsod at munisipyo ay "deputisado" bilang mga representatibo ng NAPOLCOM, at "gumagampan ng operasyunal na superbisyon at kontrol sa mga yunit ng PNP sa kani-kanilang hurisdiksyon" kasama ang "kapangyarihan na magdirekta, mangasiwa, at mamahala sa pang-araw-araw na mga tungkulin ng imbestigasyon ng pulis ng krimen, mga aktibidad sa paghadlang ng krimen, at kontrol ng trapiko alinsunod sa mga tuntunin at regulasyong pinapatupad ng [NPC]" (Batas Republika Blg. 6975, seksyon 51(b) (alinsunod sa pag-amenda ng Batas Republika Blg.8551)). Gayunpaman, inaako ng Komisyon ng Eleksyon (COMELEC) ang kontrol nito sa loob ng panahon ng 30 araw bago, at 30 araw pagkatapos, ng eleksyon. Dagdag dito, maaring 'isuspindi o bawiin" ang lokal na kontrol anumang panahon para sa alinman sa apat na nakatukoy na mga dahilan: "madalas na di-awtorisadong pagliban", "pag-abuso ng awtoridad", "pagbigay ng materyal na suporta sa mga kriminal na elemento," o "pagsasagawa ng mga aktong labag sa pambansang seguridad o sumasalungat sa pagkamabisa ng kampanya sa kapayapaaan at kaayusan". (Batas Republika Blg. 6975, seksyon 51(b), 52 (alinsunod sa pag-amenda ng Batas Republika Blg. 8551)).

Ang National Bureau of Investigation (NBI) ay isa pang tagapagtupad ng batas. Gayunpaman, kaiba sa bahagyang desentralisadong PNP, ang DOJ ang nagkokontrol sa mga operasyon ng National Bureau of Investigation (NBI) sa buong bansa. (Batas Republika Blg. 157 (nilagdaan bilang batas 19 Hunyo 1947) (alinsunod sa pag-amenda nito).)

65 Ang struktura ng NPS ay tinatag ng Presidential Decree No. 1275, "Reorganizing the Prosecution Staff of the Department of Justice and the Offices of the Provincial and City Fiscals, Regionalizing the Prosecution Service, and Creating the National Prosecution Service" (11 Abril 1978).

66 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas (1987), art. VIII.

67 Ang Sandiganbayan ay tinakda sa artikulo XIII, seksyon 5 ng 1973 Konstitusyon at pinanatili sa ilalim ng artikulo XI, seksyon 4 ng 1987 Konstitusyon. May hurisdiksyon ito sa, *inter alia* (kasama ng iba pang bagay), "mga sala o mabibigat na krimen kahit man simple o kinumplikado ng ibang krimen" kapag ginawa ng mga nakatataas ng publikong opisyal, kasama ang "mga kolonel ng Philippine Army at Air Force, kapitan ng navy, at lahat ng opisyal na may mataas na

rangko" at "mga opisyal ng PNP habang nasa posisyon ng Probinsyal na Direktor at iyong mga mayhawak ng rangko ng Senior Superintendent o mas mataas pa" (Presidential Decree No. 1606, seksyon 4(a)(1)(d)-(e), 4(b) (alinsunod sa pag-amenda ng Batas Republika Blg. 8249 at ng nauna)).

68 Tinatag ang IALAG sa pamagitan ng Executive Order 493, "Providing for the Creation of the Inter-Agency Legal Action Group (IALAG) for the Coordination of National Security Cases" (17 Enero 2006). Ang nakalahad na layunin nito ay "maglaan ng mabisa at episyenteng paghawak at pagkoordina ng mga imbestigatibo at prosekutoryal na aspeto ng paglaban sa mga banta sa pambansang seguridad" (seksyon 1).

69 Binubuo ang IALAG ng mga representatibo ng Office of the National Security Advisor, DOJ, Department of National Defense, DILG, National Intelligence Coordinating Agency, AFP, PNP, NBI, at "gayong ibang yunit na maaring mabigyan ng tungkulin ng National Security Adviser [seksyon 3]". Patungkol sa pamamahala, "Ang IALAG ay direktang mag-uulat at mananagutan sa National Intelligence Board (NIB) para sa mga obhetibo at kilos nito" (seksyon 4). Pinamumunuan ng NSA ang NIB. Ang "mga kaukulang departamento at ahensya" ay direktang "magtatatag ng mga mekanismo at pamamaraan para tupdin ang atas ng IALAG at mga sub-grupo nito hanggang sa pinakabatayang organisasyunal na yunit sa probinsyal at rehyunal na lebel." Tinatakda dito na maaring tawagin o bigyan ng tungkulin ang lahat ng iba pang mga ahensya ng gobyerno para magbigay ng aktibong suporta at tulong sa IALAG na bibigyan ng prayoridad sa ibabaw ng iba pang tungkulin. Nakatakda rin na "mahigpit na pamamahalaan at susubaybayan ng IALAG ang mga operasyon" (seksyon 5). Ang sekretaryat ng IALAG ay nakatalaga sa ilalim ng Office of the National Security Adviser, na "maaring maglabas ng mga tuntunin ng IALAG para linawin at ipatupad ang mga probisyon ng Executive Order na ito (seksyon 6).

70 Ilang mga aktibista at pulitikong aking nakausap ay nababahala na ang Human Security Act (Batas sa Pantaong Seguridad) ng 2007 na nilagdaan bilang batas noong 6 Marso 2007, ay gagamitin ng Gobyerno para ipagbawal ang CPP. Ang lehislasyong iyon ay naglilinaw sa mga krimen ng terorismo (seksyon 3) at sabwatan para gumawa ng terorismo (seksyon 4) at nagtatakda para sa pagbabawal ng "alinmang organisasyon, samahan, o grupo ng mga taong inorganisa para sa layunin ng pagsasagawa ng terorismo, o, kahit di inorganisa sa layuning gayon, ay aktwal na gumagamit ng mga akto ng terorismo na binanggit sa Batas na ito, o magtanim at lumikha ng kalagayan ng malawakang kilabot at ligalig sa taumbayan para pwersahin ang gobyerno na sumuko sa di legal nitong demanda. . . ." (seksyon 17).

71 Bawat taon, kasama sa General Appropriations Act ang mga pondo para sa bawat kongresista na kanyang ipapamahagi ayon sa kanyang pasya. Karaniwang tinatawag ang mga pondong ito na "pork barrel" ng kongresista. Kapansin-pansin sa mga gayong programa ang Priority Development Assistance Fund (PDAF), na kilala noon bilang Countryside Development Fund (CDF). Sa 2007 badyet, PhP11.445 bilyon (USD 241.302 milyon), o humigit-kumulang sa 1% ng badyet ay nakatalaga sa PDAF.

[72] *Tingnan hal.*, ang kaso nina Alice Omengan-Claver at Constancio Claver sa Appendix A, paras. 28-54.

[73] Ang pinakamataas na mga opisyal sa PNP ay nagsimula ng kanilang karera nang bahagi pa ang pulisya ng AFP. Pumasok sila sa Philippine Military Academy (PMA), kasama ang mga kasalukuyang nakatataas na mga opisyal ng AFP. Ngayon, ang mga rekrut ay nagsasanay sa Philippine Public Safety College (PPSC), at ang mga opisyal ay nagsasanay sa Philippine National Police Academy (PNPA). Ang mga nakatataas na opisyal ng AFP at PNP, gayundin ang mga nakatataas ng sibilyang opisyal, ay kumukuha ng mga kurso sa National Defense College.

[74] Ang panukalang batas na naglikha ng PNP noong 1990 ay nagtakda dito ng "pangunahing papel" sa kontra-insurhensya, at sa AFP ng "papel bilang taga-suporta" ("Department of the Interior and Local Government Act of 1990" (Batas Republika Blg. 6975) (nilagdaan bilang batas, 13 Disyembre 1990), seksyon 12). Nabaligtad ang mga papel na ito noong 1998 nang "nirilyebo [ang DILG at PNP] sa pangunahing responsibilidad sa mga bagay kaugnay ng pagsugpo ng insurhensya" ("Philippine National Police Reform and Reorganizations Act of 1998" (Batas Republika Blg. 8551) (nilagdaan bilang batas 25 Pebrero 1998), seksyon 3). Kailan lamang, inutos ng Executive Order No. 546 (14 Hulyo 2006) na "susuportahan ng PNP ang AFP sa mga operasyong kombat sa pagsugpo ng insurhensya at iba pang seryosong banta sa pambansang seguridad (seksyon 1). Binigyan ding awtoridad ang PNP "na magdeputisa ng mga barangay tanod bilang tagapagparami ng pwersa sa implementasyon ng kapayapaan at kaayusan sa lugar (seksyon 2). Sa praktis, tipikal na nagsasagawa ang PNP ng mga kontra-insurhensyang operasyon sa mga lugar sa lungsod samantalang nakatutok naman ang AFP sa mga kanayunan.

[75] *Tingnan* Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas (1987), art. VIII, seksyon 5: "Ang Korte Suprema ay mayroong mga sumusunod na kapangyarihan: . . . Magsasagawa ng mga tuntunin kaugnay sa proteksyon at pagpapatupad ng mga karapatang konstitusyonal, pagdulog, praktis, at pamamaraan sa lahat ng korte, pagtanggap ng mga magsasagawa ng batas, *integrated bar*, at tulong legal sa mga kapos-palad. Ang gayong mga tuntunin ay maglalaan ng pinasimple at di magastos na paraan para sa mabilis na paglutas ng mga kaso, magiging pantay sa lahat ng korte sa parehong antas, at di magbabawas, magdaragdag, o magbabago ng mga substantibong karapatan. Ang mga tuntunin sa kaparaanan sa mga espesyal na korte at mala-hudisyal na lupon ay mananatiling epektibo maliban kung di sasang-ayunan ng Korte Suprema."

Pinaalam din sa akin ng Gobyerno na kailan lamang, nagtakda ang Presidente ng kautusang administratibo na "nagtitiyak ng nararapat na koordinasyon at kooperasyon sa pagitan ng mga prosekutor at pulis". (Sulat ng Misyon ng Pilipinas sa United Nations, petsa 18 Oktubre 2007). Ang kautusang iyon ay nagtatakda na, sa mga kasong nasa ilalim ng hurisdiksyon ng mga espesyal na korte na tinatag ng Korte Suprema para siyasatin ang mga extrahudisyal na exekusyon (tingnan Bahagi X(H)), inuutusan ang PNP at NBI na makipagtulungan sa NPS "sa pamagitan ng, kasama ang iba pang bagay, pagkonsulta sa mga publikong prosekutor sa lahat ng bahagi ng kriminal na imbestigasyon". (Administrative Order No. 181 (3 Hulyo 2007).)

[76] Ang repormang ito ay mangangailangan ng pagrebisa ng DOJ ng mga tuntunin at regulasyon nito sa pagpapatupad ng “Witness Protection, Security and Benefit Act” [Batas sa Proteksyon ng Testigo, Seguridad at Benepisyo] (Batas Republika Blg. 6981, nilagdaan bilang batas 24 Abril 1991), ngunit hindi ito nangangailangan ng pag-amenda ng batas.

[77] Isang karapatdapat na mungkahing *mangangailangan* ng pag-amenda ng batas ay ang pagdagdag ng mga parusa para sa panliligalig ng mga testigo. Kaunti lamang ang mga ito: mula ng di hihigit sa 3,000 pesos (USD $65) o pagkabilanggo ng di bababa sa 6 na buwan at di hihigit sa 1 taon. (Batas Republika Blg. 6981, seksyon 17(e).)

[78] Kaya, para sa mga testigo sa isang kasong tinawag ang aking pansin, ang “pasilidad ng ligtas na pabahay” na nakatakda sa batas ay binubuo ng maliliit na kwarto sa NBI compound. Ang mga nadawit na opisyal ay di hinadlangang diretsong pumunta sa kung saan nakasilong ang mga testigo, at di sapat ang ibang inilaang pinansyal at medikal na benepisyo. (Para sa mga karapatan at benepisyo na nakatakda sa ilalim ng programa sa pagprotekta ng testigo, tingnan Batas Republika Blg. 6981, seksyon 8.) Sa huli, karamihan sa mga testigo sa kasong iyon ay napilitang umalis sa programa at binawi ang kanilang testimonya.

[79] Batas Republika Blg. 6981, seksyon 3(c).

[80] Ganito ito sa kabila ng legal na probisyon, Batas Republika Blg. 6981, seksyon 9: “Sa alinmang kaso kung saan ang isang testigong tinanggap sa Programa ay magtetestigo, titiyakin ng lupong hudisyal o mala-hudisyal, o ng nag-iimbestigang awtoridad ang mabilis na pagdinig o paglilitis at sisikaping tatapusin ang sinabing proseso sa loob ng tatlong (3) buwan mula nang isampa ang kaso.”

[81] Ang Ombudsman ang may awtoridad at tungkulin na mag-imbestiga at magsakdal, batay sa reklamo o sa pamagitan ng sarili nitong inisyatiba, ng “anumang akto o pagkaligta ng alinmang publikong opisyal, empleyado, opisina o ahensya, kapag ang gayong akto o pagkaligta ay lumalabas na ilegal, di makatarungan, di nararapat, o di mabisa”; “utusan” ang sinumang publikong opisyal “na gawin at pabilisin ang anumang akto o tungkuling kahingian ng batas, o tigilin, hadlangan, at iwasto ang anumang abuso o kamalian sa pagsasagawa ng mga tungkulin”; “utusan” ang mga pampublikong opisyal na “gumawa ng karampatang aksyon laban sa isang publikong opisyal o empleyadong nagkamali, at irekomenda ang kanyang pagtanggal, suspensyon, demosyon, multa, puna o prosekusyon, at tiyakin ang pagsunod sa mga ito”; at “ipalimbag ang mga bagay na sakop ng imbestigasyon nito kung hinihingi ng sirkumstansya at may karampatang ingat”. (Konstitusyon ng Republika ng (1987), art. XI, seksyon 13.)) Ang yunit na ito sa loob ng Opisina ng Ombudsman na responsable sa pagsiyasat ng mga extrahudisyal na exekusyon ay pinamumunuan ng Deputy Ombudsman for the Military and Other Law Enforcement Offices.

[82] Memorandum of Agreement (Memorandum ng Kasunduan) petsa 12 Nobyembre 2004 at nilagdaan nina Raul M. Gonzalez, Secretary, Department of Justice at Simeon V. Marcelo, Tanodbayan, Office of the Ombudsman.

83 Pinabatid sa akin ni Chief Justice Reynato Puno ang ganitong inisyatiba nang kami'y magpulong, at inanunsyo niya ito pagkatapos na pagkatapos. Sa kongkreto, ang pagtatag ng mga "espesyal na korte" ay nangangahulugan na may tinakdang mga partikular na korte sa paglilitis na ang mga gayung kaso lamang ang didinggin o gagawing prayoridad sa kanilang kalendaryo ng mga paglilitis: "Ang mga kasong tinutukoy dito ay dadaan sa mandatoryong tuloy-tuloy na paglilitis at tatapusin sa loob ng animnapung (60) araw mula sa pag-umpisa ng paglilitis. Ang pagpasya dito ay ibibigay sa loob ng tatlumpung (30) araw mula sa pagsumite ng desisyon maliban na lamang kung may mas maiksing panahong itinakda ang batas o kung idinidirekta ng Korteng ito. . . . Ang mga Espesyal na Korte na itinakda ay patuloy na isasama sa *raffle* ng mga kaso, kriminal at sibil, sa kondisyong ang mga kaukulang Ehekutibong Husgado ng mga RTC (Regional Trial Courts) ay di isasama ang mga itinakdang Espesyal na Korte sa gayong *raffle* kapag sa kanilang pasya, ang bigat ng mga kaso ng mga korteng ito ay hahadlang sa kanilang pagdaos ng tuloy-tuloy na paglilitis ng mga espesyal na kaso na nakatukoy dito. . . . Walang papayagang pagpapaliban o pagpapatuloy ng paglilitis maliban kung may mga malinaw na mahalagang dahilan. Ang mga petisyon o mosyon na matatagpuang inihain para sa layunin ng pagpapa-antala ay ituturing na direktang paglapastangan sa hukuman *(direct contempt)* at tatanggap ng karampatang parusa." (Administrative Order No. 25-2007, "Designation of Special Courts to Hear, Try and Decide Cases Involving Killings of Political Activists and Members of Media" [Pagtakda ng mga Espesyal na Korte upang Dinggin, Ilitis, at Desisyunan ang mga Kasong Kaugnay ng mga Pagpaslang mg mga Aktibistang Pulitikal at mga Myembro ng Media] (1 Marso 2007)).

Dapat tuwiran ang pagmonitor ng pagkamabisa ng ganitong ayos, "yayaman din lamang na "Ang ulat sa status ng mga kasong ito ay ilalakip sa Buwanang Ulat ng mga Kaso na isusumite tuwing ika-10 na araw ng sumusunod na buwan sa Statistical Reports Division, Court Management Office, Office of the Court Administrator. Ang di pagsumite ng gayong report ay batayan sa di pagbigay ng mga sweldo at alawans sa kaukulang mga/husgado at klerk ng korte/klerk ng sangay ng korte/ namamahalang opisyal nang walang hadlang sa anumang administratibong parusa na maaring ipataw sa kanila ng Korte Suprema." (Administrative Order No. 25-2007).

84 Nag-interbyu din ako ng isang testigo na naka-enkwentro ng parehong problema sa paghain ng petisyon para sa *habeas corpus* nang ang kanyang kapatid na lalaki ay pinigil sa isang "safe house" (pinagandang termino para sa lihim na pasilidad para sa detensyon).

85 "Guidelines on Appearances of Department Heads and Other Officials of the Executive Department Before Congress" [Mga Gabay sa Pagharap sa Kongreso ng mga Pinuno ng Departamento at ibang Opisyal ng Ehekutibong Departamento] (Memorandum Sirkular Blg. 108) (pinagtibay 27 Hulyo 2006). Bago inilabas ang memorandum sirkular na ito, may ehekutibong kautusan, "Ensuring Observance of the Principle of Separation of Powers, Adherence to the Rule on Executive Privilege and Respect for the Rights of Public Officials Appearing in Legislative Inquiries in Aid of Legislation Under the Constitution, and for other Purposes" [Pagtiyak sa Pagtupad ng Prinsipyo ng Paghiwalay ng mga Kapangyarihan, Pagsunod sa Tuntunin ng Ehekutibong Pribilehyo at Paggalang sa mga Karapatan ng mga Publikong Opisyal na Humaharap sa mga Lehislatibong Pag-uusig bilang Tulong sa Lehislasyon sa Ilalim ng Konstitusyon at para sa ibang Layunin] (Executive Order No. 464) (pinagtibay 26 Setyembre

2005). Mga bahagi ng ehekutibong kautusan na iyon ay pinawalang-bisa ng Korte Suprema sa *Senate of the Philippines, et al. vs. Eduardo Ermita, et al.*, G.R. No. 169777 (20 Abril 2006) na bahagi'y nagpahayag na "Ang mga bagay na maaring maging karapatdapat na paksa ng lehislasyon at iyong maaring maging karapatdapat na paksa ng imbestigasyon ay iisa. Sumusunod na ang pagpapatakbo ng gobyerno, bilang lehitimong paksa para sa lehislasyon ay karapatdapat na paksa para sa imbestigasyon. . . . . Ang kapangyarihan ng pag-uusig, "na may proseso sa pagtupad nito" ay nakabatay sa pangangailangan ng impormasyon sa lehislatibong proseso. Kung ang impormasyong nasa kamay ng mga ehekutibong opisyal sa pagpapatakbo ng kanilang mga opisina ay kailangan para sa matalinong lehislasyon sa paksang iyon, batay sa kapantay na dahilan, may karapatan ang Kongreso sa gayong impormasyon at may kapangyarihan na pilitin ang pagbubunyag nito."

86 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas (1987), art. 6, seksyon 18; art. 7, seksyon 16.

87 Alinsunod sa isang 1991 na direktiba ng Ehekutibong Sekretaryo sa Chief of Staff ng AFP, ang mga taong inirerekomenda ng AFP para sa promosyon "ay dapat walang di pa napagpasyahang mga/kaso sa mga paglabag sa karapatang pantao na nakahain sa Komisyon sa mga Karapatang Pantao". Memorandum, 4 Abril 1991.

88 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas (1987), Art. XIII.

89 Ang bilang ng mga tauhan ng CHRP ay humigit-kumulang 600. Kalahati nito ay nasa opisina sentral at ang kalahati ay nasa mga opisina rehyunal, na bawat isa ay may humigit-kumulang na 30 na tauhan. Sampung porsyento lamang ng mga tauhan ay nagtatrabaho bilang mga imbestigador. Maraming halimbawa kung paano ang kakulangan ng pondo at kagamitan ay balakid sa mga imbestigasyon. May iilang behikulo lamang ang mga opisina at nagtatrabaho ang mga ito sa ilalim ng napakastriktong pagbigay ng alawans para sa gasolina kung kaya nahahadlangan ang mga imbestigasyon sa mga kanayunan. Bihira lamang na makapagbigay ang CHRP ng tulong sa mga biktima na lumalabis sa pamasahe sa bus. Nalilimita ang kakayahan nitong tumulong sa mga biktima at sa maaring maging testigo, sa paglipat nila ng titirahan. Tanging ang mga opisina sentral ang may akses sa mga doktor para magsagawa ng mga autopsya. Ang mga opisina rehyunal ay walang kakayahan para sa pagsiyasat ng pisikal na ebidensya.

90 "CHR to set up P25-M forensic center" [CHR magtatatag ng P25-M forensic center], GMA News TV (3/10/07); Sulat ng Misyon ng Pilipinas sa United Nations, petsa 23 Mayo 2007.

91 Kasama sa mga hakbang na ito ang pagtatag ng Presidente ng Komisyong Melo (Administrative Order No. 157, "Creating an Independent Commission to Address Media and Activist Killings" [Paglikha ng Independenteng Komisyon para Tugunan ang mga Pagpaslang ng Media at Aktibista] (21 Agosto 2006), pagtatag ng Presidensyal na Komite sa Karapatang Pantao (Administrative Order No. 29 (27 Enero 2007), ang instruksyon ng Presidente sa mga Sekretaryo ng Justice, Department of National Defense sa pakikipag-ugnay sa CHRP sa pagbuo ng "Joint Fact-Finding body" (Pahayag ng Presidente, petsa 31 Enero 2007); Memorandum mula kay Ehekutibong Sekretaryo Eduarto R. Ermita, petsa 31 Enero 2007), ang pagtatag ng AFP ng isang

Opisina ng Karapatang Pantao noong Pebrero 2007, ang pagtatag ng Korte Suprema ng mga espesyal na korte, ang direktibang inilabas ng AFP sa responsibilidad ng nagmamando, ang mga hakbang ng DOJ para palakasin ang programa para sa proteksyon ng testigo (Memorandum sa Presidente, petsa Pebrero 2007, ang pagtawag ng Chief Justice ng Korte Suprema ng isang Pambansang Konsultatibong Pulong sa mga Extrahudisyal na Pagpaslang at Sapilitang Pagpapawala noong Hulyo 2007.

92 Malaking ang aking interes sa pagbasa ko ng mga pagsusuri ng mga rekomendasyon ng ilang lupon at mga organisasyon, kasama ang Komisyong Melo ("Initial Report" [Panimulang Ulat] (Pebrero 2007) Amnesty International ("Philippines: Political Killings, Human Rights and the Peace Process" [Pilipinas: Mga Pulitikal na Pagpaslang, Karapatang Pantao at Kapayapaang Proseso] (15 Agosto 2006) at Human Rights Watch ("Scared Silent: Impunity for Extrajudicial Killings in the Philippines" [Tinahimik ng Takot: Impunidad para sa mga Extrahudisyal na Pagpaslang sa Pilipinas] (Hunyo 2007)).

Appendix A

MGA INDIBIDWAL NA PAG-AARAL NG MGA KASO

Nelson Asucena

1. Pinapakita ng kasong ito ang isang lapit sa kontra-insurhensyang ginagamit sa Rehyon ng Cagayan Valley.

2. Pinatay si Nelson Asucena noong 13 Disyembre 2006 sa Barangay San Juan, Rizal, Cagayan, rehyon ng Cagayan Valley. Mga bandang alas diyes ng gabing iyon, nagising siya at ang kanyang pamilya dahil sa tahol ng mga aso. May taong tumawag sa kanyang lumabas. Pinigilan siya ng kanyang ama na buksan ang pinto, ngunit sumagot siya na boses ni Lt. Marcelo Pascua ang kanyang narinig. Binuksan niya ang pinto at lumabas na may dalang lampara. May anim na tao sa labas -- Pascua na naka-unipormeng pangkombat at limang iba pang nakasuot ng bonete (i.e. ski masks), itim na kamisadentrong mahaba ang manggas at botas pangkombat. Sinabihan nila siyang patayin ang ilaw o ibalik ang lampara sa loob. Nagpaluto ng pagkain ang anim na lalaki. Pagkatapos, nagpalit ng isip ang anim na lalaki at humingi na lamang na pagsilbihan sila ng kape sa halip ng pagkain para mas mabilis. Magluluto na sana ng kape ang kanyang ina nang tawagin si Nelson ng isa sa mga lalaki para dalhan sila ng tubig, ngunit sa halip, ginawa iyon ng kanyang ama at pagkatapos pumasok sa loob para maghanda ng mga tasa para sa kape. Habang inihahanda niya ang mga tasa at nakapaglagay na ng dalawang tasa sa bandehado, tinawag muli ng mga sundalo si Nelson para kumuha ng mga baso.

3. Lumabas si Nelson. Ilang segundo lamang ang nakalipas nang marinig ng mga myembro ng kanyang pamilya ang pagkasa ng baril. Pagkatapos, narinig nila ang mga putok ng baril. Lumabas ang kanyang ama at ina at nakitang nakahandusay ang kanilang anak sa lupa. Ang anim na lalaki ay wala na roon at di na makita.

4. Ang testigo na aking nakausap ay di sigurado sa dahilan ng pagpatay, ngunit may pinahihiwatig ang ibang impormasyong binahagi.

5. Sa umaga ng Nobyembre 26, dumating si Lt. Pascua sa bahay na hinahanap si Nelson, ngunit ang kanyang natagpuan lamang ay ang ina. Tinawag ng ina si Nelson, at umuwi ito. Hiniling siya ni Lt. Pascua na “sumuko”. Sagot niya, “Ang tanging mayroon ako ay ang aking bolo at araro. Ako’y sibilyan, tagapangulo ng kabataan sa barangay.” Tugon ni Lt. Pascua, “Kung gayon, dapat mong alagaan ang iyong sarili.”

6. Tagapangulo si Nelson ng Sangguniang Kabataan ng barangay. Myembro rin siya ng Anakbayan, isang organisasyon ng kabataan na bahagi ng koalisyon ng BAYAN. Pinahayag ng testigo na hindi myembro ng NPA si Nelson.

7. Sinabi ng testigo na may presensya ang NPA sa lugar, at kung minsan dumadaan ang mga mandirigmang NPA sa barangay, ngunit wala namang mga bagong enkwentro sa pagitan ng AFP at NPA. (Umaayon ito sa datos sa mga insidenteng binigay ng AFP. Ayon sa mga rekord ng AFP, sa panahon mula 2000 hanggang kasalukuyan, maraming mga seryosong sagupaan sa pagitan ng AFP at NPA sa bandang hilaga ng lugar na ito (sa mga munisipalidad ng Gattaran at Lasam) at sa timog nito (sa mga munisipalidad ng Balbalan at Pinukpuk, Kalinga, Cordillera Administrative Region). Gayunpaman, ang mga munisipalidad na ito’y 30 kilometro ang layo mula sa Barangay San Juan mismo, at ang huling enkwentro sa kalapit Barangay Bural ay

nangyari noon pang Enero 2004 (walang mga nasawi). Ang mga seryoso at patuloy na enkwentro ay nangyari sa mga karatig-lugar ng munisipalidad ng Sto Niño; gayunpaman, naging bihira na lamang ito pagsapit ng 2001. (Pinagmulan: *CD labeled "Reference Materials on Unexplained Killings* [CD na tinatakang "Sanggunian ng mga Materyal sa Di Maipaliwanag na Pagpatay] (Enero 2007)" na binigay ng AFP kasama ang iba pang mga dokumentong ambag sa "kronolohiya ng mga [kaugnay-NPA] na mararahas na insidente" mula 2000 hanggang 2006; ang datos para sa 2006 ay mukhang di buo.))

8. Noong Nobyembre 24, nagdaos ng pulong sa barangay ang mga sundalo mula sa Alpha Company ng 21st Infantry Battalion ng Army. Sa pulong na iyon, pinaliwanag ng mga sundalo ang kanilang programa sa insurhensya. Sa kalagitnaan ng pulong, kumuha sila ng sensus, inipon ang mga pangalan at palayaw ng lahat ng dumalo. Nagtanong ang mga sundalo kung ano ang mga problema sa komunidad. Binanggit ng mga tao ang tungkol sa sentrong pangkalusugan at pangangailangang ayusin ang mga kalsada. Tinanong ng mga sundalo kung paano nila maaayos ang mga kalsada gayong sinisira naman ng NPA ang mga makinarya. Tumugon ang isang residente na minsan lang nangyari ito, ngunit ngayon na wala na sila, bakit di ayusin ang mga kalsada? Nagsalita rin ang mga sundalo tungkol sa kung gaano kamapanlinlang ang mga myembro ng CPP/NPA/NDF. Tumayo ang ama ni Nelson at tinanong kung bakit di nila arestuhin ang mga iyon kung mapanlinlang nga sila. Sumagot ang isang sundalo, "Paano namin sila aarestuhin gayong mga organisasyong legal sila?" (Pinaliwanag ko na ito ay tanong at sagot na sesyon; walang naganap na PowerPoint presentasyon.)

9. Noong Nobyembre 25, kinuha at dinala ng mga sundalo sa isang base militar sa Tuao ang dalawang residenteng dating myembro ng NPA. (Pinalaya ang dalawa sa Disyembre bago mag Pasko.)

10. Maliban sa nasa kontexto ng pulong, walang kamalay-malay ang testigo sa anumang sensus na ginawa. Gayunpaman, magkakalayo sa isa't isa ang mga bahay sa barangay, kung kaya mahirap tiyakin ang totoo. (Para sa kontexto, ayon sa datos ng sensus, batay sa 1 Mayo 2000, may populasyong 408 sa 76 sambahayan ang Barangay San Juan.) Nalaman ko mula sa ibang mga testigo na ginagawa ang mga sensus ng mga sundalo sa ilang bahagi ng probinsya ng Cagayan.

11. Pagkaraan, nagtalaga ang mga sundalo ng ilan sa mga residente sa CAFGU. Ayon sa impormasyon mula sa mga taong nakatira pa rin sa lugar, walang nangyari dito. Ang mga taong tinalaga sa CAFGU ay tumanggap ng impormasyon na bibigyan sila ng pagsasanay, ngunit hanggang ngayon, wala pang nangyayaring ganoon. (Kung wasto ang segunda manong impormasyong natanggap ng testigo, mukhang di ito pangkaraniwan; tinukoy ng ibang mga testigo, kasama ang mga galing sa probinsya ng Cagayan, ang mga indibidwal na nagboluntaryo at pagkatapos nagsilbi sa mga CAFGU).

12. Pagkatapos paslangin si Nelson, agad humingi ng tulong ang kanyang pamilya mula sa mga kapitbahay at mga opisyal ng barangay. Kinaumagahan, sinundan ng mga opisyal ng barangay ang nakikita pang mga bakas ng paa mula sa kung saan nakatayo ang mga lalaking pumatay kay Nelson hanggang sa Barangay Bural, isang kalapit-barangay na tinitirahan ng mga sundalo.

13. Nagbigay ng pahayag ang ama ni Nelson sa mga opisyal ng barangay, ngunit takot siyang kumausap sa PNP. Kaya kinuha ng mga opisyal ng barangay ang kanyang pahayag at pinadala ito sa pulis. (Ayon sa AFP, "Ang pagpatay ay inireport lamang noong 15 Disyembre 2006, 11:00 n.u. ng Brgy Tagapangulo Froilan P. Dassil sa pamagitan ng *text message*. Ayon sa report, inimbita ng PNP yunit ng Rizal sa ilalim ni P/Insp Balisi ang mga magulang ng biktima para magbigay linaw sa nangyari, ngunit di sila nakipagtulungan. Iningatan ng KARAPATAN ang mag-asawa at pinayuhan silang sa halip, pumunta sa Bombo Radyo para iparinig ang kanilang mga hinaing. Dagdag na impormasyon ang nagbunyag na si Charles Valencia, isang abogado ng KARAPATAN, ay nagsampa ng kasong pantaong karapatan laban kay 2LT PASCUA na walang ginawang imbestigasyon." ("Status of Cases of Regular Members, CAFGUs, Suspected Military Assets and Units of the AFP Implicated/Involved in the Killing of Militants" [Status ng mga Kaso ng mga Regular na Myembro, mga CAFGU, mga Pinaghihinalaang Asset ng Militar at mga Yunit ng AFP na Nadawit/Nasangkot sa Pagpatay ng mga Militante] (from 2001-8 Marso 2007", AFP Human Rights Office, kalakip sa sulat ng Misyon ng Pilipinas sa United Nations, petsa 23 Mayo 2007).)

14. Pumunta ang ama ni Nelson sa munisipalidad para humiling ng sertipiko ng kamatayan, ngunit tinanggihan niyang tanggapin ito dahil ang inilistang sanhi ng kamatayan ay malaria. Tinanong ng mayor at kolonel kung nasaan ang medikal report sa bangkay. Ngunit wala namang nagawang medikal na examinasyon, sapagkat di madala ng pamilya ang bangkay sa lungsod. Ang lugar kung saan pinatay si Nelson ay malapit sa "bahay-bukid" (bahay kubo malapit sa bukid na kaiba sa tunay nilang bahay na nasa barangay). Malayo ito sa pinakamalapit na hintuan ng dyipni at ang pagpunta doon ay nangangailangan ng pagtawid sa ilog na noon ay mataas at malakas ang agos. Kaya inilibing na lamang si Nelson sa kanilang bakuran.

15. Sa kabila ng unang pag-aatubili ng pamilya, sa huli'y nagsampa sila ng mga reklamo sa CHRP, sa PNP, at sa Regional State Prosecutor sa Tuguegarao, ang kapitolyong lungsod ng Cagayan. Dahil walang sertipiko ng kamatayan, mahirap gawin ang mga reklamong ito at di alam ng mga testigo kung umuusad ang kaso. Humingi sila ng tulong mula sa CHRP para hukayin ang bangkay at makagawa ng autopsya.

16. Nagbigay ang AFP ng salaysay sa paglahok nito sa mga sumunod na imbestigasyon:

> "Sa 20 Enero 2007, isang sulat na nilagdaan ni Rev. Emery V. Cadiz ng KARAPATAN-CV Chapter ay pinadala kay Rizal Mayor Raul Dela Cruz. Pinabatid sa kanya na ang KARAPATAN, sa pakikipagtulungan sa CHR Office ng Rehyon 2, ay magsasagawa ng kanilang imbestigasyon sa 20-21 Enero 2007.
>
> "Sa 190800 Enero 2007, sakay sa isang pampasaherong dyip, dumating sa Sicalao, Lasam, Cagayan ang isang grupo ng mga tao, kasama ang dalawang dayuhan: Emily Totenberg, isang mamamayan ng U.S. na nagsasabing myembro siya ng Green for International Press; at isang Hapon na nagsasabing estudyante siya ng UP-Diliman. Iniulat na galing sila sa KARAPATAN at pinamunuan ng di kilalang taong nagpakilala sa kanyang sarili bilang estudyante ng UP na nag-aaral para sa kanyang doktorado. Hininto sila ng mga elemento ng 21 IB para sa karaniwang inspeksyon at dahil di maipakita ng dalawang dayuhan ang kanilang mga pasaporte, pinayuhan silang bumalik na lamang sa kanilang pinanggalingan. Napagmasdan na karamihan sa mga myembro ng grupo ay ang karaniwang mga militante sa probinsya ng Cagayan.

> "Noong 19 at 20 Pebrero 2007, naglabas ang Philippine Daily Inquirer ng mga artikulo na nagpahayag na diumano, ang grupo ni 2LT MARCELO PASCUA PA ay responsable sa pagpatay kay Ginoong Asucena. . . .
>
> "Nagreport ang Commanding Officer na di totoo ang mga alegasyon. Nagsumite ang yunit sa CSAFP ng paunang report at alinsunod sa personal na pag-uusig sa CO, 21st IB, ang yunit sa kasalukuyan ay handang kumuha ng mga sertipikasyon mula sa mga testigo na si 2LT PASCUA ay kasama ng ilang opisyal at mga guro sa barangay sa panahon ng inulat na petsa ng insidente. Wala pang subpoenang inilabas ang prosekutor sa lugar."
>
> ("Status of Cases of Regular Members, CAFGUs, Suspected Military Assets and Units of the AFP Implicated/Involved in the Killing of Militants" [Status ng mga Kaso ng mga Regular na Myembro, mga CAFGU, mga Pinaghihinalaang Asset ng Militar at mga Yunit ng AFP na Nadawit/Nasangkot sa Pagpatay ng mga Militante] (from 2001-8 March 2007)" AFP Human Rights Office, kalakip sa sulat ng Misyon ng Pilipinas sa United Nations, petsa 23 Mayo 2007).)

James Ayunga

17. Ang kasong ito ay nagpapakita ng lapit sa kontra-insurhensyang ginagamit sa rehyon ng Gitnang Luzon.

18. Si James Ayunga ay isang lider ng Alyansa ng Magbubukid sa Gitnang Luzon (AMGL), isang lokal na sangay ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), isang organisasyon ng mga magbubukid na kasapi ng koalisyon ng BAYAN, at myembro ng konseho ng barangay sa Barangay Culong, Guimba, Nueva Ecija, Gitnang Luzon. (Para sa kontexto, ayon sa datos ng sensus, batay sa 1 Mayo 2000, ang Barangay Culong ay may populasyon na 1, 447 sa 322 kasambahay.)

19. Noong Hunyo 2006, isang detatsment ng militar (mula sa 71st Infantry Batallion ng Army) ay tinatag sa kanyang barangay. Nagtawag ito ng asembleya ng komunidad. Sa asembleya, sinabi ng mga sundalong naroon sila para magpanatili ng kapayapaan at kaayusan. Hiniling nila sa mga myembro ng odyens na mga kasapi ng mga organisasyong lipunang sibil na ibigay ang kanilang mga pangalan, ngunit walang nagboluntaryo. Pagkatapos, gumawa ang mga sundalo ng pintu-pintuang sensus, tinanong ang mga pangalan ng mga naninirahan, ang kanilang mga okupasyon, atbp.

20. Pagdating ng Hulyo, gumawa ang mga sundalo ng listahan batay sa sensus at nagsimulang isa-isang tawagin ang lahat ng nasa listahan para sa interogasyon. Ang mga naunang natawag ay ang mga lokal na myembro ng KMP. Nangyari ang mga interogasyon sa bahay na nirenta ng detatsment at sangkot dito ang tortyur, kasama na ang pagsuntok sa tiyan ng mga tao at pagtaklob ng plastik sa kanilang mga ulo. Kabilang sa mga tinawag ay ang mga magulang ni James Ayunga at ang kanyang mga kamag-anak na kasapi ng mga organisasyong lipunang sibil. Tinanong sila kung saan siya matatagpuan sapagakat may impormasyon ang mga sundalo na siya ay *full-time* na organisador para sa AMGL, kaya wala siya noon sa barangay. Takot para sa kanya ang anak niyang babae at manugang na lalaki dahil pinapunta sila sa detatsment at tinortyur, kung kaya sinabihan nila siyang huwag bumalik sa bayan. Nagpasya din silang lisanin ang bayan.

21. Nakumpirma ang kanilang kinatatakutan nang patayin sa kanilang bayan ang isang myembro ng konseho ng barangay na isa ding lider ng KMP. (Pinagpapalagay, batay sa ibang mga ulat, na ito ay si July Vasquez na pinatay noong 16 Agosto 2006). Si G. Vasquez ay pinatawag ng mga sundalo at inusig. Natakot siya sa interogasyon, kaya umalis siya sa lugar nang dalawang linggo. Nang bumalik siya, nakapagtayo na ang mga sundalo ng detatsment malapit sa kanyang bahay at pinatay siya nang gabi ding iyon. Sinuspetsahan siya ng mga sundalo na sumama siya sa NPA. (Ayon sa AFP, "Noong 161900 Agosto, binaril si Brgy Councilman July VASQUEZ ng tatlo (3) CT sa Brgy Culong, Guimba, Nueva Ecija. Ayon sa report, tinanong siya ng mga CT kung maari nilang gamitin ang kanyang tahanan bilang pahingahang lugar tuwing dumaan sila doon. Ngunit tumanggi siya. Humiling ang biktima na makipag-ayos para sa pagtatag ng isang Armi Detatsment sa kanilang barangay." (*CD labeled "Reference Materials on Unexplained Killings"* [CD na tinatakan ng "Sanggunian ng mga Materyal sa Di Maipaliwanag na mga Pagpaslang] (Enero 2007)" ibinigay ng AFP).)

22. Mula sa mga taong nanatili sa bayan, naunawaan ng testigo na gumugol ang mga sundalo ng tatlong araw sa huling bahagi ng Agosto para magmanman sa (abandonadong) bahay ng pamilya. Regular na lumibot sa lugar ang mga sundalong nakamotorsiko at nakadamit sibilyan. Sa kabila ng kanilang damit sibilyan, nakilala ng mga kapitbahay ang mga indibidwal na sundalo. Sinunog ng mga sundalo ang bahay noong 29 Agosto 2006. Binigyang kahulugan ito na isa itong paraan ng pagpapakita ng mga konsekwensya sa pag-iwas ng interogasyon.

23. Noong 4 Nobyembre 2006, nagtawag ang mga sundalo ng pulong komunidad. (Pinaliwanag kong walang mga polyetong ginamit sa lugar para sa panlalait.) Inanunsyo nila na dahil di nagrereport si Ginoong Ayunga, siya ay "wanted". Sinabi nilang kapag makita siya, papatayin nila siya. Ang dahilang binigay nila ay isa raw siyang NPA komander. Binigay nila bilang ebidensya ang katunayan na di siya nakatira sa bayan, at di siya nagpapakita para linisin ang kanyang pangalan. (Sa lugar na ito, ang mga dagdag-pamilyang kamag-anak ay tipikal na naninirahan sa isang "compound" – lote na may ilang mga bahay -- kaya tinuturing na kahina-hinala kapag may myembro ng pamilya na nawawala. Pinagpapalagay ng mga sundalo na ang nawawalang tao ay kasama ng NPA).

24. Ayon sa testigo na aking nakausap, noong nakaraan, dumadaan ang mga mandirigmang NPA at binibigyan ng pagkain, at kung minsan, ng masisilungan. Takot ang mga taong di bigyan ng akomodasyon ang mga NPA sa pangambang baka kung anong mangyari. Gayunpaman, mula ng mga huling buwan ng 2003, wala nang mga NPA sa paligid. At walang anumang enkwentrong naganap sa pagitan ng AFP at NPA mula nang maitatag ang detatsment ng mga sundalo sa barangay. (Ang salaysay na ito ay umaayon sa datos ng insidente na binigay ng AFP. Ayon sa mga rekord ng AFP, sa panahon mula 2000 hanggang sa kasalukuyan, tumindi ang sagupaan sa pagitan ng AFP at NPA sa hilaga nito (sa mga munisipalidad ng Cuyapo, Lupao, at Umingan, ngunit laluna sa Carranglan) at sa timog-kanluran (sa paligid at sa Lungsod Tarlac mismo). Ang mga lugar na ito ay 15 hanggang 30 kilometro ang layo mula sa Barangay Culong. Ang pinakamalalapit na lugar na nakakita ng mga aktwal na armadong enkwentro sa pagitan ng AFP at NPA ay ang Barangay San Pascual, Sto. Domingo, Nueva Ecija (Pebrero 2000) at Barangay Gabaldon, Lungsod Muñoz, Nueva Ecija (Hulyo 2003), bagamat walang nasawi sa mga ito. Naitala ring hininto ng NPA ang isang behikulo para iligtas ang mga detenidong myembro ng NPA sa isang kalapit barangay noong Hulyo 2005. Ang tanging insidenteng inirekord ng AFP na nangyari sa Barangay Culong ay kaugnay sa pagpatay kay July Vasquez na natalakay sa itaas. (CD labeled "Reference Materials on Unexplained Killings" [CD

na tinatakan ng “Sanggunian ng mga Materyal sa mga Di Maipaliwanag na Pagpaslang] (2007)” na binigay ng AFP kasama ang iba pang mga dokumentong nag-aambag sa “kronolohiya ng mga [kaugnay sa NPA] na mararahas na insidente” mula 2000 hanggang 2006; lumalabas na di kumpleto ang datos para sa 2006.))

25. Ang Sistema ng Depensa ng Barangay ay tinayo 20 metro mula sa bahay ni G. Ayunga. Ang tigilan ng bus ay ginawang BDS, binakuran ng mga bag ng buhanging limang patong ang taas at pininturahan ng berde, na parang *camouflage*. (Binigyan din ako ng mga litrato ng iba’t ibang mga BDS na pwesto.) Pinipilit ang lahat ng tao sa barangay na lumahok sa BDS, at nagbubuo ng isang skedyul para dito. Karaniwan, mga lalaki lamang ang lumalahok, ngunit kapag di sila makasama, kailangan ang asawa, at kung hindi, ang mga anak. Nanumpa ang mga lumahok, ngunit di sila nakatanggap ng pagsasanay. Armado ang BDS ng mga kumpiskadong baril. Iniipon ang mga kontribusyon mula sa bawat kasambahay para sa kape at pangmeryenda ng mga taong nagtatrabaho sa BDS. Nagbigay din ang testigo ng mahabang testimonya tungkol sa pagtatag at pagkilos ng mga detatsment at pamamaraan ng pagmamanman, ang ilan dito ay inilarawan sa pangunahing texto ng report na ito.

26. Dahil nakaligtas siya, di na inimbestiga ng Task Force Usig ang kaso ni James Ayunga. Di rin nito sinama ang kaso ni July Vasquez sa saklaw nitong gawain sa batayang mayroong (di tinukoy) “ibang motibo” sa likod ng pagpatay sa kanya. (Annex E ng “Task Force Usig” dokumento na binigay ng Gobyerno.

Mga Biktima ng Davao Death Squad

27. Ang sumusunod na talaan ay nagsusuri ng ilang susing mga elemento ng 7 sa mga kaso. Para dito, nag-interbyu ako ng mga testigo o mga myembro ng mga biktima ng Davao Death Squad (DDS). Di ko sinama dito ang ilang mga kaso sa mga dahilang di sapat ang impormasyon o ang mga pagpatay ay mukhang resulta ng mga personal na sama ng loob.

Kaso	**Maliwanag na dahilan sa pagpatay**	**Mga naunang babala**	**Pagkilos ng mga *hit men***	**Oras at lugar ng pagpatay**
1	Pinagkamalang identidad	Nabigyan ng babala ang ina na ang isa sa mga kaibigan ng kanyang anak na lalaki ay di dapat pumunta sa kanila dahil siya ay “nasa listahan”.	Dalawang lalaki sa motorsiklo ay bumaba, pumasok sa bahay at binaril sila (walang mga bonete).	Sa bahay, sa umaga
2	Maliit na pagnanakaw	Sa kanyang programa sa radyo, sinabi ng mayor na nagdududa siyang magtatagal pa ang buhay ng biktima ng isang linggo dahil sa kanyang (maliit na) pagnanakaw. Bago nito, sinabihan ang biktima ng isang myembro ng konseho ng	Tatlong lalaki ang humabol sa biktima sa kalye at bumaril sa kanya (walang mga bonete)	Sa lansangan, sa umaga

		barangay na lisanin ang Davao. Hiwalay na sinabihan ang kanyang ina na dapat ingat-tago na ang kanyang anak na lalaki dahil siya na ang sunod na papatayin.		
3	Napawalang-saysay ang kaso ng pagpatay laban sa kanya ngunit iniisip pa rin ng pulis na siya ang responsable.	Sinabihan ng opisyal na pulis ang kapatid na lalaki ng biktima na siya (ang biktima) ay dadamputin.	Samantala sa labas, may isang taong umakbay sa kanya at sinaksak siya. (walang bonete)	Sa lansangan, sa hapon
4	Di maliwanag.	Di siya personal na nakatanggap ng babala, ngunit isang kaibigang kasama niya ay nauna nang nakatanggap ng babala mula sa kapitan ng barangay na dapat na siyang lumisan dahil siya ay target.	Dalawang lalaking nakamotorsiklo ang sumunod sa kanya, bumaba at sinaksak siya. (walang mga bonete)	Sa lansangan, sa harap ng istasyon ng pulis, sa gabi
5	Akusado ng maliit na pagnanakaw (cell phone)	Sinabihan ng opisyal ng pulis ang kanyang ina na papatayin ang biktima.	Sinaksak siya ng isang lalaki at pinatay. (Di ko naklaro kung nabatid na ang salarin ay may suot na bonete.)	Sa palengke, sa gabi
6	Paghugas ng kotse	Mga dalawang linggo bago pinatay, isang lalaki ang nagbabala sa biktima na tigilan na ang paghugas ng kotse dahil ito ay pangit tingnan. (Ang biktima ay naghuhugas at nagbabantay ng mga kotse na nakaparke sa isang establisamyento at pagkatapos ay humihingi ng bayad kapag bumalik na ang mga may-ari. Ang	Isang motorsiklo na lunan ang drayber at isang pasahero ay tumigil sa tabi niya habang siya ay nagtatrabaho. Bumaba sa motorsiklo ang pasahero, lumakad papuntang biktima, at sinaksak siya sa dibdib. (walang mga bonete)	Sa lansangan, sa hapon

		kanyang abilidad sa ganitong pagnenegosyo ay kung minsan pinasasalamatan at kung minsan naman ay hindi.) Sinabi ng lalaki na kapag di siya tumigil, gagawin nila siyang ehemplo.		
7	Iba't ibang maliliit na pagnanakaw	Nagbabala sa ina ang pulis ng barangay na isusunod na siya. Nagbabala ang opisyal ng pulis na siya ay nasa "order of battle".	N/A: Sa panahon ng aking pagdalaw, di pa siya pinapatay.	N/A

Alice Omengan-Claver at Constancio Claver

28. Ang mga kasong ito ay nagpapakita ng kasalimuotan ng pagkakasangkot ng PNP at ng mga prosekutor sa mga kontra-insurhensyang pagsisikap ng Gobyerno.

29. Noong 31 Hulyo 2006, sina Alice Omengan-Claver at Dr. Constancio Claver ay paulit-ulit na binaril; pumanaw si Alice sa araw ding iyon. Ang kanyang kamatayan at ang mga banta sa buhay ni Dr. Constancio Claver ay mas mauunawaan sa kontexto ng kanilang pakikisangkot sa komunidad at ng iba pang kaganapan.

30. Dating tauhan ng Cordillera People's Alliance sa Manila si Alice. Isa siyang tagapagtaguyod ng Bayan Muna. Isa rin siyang opisyal ng Parent-Teachers-Community Associations ng mga eskwelahan ng kanilang mga anak. Isang *surgeon* at pamilyang manggagamot si Constancio. Tinayo niya ang Community Health Concerns for Kalinga na nagtatag ng mga programang pangkalusugan sa 17 na mga barangay sa Kalinga. Tagapangulo siya ng Bayan Muna-Kalinga, at Pangalawang tagapangulo ng Cordillera People's Alliance-Kalinga Chapter, Tagapangulo ng Board of the Philippine Red Cross-Kalinga, myembro ng Kalinga Medical Society, at myembro ng Philipping Academy of Family Physicians. Sa kabila ng kamakailan lamang na mga pahayag ng mga opisyal, ang aking pag-unawa ay nagpahayag sina Alice at Constancio na di sila kailanman naging myembro ng NDF.

31. Sa Marso 2006, naging bagong pamprobinsyang komander ng PNP-Kalinga si Pedro Ramos. Bago nangyari ang pagsalakay kina Alice at Constancio, mayroon nang 16 na di lutas na mga pagpaslang sa panahong nanunungkulan na si Ramos.

32. Ayon sa isang pinagkunan, ang pamprobinsyang Inter-Agency Legal Action Group (IALAG) ay nagdaos ng pulong na nilahukan ng mga ahensyang pang-seguridad at intelihensya ngunit walang partisipasyon ng prosekutor.

33. Sa 8 Hunyo 2006, si Rafael "Markus" Bangit, Pangalawang Tagapangulo ng Bayan Muna-Kalinga Chapter at matalik na kaibigan nina Alice at Constancio, ay pinaslang ng mga di kilalang mananalakay na nakasakay sa isang van sa Echague, Probinsya ng Isabela, rehyon ng

Cagayan Valley. (Ang mga probinsya ng Echague at Kalinga ay nagsisilbing hangganan ng isa't isa.)

34. Di kalaunan, sa *summer* ding iyon, *live* na iniinterbyu si Constancio sa Radyo Natin tungkol sa mga pananaw ng Bayan Muna sa isyu ng pagbabago ng Konstitusyon. Habang nagpapatuloy ang interbyu, nakatanggap si Alice ng isang *text message* na nagsasabing tila di nag-aalala sa iyo o sa inyong mga anak "ang doktor".

35. Apat na araw bago sa pagsalakay, pinaskilan ang paggamutan ni Constancio ng anti-NPA na mga polyetong katulad ng mga ginagamit ng militar para patunayan na nagsasagawa ng purgahan ang NPA.

36. Bandang 6:45 ng umaga sa 31 Hulyo 2005, minamaneho nina Alice at Constancio ang kanilang mga anak na babae sa kanilang mga eskwelahan sa Barangay Bulanao, Lungsod Tabuk, Probinsya ng Kalinga, Cordillera Administrative Region. Pagkatapos ibaba ang isang anak, nilampasan ang kanilang kotse ng isang van na madilim ang kulay at dalawang armadong lalaki ang nagpaputok sa *windshield* nito. Tinadtad ng maraming bala sina Alice at Constancio. Nadaplisan lamang ang kanilang anak na babae. Tinakbo ang mag-asawa sa Kalinga Provincial Hospital sa Bulanao. Batay sa report, tinangka ni Ramos na pasukin ang *surgical area*, at nagsabing nais lamang niyang "makita kung buhay pa sila." Ngunit pinigilan siyang pumasok. Tuluyang namatay si Alice sa araw ding iyon.

37. Bandang alas siete ng umaga, habang ginagamot sila sa ospital, iniulat na sa radyo istasyong DZRH na pinatay silang dalawa. 8:06 n.u., nag-ulat sa radyo si Ramos kay General Raul Gonzales ng Cordillera Regional Police Command na si Constancio ay "myembro ng NDF, Klg Baggas". 8:15 n.u., nahuli si Gonzales na nagsasabi sa media na, "si Claver ay pinaghihinalaang myembro ng National Democratic Front".

38. Tumakas ang van patungo sa hangganan ng Kalinga-Cagayan Valley at Lungsod Tuguegarao. Sa daang ito, may tatlong tsekpoynt ang AFP at PNP. Di kailanman tinawagan ang mga tsekpoynt na hintuin ang van. Pagkaraan, sinasabing nagpaliwanag si Assistant Police Director Hoover Coyoy sa kaligtaang nangyari sa pamagitan ng pagdadahilang "wala kaming *load*" sa *pre-paid* na mga *mobile phone.* Sa katunayan, isang kotse ng pulis ang humabol sa van, pero pinabalik ito.

39. Humigit-kumulang isang buwan pagkatapos, pinabalik si Ramos sa pambansang himpilan *(national headquarters)* ng PNP at Kampo Crame. Pinalitan siya ni Col. Damian bilang hepe ng pulis. Isang buwan pagkaraan, pinalitan naman si Col. Damian ni Romeo Abaring.

40. Noong 22 Setyembre 2006, nagsampa ang Task Force Bulanao ng kaso sa prosekutor laban kay Police Officer Jessie Caranto na siyang *bodyguard* at tagamaneho ni Ramos.

41. Noong 28 Setyembre 2006, dinisarmahan ng pulis sa ilalim ng komand ni Capt. Domallig na hepe ng isang PNP substation, ang CIDG na mga myembro ng Task Force Bulanao. Pinigil sila ng humigit-kumulang na 9 na oras. Di naglaon, dumating si Ramos at nag-utos ng pagtatayo ng mga tsekpoynt para hulihin muli sila, bagamat nabigo ito.

42. Pagkaraan, binawi ng mga testigo ang kanilang mga pahayag.

43. Hinigpitan ng PNP ang paggalaw nina Ramos at Caranto sa loob ng 90 araw. (Mukhang pinigil si Caranto sa pambansang himpilan ng PNP sa Kampo Crame.)

45. Pinili ng Provincial Prosecutor's Office ng Kalinga na huwag lumahok sa kaso at inilipat ang kaso sa Regiional Prosecutor's Office. Noong 10 Enero 2007, pinawalang-saysay ang kaso dahil sa kakulangan ng ebidensya.

46. Nagpatuloy ang mga banta laban kay Constancio pagkatapos ng insidente.

47. Noong 2 Agosto 2006, nakatanggap si Constancio ng isang *text message*, "May *clearance* ang tangkang pagpatay kay Dr. Claver kaya sabihin sa mga kapamilya na huwag silang magtiwala sa mga kapulisan dyan."

48. Sa unang linggo ng Enero 2007, nakatanggap ang mga myembro ng Kalinga Medical Society ng mga *text message* na nagsasabing, "Pakisabi kay Dr Claver na mag-ingat dahil hindi siya titigilan, at may plano pang gamitin ang mga bata. Hindi ko na uulitin ang pag-*contact* sa inyo dahil baka mahalata ako".

49. Pagkatapos ibrodkast ng Radio Natin ang isang interbyu kay Constancio, nakatanggap ang *management* ng istasyon ng *text message*, "Pakisabi po sobrang tapang ni Dr. Claver. At pati kayo, nakikiuto. Ingat lang kayo diyan taga Radio Natin. Kayo ang isusunod namin!"

50. Sa mga nakalipas na buwan, may mga "pasingaw" mula sa AFP sa lokal na media na nagpapahiwatig na natagpuan ang pangalan ni Constancio sa "mga nahuling ledyer na materyal" ng NPA na nagtatala ng kanyang mga donasyon.

51. Nagpasya ang Task Force Usig na ang kaso ni Alice Omengan-Claver ay di saklaw ng kanilang tungkulin sa batayang mayroong (di tinukoy) "ibang motibo" sa likod ng kanyang pagkapaslang. (Annex E ng "Task Force 'Usig'" dokumento na binigay ng Gobyerno.)

52. Pinamamahalaan ng Task Force Usig ang kaso ni Rafael Bangit. Nag-ulat ito na ang kaso ay "napapailalim sa imbestigasyon" at "Ang mga resulta ng *ballistics/exam* na paghahambing na ginawa ng *Crime Lab* ay nagpapakita na ang nagamit na bala at mga punglo ng Cal. 45 na nakuha sa eksena ng Castillo sa Echague at Bangit sa San Isidro, kapwa ng Isabela, ay mula sa parehong baril. Nagpapahiwatig ito na ang mga salarin sa dalawang krimen ay parehong mga tao." Patungkol sa kaso ni Madonna Castillo y Lucban, inulat ng Task Force Usig na siya ay "napatay ni Armando Inong at Justin/Rio at John Doe, myembro ng SYP1 SECOM, Central Front, CVRC [i.e., Samahang Yunit Pampropaganda1, South Eastern Command, Central Front, Cagayan Valley Regional Committee of the NPA]" at ang "motibo ay linisin ang hanay ng mga myembro ng partido. Naniwala ang mga CT [mga komunistang terorista] na ang biktima ay naging informant ng militar." Ang kaso laban sa sinasabing pumatay kay Castillo ay inulat na isinampa noong 24 Agosto 2006 (Annex PRO2 ng "Task Force 'Usig' Synopsis" (Buod ng Task Force 'Usig'), dokumentong binigay ng Gobyerno.)

53. Ang report ng NDFP Nominadong Seksyon ng Pinagsamang Sekretaryat ng JMP ay nagtatalakay sa reklamong pinadala sa JMC laban sa NDF para sa kaso ni Castillo. Pinangatwiran nito, *inter alia* (kasama ng iba pang bagay), na "Binabanggit sa balita sa peryodiko ang deklarasyon ng biktima bago siya nabawian ng buhay dahil sa natamo niyang mga

sugat. Pinangalanan niya ang mga sumalakay sa kanya habang kaharap ang mga media praktisyuner at nakuha ang kanyang pahayag sa teyp. Madali itong pagtibayin sa pamagitan ng walang kinikilingang imbestigasyon ng insidente. . . . Di man lang isinaalang-alang ang salaysay ng biktima bago siya pumanaw na ang sumalakay sa kanya ay mga myembro ng 502 Infantry Brigade ng Philippine Army, sinara ng pulis ang imbestigasyon." "The Lies of GRP Officials on Extrajudicial Killings: Study by NDFP MC-JS of Twenty-Three (23) Complaints for Extrajudicial Killings Submitted to the GRP-NDFP Joint Monitoring Committee (JMC) that President Gloria Macapagal Arroyo, Task Force Usig and General Hermogenes Esperon are Blaming on the NDFP" [Ang mga Kasinungalingan ng mga GRP Opisyal sa Extrahudisyal na Pagpaslang: Pag-aaral ng NDFP MC-JS ng Dalawampu't tatlong (23) Reklamo sa Extrahudisyal na Pagpaslang, Isinumite sa GRP-NDFP Joint Monitoring Committee (JMC) na Binibintang sa NDFP nina Presidente Gloria Macapagal Arroyo, Task Force Usig at Heneral Hermogenes Esperon]" (NDFP Komite sa Karapatang Pantao. 19 Pebrero 2007)).

54. Tinuturing kong saklaw sa mandato ng Task Force Usig ang mga kaso nina Alice Omengan-Claver, Rafael Bangit, at Madonna Castillo y Lucban at lahat ng mga ito ay kailangan ng dagdag na imbestigasyon.

Appendix B

PROGRAMA NG PAGDALAW

1. Dumalaw ako sa Pilipinas sa imbitasyon ng Gobyerno mula 12 hanggang 21 Pebrero 2007. Malaking bahagi ng aking dalaw ay ginugol ko sa Manila, Baguio, at Davao.

2. Nakipagkita ako kay Presidente Gloria Macapagal-Arroyo, sa Ehekutibong Sekretaryo, at sa mga myembro ng kanyang gabinete, kasama ang mga Sekretaryo ng Justice, Defense at Foreign Affairs. Nakipagkita rin ako sa Undersecretary ng Department of Interior and Local Government, National Security Adviser, Presidential Adviser on the Peace Process, Executive Director ng Presidential Human Rights Committee, at sa tagapangulo at mga myembro ng Komisyong Melo (hinirang ng Presidente para imbestigahan ang "mga pagpaslang sa media at mga aktibista"). Sa maraming pagkakataon, nakipagkita rin ako sa mga myembro ng kanilang mga tauhan at sa mga mas mababang ahensyang ilan lang ang aking maililista.

3. Sa Philippine National Police (PNP), nakipagkita ako sa komander na namumuno ng Task Force Usig, ang grupong namamahala sa imbestigasyon ng mga pagpatay sa mga aktibistang leptis at mamamahayag, sa Police Chief Superintendent, sa Inspector General (pinuno ng Internal Affairs Service), sa hepe ng PNP sa Distrito ng Davao, sa mga rehyunal na pinuno ng Task Force Usig sa Baguio at Davao. Mula sa Department of Justice (DOJ), nakipagkita ako sa Chief State Prosecutor, mga City Prosecutor ng Baguio at Davao, sa pinuno ng programang proteksyon para sa mga testigo sa Baguio, sa pinuno ng National Bureau of Investigation (NBI), sa pinuno ng NBI sa Baguio, at sa pangalawang pinuno ng NBI sa Davao. Mula sa Armed Forces of the Philippines (AFP) nakipagkita ako sa Chief of Staff, maraming nakatataas na mga staff officers, at sa mga lokal at rehyunal na komander sa Baguio at Davao. Nakipagkita rin ako sa Mayor ng Davao na si Rodrigo Duterte.

4. Nakipagkita ako sa mga susing tao mula sa ibang sangay ng Gobyerno, kasama ang Chief Justice ng Korte Suprema, Reynato Puno, sa Tagapangulo ng Komite ng Senado sa Katarungan at Karapatang Pantao, Juan Ponce Enrile, at sa Tagapangulo at anim na myembro ng Komite sa Karapatang Pantao ng Kamara ng mga Representante. Nakipagkita ako sa Tagapangulo ng Komisyon sa mga Karapatang Pantao (CHRP), Purificacion Quisumbing, at sa dalawang iba pang komisyuner at gayundin sa mga tauhan ng mga rehyunal na opisina nito sa Baguio at Davao. Nakipagkita ako sa Ombudsman na si Merceditas Gutierrez at sa dalawang deputy Ombudsmen.

5. Kaugnay sa sari-saring mga prosesong pangkapayapaan, nakipagkita ako sa Tagapayo ng Presidente sa Prosesong Pangkapayapaan, sa kanyang deputado at mga tauhan, sa mga myembro ng Panel ng Gobyerno para sa negosasyon sa National Democratic Front (NDF), sa sekretaryat ng NDF-nominadong seksyon ng Joint Monitoring Committee (JMC), sa Sekretaryo-Heneral at Pangalawang Tagapangulo ng Moro National Liberation Front (MNLF), at sa pinuno ng sekretaryat ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) Coordinating Committee on the Cessation of Hostilities (CCCH). Nakipagkita rin ako sa Pinuno ng Misyon ng International Monitoring Team (IMT). Nakapanghihinayang na di ko napalawak ang aking itineraryo para tanggapin ang paanyaya ng National Democratic Front (NDF) na magpulong sa Utrecht; gayunpaman, nakausap ko sa telepono ang Tagapangulo ng NDFP Negotiating Panel, Luis Jalandoni at ang NDFP Chief Political Consultant, Jose Maria Sison.

6. Nakipagkita ako sa maraming myembro ng diplomatikong komunidad.

7. Nakipag-usap ako sa mga myembro ng malaking bilang ng mga organisasyong lipunang sibil na kumakatawan ng mga magkakaibang pananaw. Kasama dito ang mga organisasyong kasapi kapwa ng Karapatan at ng Philippine Alliance of Human Rights Advocates (PAHRA), at gayundin ng Free Legal Assistance Group (FLAG), Peace Advocates for Truth, Healing and Justice (PATH), at iba pang mga organisasyon sa karapatang pantao. Nakipag-usap rin ako sa mga unyonista at mga representatibo ng mga organisasyong nakalaan sa proteksyon ng mga mamamahayag, at ang hanay ng iba pang mga organisasyong lipunang sibil.

8. Nag-interbyu ako ng mga testigo sa 57 insidenteng may kinalamang sa 96 extrahudisyal na exekusyon. (Ang ilang testigo ay nakasaksi ng exekusyon mismo; ang iba'y nakapagtibay sa mga naunang pangyayari, tulad ng mga banta, o sa kasunod na mga tugon ng mga awtoridad sa pagpapatupad ng batas at iba pa.) Nakipag-usap din ako sa mga testigo ng iba pang 12 na insidenteng di kaugnay sa mga extrahudisyal na exekusyon. Nakatanggap ako ng mga dokumento ng mga kaso tungkol sa kabuuang 271 extrahudiysal na exekusyon at ilan pang ibang insidente.

9. Sa lahat ng mga taong aking nakatagpo, malaki ang aking pasasalamat sa tulong na kanilang ibinigay. Utang-na-loob ko sa United Nations Resident Coordinator, Nileema Noble, at sa United Nations country team ang kanilang napakahusay na pag-aayos ng aking dalaw. Nagpapasalamat din ako sa mga representatibo ng lipunang sibil na nag-ayos ng aking mga interbyu sa mga biktima at testigo at nagbigay sa akin ng napakaraming dokumentasyon at mga ulat. Di ako sigurado hanggang saan nais ng mga indibidwal at mga organisasyong magtawag pansin sa tulong na kanilang inilaan, at alinsunod dito, hinayaan ko na lamang magkamali sa panig ng maingat na pagpasya kaysa magbigay ng pagkilala. Panghuli, malaki ang pasasalamat ko sa lubos na kooperasyong binigay ng Gobyerno. Nagawa kong makipagpulong sa lahat ng mga opisyal na aking hinilingan ng pulong. Nabigyan din ng maagap at simpatetikong konsiderasyon ang aking maraming hiling para sa mga dokumento.

……

TUNGKOL SA PAGSASALING ITO

Pagsasalin ito sa Filipino ng report ng United Nations Special Rapporteur sa mga pagpaslang na extrahudisyal, biglaan o walang dahilan, Philip Alston, sa kanyang pagdalaw sa Pilipinas noong 12-21 Pebrero 2007.

Kinumisyon ang di opisyal na pagsasaling ito ng Proyekto sa mga Extrahudisyal na Exekusyon ng Center for Human Rights and Global Justice, New York University School of Law. Hindi isang dokumento ng United Nations ang pagsasaling ito. Mga elektronikong kopya ng pagsasaling ito at ng orihinal at tanging opisyal na bersyon ay makukuha sa web site ng Proyekto sa http://www.extrajudicialexecutions.org/

ABOUT THIS TRANSLATION

This is a translation into Filipino of the report of the United Nations Special Rapporteur on extrajudicial, summary or arbitrary executions, Philip Alston, on his visit to the Philippines from 12 to 21 February 2007.

This unofficial translation was commissioned by the Project on Extrajudicial Executions of the Center for Human Rights and Global Justice, New York University School of Law. This translation is not a United Nations document. Electronic copies of this translation and of the original and only official version are available on the Project's web site at http://www.extrajudicialexecutions.org/